

BASA PILIPINAS

GABAY SA PAGTUTURO

NG FILIPINO

UNANG BAITANG

YUNIT 2

HULYO 2014

Ang materyal sa pagtuturo na ito ay nabuo sa tulong ng mga Mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng United States Agency for International Development (USAID). Ang mga nilalaman ng materyal na ito ay nasa sariling pananagutan ng Education Development Center, Inc. (EDC) at hindi sumasalamín sa mga pananaw ng USAID o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

Unang Baitang Yunit 2**Gabay sa Pagtuturo ng Filipino****First Edition, 2014**

Inilathala ng U.S. Agency for International Development (USAID)

Binuo ng USAID/Basa Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon

Technical Director: Dr. Nancy Clark-Chiarelli**Mga Manunulat: Cecilia Ochoa, Beatriz Davalos, Jovilyn Balacdao, at Sarah Diaz****Mga Tagasuri: Angelika Jabines, Education Program Specialist****DepEd - Bureau of Elementary Education****Paolo Paculan (nilalaman)****Genaro Gojo Cruz at Jomar Empaynado (wika)****Mga Nag-layout: Melissa Evora at Harry James Creo**

Ang karapatang-sipi ng mga akda o materyales gaya ng kuwento, awit, tula, mga larawan, tatak, trademark, at iba pa, na ginamit sa materyal na ito ay taglay ng kani-kanilang mga may-ari. Upang magamit ang mga akdang ito, pinagsikapang mahanap at humingi ng pahintulot mula sa mga may karapatang-ari. Hindi inaangkin ng tagapaglathala at may-akda ang karapatang-ari ng anuman sa mga akdang ito.

Ang mga piling kuwento mula sa Adarna House at Tahanan Books ay ginamit nang may pahintulot sa mga tagapaglathala nito.

Walang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ipadala sa anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopy, o anumang sistema ng impormasyon nang walang pahintulot sa tagapaglathala.



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

LIBRENG KOPYA. HINDI IPINAGBIBILI.**Inilimbag sa Pilipinas****Basa Pilipinas Program**

Office Address: 3/F L. Orosa Building, 1010 Meralco Avenue, Pasig City

Telephone: +63 (02) 631-1970; 631-1871

E-mail Address: basatgteam@gmail.com

TALAAAN NG NILALAMAN

ARALIN 11	1
Lingguhang Gabay	2
Mga Aralin.....	6
ARALIN 12	23
Lingguhang Gabay	24
Mga Aralin.....	28
ARALIN 13	43
Lingguhang Gabay	44
Mga Aralin.....	48
ARALIN 14	65
Lingguhang Gabay	66
Mga Aralin.....	70
ARALIN 15	87
Lingguhang Gabay	88
Mga Aralin.....	92
ARALIN 16	109
Lingguhang Gabay	110
Mga Aralin.....	114
ARALIN 17	129
Lingguhang Gabay	130
Mga Aralin.....	134
ARALIN 18	151
Lingguhang Gabay	152
Mga Aralin.....	156
ARALIN 19	173
Lingguhang Gabay	174
Mga Aralin.....	178

ARALIN

11

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG AKING PAARALAN AT MGA KAIBIGAN**KUWENTO: SAMPUNG MAGKAKAIBIGAN**

LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG FILIPINO YUNIT 2, ARALIN 11

Tema: Ang Aking Paaralan at Mga Kaibigan

Kuwento: *Sampung Magkakaibigan*

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan
1	PL	<ul style="list-style-type: none"> F IPL-0a-j-2 Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwentong <i>Sampung Magkakaibigan</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F IPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwentong <i>Sampung Magkakaibigan</i>
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> F IPN-IIa- 3 Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwentong <i>Sampung Magkakaibigan</i>
	AL	<ul style="list-style-type: none"> F IAL –IIc-2 Natutukoy ang pamagat, may-akda, tagaguhit ng aklat o kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Sampung Magkakaibigan</i>
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> F IPS-IIa-2 Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salitang pananong: ano, sino, bakit, kailan, paano, ilan
	PN	<ul style="list-style-type: none"> F IPN-IIa-3 Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwentong napakinggan 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Sampung Magkakaibigan</i>
4	PL	<ul style="list-style-type: none"> F IPL-0a-j-2 Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Mapa
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F IEP-IIe-2 Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa 	<ul style="list-style-type: none"> Mapa ng silid-aralan

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap gamit ang dalawang bagong salitang kanilang natutunan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbuo ng mga pangungusap gamit ang dalawang bagong salitang kanilang natutuna
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng mga bagong salita mula sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga bagong salita mula sa kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng mga tanong tungkol sa kuwentong binasa sa mga mag-aaral Pagbibigay ng panuto para sa gawain ng mga mag-aaral 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kuwentong napakinggan Pagguhit ng larawan tungkol sa kuwentong napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng pabalat ng libro at pagtalakay sa pamagat, may-akda at taga-guhit nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa pamagat, may-akda at tagaguhit ng kuwento Pagbibigay ng prediksiyon tungkol sa kuwento batay sa pamagat at larawan na makikita sa pabalat ng libro
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pag-uugnay ng mga salitang pananong sa Filipino sa mga salitang pananong sa Mother Tongue Paggabay at paghikayat sa mga mag-aaral sa pagtatanong tungkol sa larawan mula sa kuwentong binasa gamit ang mga salitang pananong 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng mga salitang pananong sa Filipino at pag-uugnay ng mga ito sa salitang pananong sa Mother Tongue Pagbibigay ng tanong tungkol sa larawang mula sa kuwentong napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagsagot sa mga tanong na kanilang ibinigay 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong ng ibinigay ng mga kamag-aral tungkol sa mga larawan mula sa kuwentong napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay at paghikayat sa mga mag-aaral sa paglalahad tungkol sa konseptong kanilang napag-aralan 	<ul style="list-style-type: none"> Paglalahad tungkol sa konseptong napag-aralan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa paggamit at pagbibigay kahulugan sa isang simpleng mapa 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kanilang puwesto sa loob ng silid-aralan gamit ang isang simpleng mapa

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
5	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIa-I Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Awit: Kumusta
	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIa- 3 Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Sampung Magkakaibigan</i>
	PU	<ul style="list-style-type: none"> FIPU-II a-I.11: c 1.2; 1.2a Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra. Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwentong <i>Sampung Magkakaibigan</i>

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral;
KP – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan;
PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtuturo sa mga mag-aaral sa pagkanta ng awiting “Kumusta” 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkanta sa awiting “Kumusta”
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbasang muli sa kuwento at pagbibigay ng tanong tungkol dito 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwentong muling napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> • Pagsasanay sa mga mag-aaral sa pagporma ng mga letra at salita na nakasulat sa pisara 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkopya sa ilang mga salita mula kuwentong napakinggan

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPL-0a-j-2** Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha, ugnayang salita-larawan

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng maikling personal na karanasan sa klase. Magbigay ng maikling paliwanag kung ano ang gagawin sa bahaginan at ipakita o magbigay ng halimbawa para sa kanila kung paano ito gagawin.



Sabihin: *Upang gumaling tayo sa paggamit ng wikang Filipino, gamitin natin ito nang madalas. Araw-araw, may ilan sa inyo na tatawagin ko para magbahagi ng maikling pangungusap tungkol sa isang tema at paksa. Ang tema natin sa linggong ito ay “mga kaibigan.” Ang paksa naman ay “ang mga ginagawa ko kasama ang aking mga kaibigan.”*

Sisimulan ko ang bahaginan upang magbigay ng halimbawa. Noong bata pa ako, ang mga kaibigan ko ay ang aking mga kaklase. Mahilig kaming maligo sa ulan at maglaro ng patintero.

Kayo naman ang magbahagi ng inyong karanasan. Sino ang inyong kaibigan? Ano ang madalas ninyong gawin kapag magkasama kayo? Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na sinulat ko rito sa papel/ pisara. Babasabin ko para sa inyo:

Si _____ ang aking kaibigan. Kapag magkasama kami, mahilig kaming _____.

Tumawag ng 2-3 bata para magbahagi ng kanilang karanasan. Gawin ito araw-araw hanggang sa lahat ng mag-aaral sa klase ay natawag na.



KAGAMITAN

Halimbawang pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

PAALALA SA GURO

Ito ang unang araw ng pag-aaral ng wikang Filipino para sa mga mag-aaral. Ipanatag ang loob ng mga bata: sabihing ang mahalaga ay subukan nilang gamitin ang wikang ito, kahit pa may mga pagkakamali paminsan-minsan. Natural lamang na magkamali kapag sumusubok ng anumang bago. Ipaalala sa kanila na marami sa mga kakayahan at konsepto na natutuhan nila sa Mother Tongue ay magagamit din nila sa pakikinig, pag-iisip, at pagsasalita sa wikang Filipino. Ang pangunahing kaibahan ay nasa talasalitaan o bokabularyo na partikular sa bawat wika.

TALASALITAAN

2

TALAAN

Sa bahaging ito, susubukang tukuyin ng mga bata ang kahulugan ng mga salita batay sa kumpas o galaw, ugnayang salita-larawan, o konteksto ng pangungusap. Ilagay sa pisara ang listahan ng sumusunod na salita: *Koreano, kambal, tore, nasagi, pompiyang, pakiusap*

Sabihin: *Pansinin ninyo ang listahan ng salita sa pisara. Babasahin ko para sa inyo. Kung kaya na ninyong basahin ang ilan dito, maaari ninyo akong sabayan habang binabasa ko ang mga salita.* (Maaaring makadagdag sa nalalaman ng guro tungkol sa kakayanan ng bawat bata kung hahayaan niyang sumabay ang mga bata na nais sumubok magbasa ng salita sa pisara.)

- *Koreano*
- *kambal*
- *tore*
- *nasagi*
- *pompiyang*
- *pakiusap*

Mahalagang malaman natin kung ano ang ibig sabihin ng mga salita sa bagong wika para maintindihan at magamit natin ito. Mayroon akong babasahing mga pangungusap na gamit ang mga salita sa ating listahan. Habang binabasa ko ang pangungusap, pansinin ninyo ang aking galaw o ekspresiyon, o ang ibang salita sa loob ng pangungusap. Makatutulong ang mga ito sa pagtukoy kung ano ang ibig sabihin o ang kahulugan ng bawat salita. Matapos kong basahin ang bawat pangungusap, sasabihin ninyo sa akin kung ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salita sa listahan.

Pangungusap 1: Tinuro ng kaibigan kong **Koreano** ang pinagmulan niyang bansa dito sa mapa ng Asya.

Ano kaya ang ibig sabihin ng Koreano?



- Magpakita ng mapa ng Asya sa puntong ito. (Maaaring gawing batayan ang mapang ito: http://www.lonelyplanet.com/maps/asia/map_of_asia.jpg)

KAGAMITAN

1. Listahan ng mga salita: Koreano, kambal, tore, nasagi, pompiyang, pakiusap
2. Mga pangungusap na gamit ang salita sa listahan na nakasulat sa papel o pisara. Mapa ng Asya. Larawan ng magkapatid na kambal. Bote ng tubig.

BRIDGING

Naituro na sa Mother Tongue ang mga kasanayan sa pagtukoy sa kahulugan ng mga bagong salita. Tulungan ang mga bata na maiugnay ang mga ginagawa nila sa Mother Tongue upang makuha ang kahulugan ng salita at ang gagawin nila ngayon sa Filipino.

TALAAN



BRIDGING

Itanong sa mga bata kung may mga salita sa listahan na pareho sa salitang ginagamit sa kanilang Mother Tongue. Makatutulong ito sa mga bata upang maiugnay nila ang iisang bagay o konsepto sa iba't ibang wika.

Paano makatutulong itong mapa para maintindihan ang salitang Koreano? (Isang lalaking ipinanganak o nagmula sa bansang Korea).

- Ipakita naman ang larawan ng magkapatid na kambal habang binabasa ang pangungusap 2.

Pangungusap 2: Kahit **kambal** sina Richard at Raymond, magkaiba naman sila ng hilig at ugali.

Ano ang napansin ninyo dito sa magkapatid sa larawan? Sila ay kambal. Ano kaya ang ibig sabihin ng kambal? (Magkapatid na sabay na ipinagbuntis at ipinanganak ng isang ina.)

Pangungusap 3: Nagtayo ang komunidad ng matibay na **tore** na may 50 talampakan ang taas.

Ano ang mga salita sa pangungusap na nagpapahiwatig kung ano ang isang tore? (matibay, 50 talampakan, taas) Batay dito, ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salitang tore? Nakakita na ba kayo ng tore? Anong mga bagay ang alam ninyo na kasingtaas ng isang tore?

Pangungusap 4: **Nasagi** ko ang bote ng tubig na nakapatong sa mesa.

- Ipakita ang aksyon na ito gamit ang isang aktuwal na bote ng tubig.

Nakita ninyo ba ang nangyari sa bote ng tubig? Ano ang nangyari? Paano ito nabulog? Ano ang ibig sabihin ng salitang “nasagi” batay sa nakita ninyo?

Kayo naman ngayon—ipakita ninyo sa pamamagitan ng galaw o aksyon ang salitang “nasagi.” (Maglaan ng 1-2 minuto at pansinin kung nakasasagi ang lahat ng bata)

Pangungusap 5: Kung hihiramin mo ang libro ko, ang **pakiusap** ko lamang ay ingatan mo ito.

Ano kaya ang itsura o ekspresyon ng isang taong nakikiusap? (Maghintay ng sagot) Kapag ang isang tao ay nakikiusap, parang humibiling o nagmamakaawa ang kaniyang mukha, ekspresyon at galaw. Kapag may hinibiling kayo sa inyong nanay o tatay, ano ang ginagawa ninyo? Subukan ninyo ngang ipakita sa akin ang mukha o galaw ng isang taong nakikiusap? (Pansinin ang mga bata at tawagin para ipakita sa ibang bata ang sinumang may ekspresyon ng pakikiusap.)

O sige, ang pakiusap ko sa inyo ngayon ay ito: pakikingsap ninyo ang susunod nating pangungusap. Maaari na ba tayong makinig?

Pangungusap 6: Malalaman natin kung sino sa atin ang taya matapos natin maglaro ng **pompiyang**.

Mula sa pangungusap, ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salitang “pompiyang?” Tama, isa itong laro. Sino sa inyo ang gustong makipaglaro ng pompiyang sa akin? (Tumawag ng tatlong mag-aaral. Ipakita sa buong klase kung paano maglaro ng pompiyang. Ang naiiba ang posisyon ng kamay pagkabilang ng tatlo ang taya.) Sige nga, makipag-pompiyang kayo

sa mga katabi ninyo. Bibigyan ko kayo ng isang minuto. (Ibalik ang atensyon ng klase matapos ng isang minuto.)

TALAAN

GAWAING MAGKAPAREHA

3

Ipaalam sa mga bata na sila ay makikipagpares sa kanilang katabi. Pipili sila ng dalawang salita mula sa listahan at bubuo sila ng sarili nilang pangungusap. Maaari nilang pagsamahin sa isang pangungusap ang dalawang salita. Maaari din silang bumuo ng dalawang pangungusap—isa para sa bawat salitang napili. Bigyan ang mga bata ng limang minuto para mag-usap at gumawa ng pangungusap. Umikot sa silid-aralan habang nag-uusap ang magkapares at gabayan ang mga bata sa gawaing ito.

Matapos ang limang minuto, sabihin: *Handa na ba kayong sabihin ang inyong mga pangungusap? Tatawag ako ng ilang pares mula sa bawat hanay. Sabihin ninyo ng malakas ang salita na napili ninyo, at ang pangungusap na binuo ng inyong pares.*



Tumawag ng limang pares, isa mula sa bawat hanay. Pakinggan ang kanilang pangungusap. Kung kinakailangan, tulungan sila na ayusin ang pagkabuo ng kanilang pangungusap. Batay sa kanilang mga pangungusap, alamin kung aling salita ang tila hindi pa lubusang naintindihan. Tutukan ang mga salitang ito sa mga susunod na araw.

PAGTATAPOS

4

Sa bahaging ito, magsagawa ng mabilis na pagpupulso kung gaano kalinaw para sa mga mag-aaral ang aralin ngayong araw.

Sabihin: *Marami tayong pinag-aralang salita ngayong araw. Maaari ba ninyong ipakita sa akin, gamit ang inyong mga hinlalaki, kung sa palagay ninyo ay malinaw na malinaw na sa inyo ang ibig sabihin ng mga ito? Ituro pataas ang inyong hinlalaki (thumbs up) kung sa palagay ninyo'y lubusang ninyo nang naintindihan ang salitang: Koreano. Tore. Pakiusap. Nasagi. Pompiyang. Kambal. Bukas, makikita nating muli ang mga salitang ito.*



Alamin kung aling salita ang may pinakamarami at pinaka-kaunting thumbs up. Tutukan ng pansin sa susunod na araw ang mga salitang tila hindi pa lubusang naintindihan.

ARAW

2

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIa-3** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
- **FIAL-IIc-2** Natutukoy ang pamagat, may- akda, tagaguhit ng aklat o kuwento

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng personal na karanasan o impormasyon sa klase. Ipaalala sa kanila ang ginawang bahaginan kahapon. Matapos ibigay ang panggabay na pangungusap, tumawag ng 2-3 mag-aaral upang magbahagi ng kanilang karanasan.



Sabihin: *Kahapon, sinimulan natin ang araw sa pagbabahaginan ukol sa ating mga kaibigan. Itutuloy natin ang maikling pagbabahagi ukol sa paksang ito. Ang mga tatawagin kong bata ay maglalahad tungkol sa kanilang kaibigan at kung ano ang hilig nilang gawin. Sino ang inyong kaibigan? Ano ang madalas ninyong gawin kapag magkasama kayo? Maaari ninyong gamitin ang halimbawang sinulat ko rito sa papel/pisara. Babasahin ko para sa inyo:*

Si _____ ang aking kaibigan. Kapag magkasama kami, mahilig kaming _____.

Tumawag ng 2-3 bata para magbahagi ng kanilang karanasan. Gawin ito araw-araw hanggang sa lahat ng mag-aaral sa klase ay natawag na.

KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa pisara o manila paper



2

PAGHAHANDA PARA SA KUWENTO

a. **Paghawan ng Balakid**

Balikan ang listahan ng mga salitang pinag-aralan kahapon. Balikan ang bawat salita, at tumawag ng ilang bata upang ilahad muli ang pangungusap na binuo nila kahapon. Matapos ang pagbabalik-aral sa mga salita, banggitin na ang mga salitang ito ay maririnig muli nila sa kuwentong pakikitingan nila sa araw na ito.

KAGAMITAN

1. *Sampung Magkakaibigan*
2. Mga tanong tungkol sa kuwento na nakasulat sa manila paper o pisara



PAALALA SA GURO

Ginagamit ang mga tanong sa bahaging ito upang tulungan ang mga bata na gumawa ng prediksiyon o bumuo ng ideya ukol sa kuwento. Dahil ito ang unang pagkakataon na maririnig ng mga bata ang kuwento, mas mainam ang ganitong uri ng mga tanong kaysa sa mga tanong tungkol sa mga detalye. Sa susunod na pakikinig ng mga bata sa kuwentong ito (sa panglimang araw ng linggong ito) na lamang magtanong ukol sa detalye.

Sabihin: *Naaalala ninyo ba itong mga salita sa pisara? Babasahin ko ang mga ito. Koreano. Tore. Pakiusap. Nasagi. Pompiyang. Kambal.*

Kabapon, bumuo tayo ng mga pangungusap na gamit ang mga salitang ito. Sino ang nais maglabad ng kanilang pangungusap na gamit ang salitang Koreano?

(Tumawag ng isang bata para maglahad. Gawin ito para sa sumusunod na salita: Tore. Pakiusap. Nasagi. Pompiyang. Kambal.)

Maririnig muli natin ang mga salitang ito sa kuwento na babasahin ko ngayon. Ang kuwentong ito ay tungkol sa pakikipagkaibigan.

b. Pagganyak

Ano ang mga katangian na gusto ninyo sa inyong mga kaibigan?

c. Pagganyak na Tanong

Habang binabasa natin ang kuwento, alamin natin: Ano ang katangian ng bida sa simula o unang bahagi ng kuwento, at ano naman ang katangian niya sa pagtatapos nito?

d. Bago Basahin ang Kuwento

Ipakita sa mga mag-aaral ang pabalat ng libro/aklat.

Sabihin: *Ang pamagat ng ating kuwento ay ‘Sampung Magkakaibigan’ Ayon sa pamagat, tungkol saan kaya ang ating kuwento? Ano ang inyong nakikita sa pabalat ng libro? Ilan ang bata sa larawan? Bilangin nga natin.*

Ang ating kuwento ay isinulat ni Kristine Canon. Siya ang may-akda ng kuwento. Inilarawan naman ito ni Ruben de Jesus. Siya ang tagaguhit ng kuwento. Handa na ba kayong makinig?

TALAAAN

BRIDGING

Ipabatid sa mga mag-aaral na ang estorya (Sinugbuanong Binisaya) at istorya (Ilokano) ay tinatawag na kuwento sa wikang Filipino. Maaari rin gamitin ang istorya na tulad ng ginagamit sa Ilokano.

BRIDGING

Ituro sa mga mag-aaral na ang libro (Sinugbuanong Binisaya at Ilokano) ay maaaring gamitin sa Filipino. Ituro rin sa mga bata na ang libro ay maaari ring tawaging aklat.

TALAAN

3

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Ang mga sumusunod ay itatanong habang binabasa ang kuwento, sa takdang bahagi o pahina. Makatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-intindi at pakikinig ng bata sa kuwento.

Huminto sa p. 2



Pagkatapos basahin ang huling pangungusap sa pahinang

ito, sabihin: *Sabi ng kuwento, minsan ay hindi masayang kasama si Karlo. Ano kaya ang ginagawa niya at nasabi na hindi siya masayang kasama? (Matapos makasagot ang dalawang bata, sabihin: sige, tignan natin kung iyon nga ang ginagawa ni Karlo.)*

Huminto sa p. 5



Sabihin: *Ipakita ninyo nga sa akin kung paano umiling si Ben? Paano ba umiling? Kailan kayo umiling? Bakit kaya umiling at lumayo si Ben?*

Huminto sa p. 7



Sabihin: *Ano ang napapansin ninyo tungkol sa pananalita ni Karlo? Ano ang sinabi niya kay Susie? Ano naman ang sinabi niya kay Leo?*

Huminto sa p. 14



Sabihin: *Takang-taka raw si Karlo. May hindi masagot na tanong ang taong nagtataka. Bakit kaya nagtataka si Karlo? Ano kaya ang tinatanong niya sa kaniyang sarili sa bahaging ito?*

Huminto sa p. 18



Sabihin: *Naisip ni Karlo na maging mas mabuting kaklase. Ano kaya ang gagawin niya sa mga susunod na bahagi ng ating kuwento? (Maghintay ng sagot mula sa mga bata.) Sige, tignan natin kung paano magpapakabuti si Karlo.*

PAALALA SA GURO

Ginagamit ang mga tanong sa bahaging ito upang tulungan ang mga bata na gumawa ng prediksiyon o bumuo ng ideya ukol sa kuwento. Dahil ito ang unang pagkakataon na maririnig ng mga bata ang kuwento, mas mainam ang ganitong uri ng mga tanong kaysa sa mga tanong tungkol sa mga detalye. Sa susunod ma pakikinig ng mga bata sa kuwentong ito (sa panglimang araw ng linggong ito) na lamang magtanong ukol sa detalye.

PAGKATAPOS BASAHIN ANG KUWENTO

4

Talakayin ang kuwentong binasa.

Mga Tanong Tungkol sa Kuwento:

- Sino ang bida ng ating kuwento?*
- Bakit kaya ayaw nang makipag-laro ng kaniyang mga kaklase sa kanya?*
- Ano ang naramdaman ni Karlo nang hindi siya yayain ng mga kaklase niya?*
- Ano-ano ang kaniyang ginawa para maging kaibigan niya muli ang kaniyang mga kaklase?*

PAGGUHIT NG LARAWAN UKOL SA KUWENTO

5

Sabihin: *Kung ikaw si Karlo, ano ang iyong gagawin para maging kaibigan muli ang iyong mga kaklase? Idrawing ninyo ito sa inyong kuwaderno at ibahagi sa inyong katabi. Tatatawag ako mamaya ng ilang bata para ibahagi sa buong klase ang kanilang iginuhit.*



Matapos ang limang minuto, tumawag ng tatlong mag-aaral upang maglahad ng kanilang drawing sa buong klase.

Alternatibong paraan: Kung walang materyales ang mga bata, o kung hindi pa sila komportable sa pagguhit, maaari ring magbahaginan na lamang ang magkatabi. Tumawag ng ilang pares ng bata para maglahad ng kanilang napag-usapan sa buong klase.

PAGTATAPOS

6

Alamin kung ano ang pakiramdam ng mga bata tungkol sa nabasang kuwento.

Sabihin: *Gusto kong malaman kung gaano ninyo kagusto ang kuwento na binasa ko kanina. Kung hindi ninyo nagustuhan ang kuwento, ituro paibaba ang inyong hinlalaki. (thumbs-down) Kung gusto ninyo naman ang kuwento, ituro paitaas ang inyong hinlalaki. Bibilang ako ng tatlo. Sa bilang ng tatlo, itaas o ibaba ang inyong hinlalaki upang ipakita ang inyong opinyon tungkol sa kuwento. Pataas o pababa? 1-2-3!*



ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FIPS-IIa-2** Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan
- **FIPN-IIa-3** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento

1 PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa napakinggan nilang kuwento kahapon.



Sabihin: *Kahapon, sa ating pagtatapos, tinanong ko kayo kung nagustuhan ninyo o hindi ang kuwentong ‘Sampung Magkakaibigan’. Itinuro ninyo pataas ang inyong binlalaki kung nagustuhan ninyo ang kuwento, at itinuro ninyo pababa kung hindi ninyo nagustuhan. Tatawag ako ngayon ng ilang mag-aaral upang ilahad kung ano ang nagustuhan o di nila nagustuhan sa kuwento. Maaari ninyong punan ang sumusunod na halimbawang pangungusap:*

Ang gusto ko sa kuwentong *Sampung Magkakaibigan* ay _____.

Ang hindi ko gusto sa kuwento ay _____.

Kung kailangan, ipakita sa mga bata ang pagbuo ng pangungusap. Maaari ninyong sabihin: *Ang gusto ko sa kuwentong ‘Sampung Magkakaibigan’ ay ang pagbabagong ugali na nangyari kay Karlo.*

Tumawag ng 2-3 bata para magbahagi ng kanilang opinyon. Pumili ng mga bata na hindi pa nakapaglalahad sa mga naunang araw.

2 PAGSASANAY SA PAGBUO NG TANONG

Sa bahaging ito, sasanayin ang mga bata sa pagbubuo ng mga tanong ukol sa mga larawan mula sa kuwento.



Sabihin: *Gagamitin natin ang ilang larawan mula sa kuwento upang magtanong at magbahaginan ng sagot. Ipapapakita ko sa inyo ang ilang larawan. Mag-iisip kayo ng mga posibleng tanong ukol sa larawan, at ilahad ito sa klase.*

(Ipaskil ang listahan ng mga salitang pananong sa pisara. Ipaliwanag ang bawat salitang pananong.)

Kapag bumubuo tayo ng tanong, gumagamit tayo ng sumusunod na salita: Ano? Sino? Bakit? Kailan? Paano? Ilan? Narinig ninyo na ba ang mga salitang ito? May mga katapat na salita ang mga pananong na ito sa Mother Tongue. Isa-isahin natin ang mga salitang ito.

Tulongan ang mga bata na iugnay ang bawat salitang pananong sa Filipino sa katapat nitong salita sa Mother



KAGAMITAN

Panimulang parirala/
halimbawang pangungusap
para sa bahaginan



KAGAMITAN

1. Libro: *Sampung Magkakaibigan*
2. Listahan ng mga salitang pananong: ano, sino, bakit, kailan, paano, ilan

TALAAN

Tongue. Hayaang ang mga bata ang bumuo ng koneksiyon—huwag isalin ang salita para sa mga bata. Pagkatapos ng maikling diskusyon, tumuloy na sa aktibidad ng pagtatanong tungkol sa larawan.

Sabihin: *Mag-iisip na kayo ng mga tanong ukol sa ilang larawan na ipapakita ko.*

Ipakita ang p. 4 ng librong *Sampung Magkakaibigan* sa klase.

Bilang halimbawa, magbibigay ako ng ilang tanong. Gamit ang salitang “ano”:
Ano ang ginagawa ni Karlo dito sa larawan? Gamit naman ang salitang “sino”:
Sino ang nakatayo sa unahan ng pila?

Kayo naman. Pagmasdan ninyo itong larawan at mag-isip ng ilang tanong ukol sa larawang ito sa pahina 4 ng kuwento. Bibigyan ko kayo ng dalawang minuto upang pagmasadan ang larawan at mag-isip ng tanong.

PAALALA SA GURO

Kung humaba ang diskusyon sa unang dalawang larawan at kulangin na kayo ng panahon, maaaring hindi na ipagawa ang pangatlong larawan.

Matapos ang dalawang minuto, tumawag ng tatlong bata upang maglahad ng nabuo nilang tanong. Isulat ang mga tanong nila sa pisara. Kung kailangan nila ng tulong para maisaayos ang tanong—halimbawa, kung ang sinabi nila ay “Ano tulo gripo?”—isulat na ang tamang porma ng pangungusap (“Ano ang tumutulo sa gripo?”) Ipabigkas sa kanila ang iniwastong bersiyon.

Sabihin: *Ngayon naman, pagmasdan natin ang isa pang larawan mula sa libro. Bubuo muli kayo ng mga tanong tungkol sa larawan.*
(Ipakita ang p. 8)

Bibigyan ko kayo muli ng dalawang minuto para mag-isip ng mga tanong batay sa larawan. Hangga’t maaari, gumamit kayo ng mga salitang pananong na hindi ninyo nagamit sa naunang larawan.

Matapos ang dalawang minuto, tumawag ng tatlong bata na hindi pa natatawag upang maglahad ng nabuo nilang tanong. Muli, isulat ang mga tanong nila sa pisara. Kung kailangan nila ng tulong para maisaayos ang porma ng tanong—halimbawa, kung ang sinabi nila ay “Bakit basa Koreano?”—isulat na ang tamang porma ng pangungusap (“Bakit nabasa ang Koreano?”) Ipabigkas sa kanila ang iniwastong bersiyon.

Sabihin: *Para sa huling larawan, pagmasdan natin ang mga eksenang ito sa pahina 20. (Ipakita ang p. 20)*



TALAAN

Mayroon uli kayong dalawang minuto para mag-isip ng mga tanong batay sa larawan. Gamitin ang mga salitang pananong na hindi ninyo pa nagamit sa mga naunang paglalahad.

Matapos ang dalawang minuto, tumawag ng tatlong bata na hindi pa natatawag upang maglahad ng nabuo nilang tanong. Isulat muli ang mga tanong nila sa pisara. Kung kailangan nila ng tulong para maisaayos ang porma ng tanong—halimbawa, kung ang sinabi nila ay “Sino akap ni Karlo?”—isulat na ang tamang porma ng pangungusap (“Sino ang inaakap ni Karlo?”) Ipabigkas sa kanila ang iniwastong bersiyon.

3

PAGSAGOT SA MGA NABUONG TANONG

Sa bahaging ito, gagamitin ang mga nabuong tanong upang sanayin ang mga bata sa pagsagot at paglahad ng ideya.



Sabihin: *Marami kayong nabuong magandang mga tanong. Subukan natin ngayong sagutin ang mga ito, gamit muli ang mga larawan. Pagkabasa ko ng bawat tanong, masdan ninyo muli ang larawan at isipin ang inyong sagot. Pag-usapan ninyong magkatabi ang inyong mga sagot.*

Ipakita ang p. 4 habang binabasa ang tanong ukol dito sa pisara. Bigyan ng ilang sandali ang mga bata para pag-isipan ang kanilang sagot at ibahagi ito sa kanilang katabi. Gawin muli ito para sa bawat tanong ukol sa larawan sa p. 4. Kapag natapos na ang lahat ng tanong para sa larawang ito, tumawag ng 3-4 bata upang ilahad ang kanilang sagot sa mga tanong.

Ibalik ang pansin ng buong klase sa mga larawan upang kumpirmahin ang mga nailahad na sagot. (*Halimbawa: Sumasang-ayon ba kayo sa sagot niya? Ano ang detalye sa larawan na pinagbatayan ninyo ng inyong sagot?*)

Magsagawa ng katulad na proseso para sa mga larawan sa **p. 8** at **p. 20** ng libro.

4

PAGTATAPOS

Gabayan ang mga bata sa paglalahad ng kanilang natutuhan tungkol sa mga salitang pananong o tungkol sa mga detalye mula sa kuwentong Sampung Magkakaibigan.



Maaari ninyong sabihin: *Sa ating pagtatapos, ano ang natutuhan ninyo ngayong araw? Ano-ano nga ang mga salitang ginamit ninyo sa pagbubuo ng mga tanong kanina? Saan ninyo ibinatay ang inyong sagot sa mga tanong kanina?*

Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang sagot.

MGA LAYUNIN

- **FIPL-0a-j-2** Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon
- **FIEP-Ile-2** Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa

ARAW

4

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

1

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng personal na karanasan sa klase. Matapos ibigay ang panggabay na pangungusap, tumawag ng 2-3 mag-aaral upang magbahagi ng kanilang karanasan ukol sa tema at paksa para sa araw na ito.

Sabihin: *Nitong nakaraang mga araw, pinag-usapan natin ang tema ng pakikipagkaibigan. Nakita natin sa kuwentong ‘Sampung Magkakaibigan’ na sa paaralan nagkakilala sina Karlo at ang kaniyang mga kaibigan. Para sa bahaginan natin ngayong araw, sabihin ninyo kung saan ninyo nakilala ang isang partikular ninyong kaibigan. Kapag narinig natin ang salitang “saan,” tinutukoy nito ang isang lugar. Kapag narinig naman natin ang salitang “sino,” tumutukoy ito sa tao.*

Bibigyan ko kayo ng halimbawa: Nakilala ko ang aking kaibigang si Sarah sa aming simbahan dahil pareho kaming umaawit sa choir.

Kayo naman. Sino ang inyong kaibigan at saan ninyo siya nakilala? Maaari ninyong punuan na lamang ang mga panimulang ito. Babasahin ko para sa inyo:

Si ____ ay kaibigan ko. Nakilala ko siya sa _____.

Tumawag ng tatlong mag-aaral na hindi pa nakapagbabahagi sa mga nakaraang araw.

KAGAMITAN

Mga panimulang pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA SIMPLENG MAPA

2

Sabihin: *Sa bahaginan kanina, napag-usapan natin ang mga lugar o lokasyon kung saan natin nakilala ang ating kaibigan. Paano natin malalaman kung nasaan ang isang lugar? Ano ang maaari nating gamitin para malaman ang lokasyon ng isang tao, bagay o lugar? (Maghintay ng sagot mula sa mga bata.)*

Isang bagay na nakatutulong para mahanap ang isang lugar o lokasyon ay ang mapa. Nakakita na ba kayo ng mapa?

TALAAAN



KAGAMITAN

1. Mapa ng Asya na ginamit noong unang araw ng Yunit 11
2. Simpleng mapa ng silid-aralan na magpapakita ng puwesto ng bawat mag-aaral sa klase

Ipakita muli sa mga mag-aaral ang mapa ng Asya na ginamit noong unang araw habang tinatalakay ang salitang “Koreano.”

(Maaaring gawing batayan ang mapang ito:)



Natatandaan ninyo pa ba ang mapang ito? Kailan nga natin ginamit itong mapa ng Asya? (Abangan ang pagsagot ng bata o tulungan sila kung hindi nila maalala. Ipakita muli sa kanila kung nasaan ang bansang Korea, at sabihin na ito ang pinagmulan ng Koreano.)

Tumawag ng ilang bata at itanong sa kanila kung maituturo nila ang Pilipinas sa mapa. Itanong kung paano nila nalaman na Pilipinas nga ang itinuturo nila. Kung kinakailangan, tulungan ang mga bata sa pagsasaayos ng kanilang mga sagot upang masanay sila na sumagot sa kumpletong pangungusap.

Itanong sa mga bata kung may iba pa silang nalalaman na bansa sa Asya, at tulungan silang hanapin ito sa mapa.

Maaaring itanong sa mga bata ang sumusunod upang tulungan silang mas maintindihan ang konsepto ng mapa:

- *Pansinin ninyo ang laki ng pagkakaguhit ng mga bansa dito sa mapa. Ganito ba ang totoong laki ng mga bansang ito? Bakit ninyo nasabi ito?*
- *Mula saan ang pananaw ng mapa—mula sa gilid, o mula sa ibabaw? Mula sa pananaw ng isang pusa o aso, o mula sa pananaw ng isang ibong lumilipad?*

3

PAGSASANAY: PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA SIMPLENG MAPA NG SILID ARALAN

Ipakita sa mga bata ang isang simpleng mapa ng kanilang silid-aralan. Maaaring gamitin ng guro ang pisara o isang manila paper para sa mapa. Nakaguhit sa mapa ang paibabaw na pananaw (top view) ng latag ng mga upuan ng mga bata, ang desk ng guro, ang pintuan palabas, mga bintana, at iba pang detalye na makakatulong sa pagtukoy kung saan nakaupo ang bawat bata sa klase.

TALAAN

Ipaliwanag sa mga bata na gagamitin ng klase ang mapa upang tukuyin kung saan ang puwesto nila sa silid-aralan. Tumawag ng ilang bata at tulungan silang ituro kung saan nakaupo ang kanilang katabi. Kung kinakailangan, tulungan silang magbilang ng mga puwesto, o tanungin sila ng ilang detalyeng pang-orientasyon upang matulungan sila sa pagtukoy ng puwesto. Halimbawa: *Nasaan ang pisara? Ang pinto? Ang mesa ng guro? Ang mga bintana?*

Kapag may ilang mga pangalan nang natukoy na mas makatutulong sa pagtunton ng bawat bata, maaari nang magturo ng iba't ibang puwesto sa mapa ang guro at tanungin ang mga buong klase kung sino ang nakaupo doon.

Matapos ang aktibidad na ito, tumawag ng limang bata na hindi pa nakapaglalahad sa araw na ito. Tulungan silang magbigay ng maikling pangungusap na tumutukoy sa puwesto ng isang partikular na miyembro ng klase gamit ang mapa. Bigyan sila ng gabay na pangungusap, tulad ng:

Ito ay mapa ng aming silid-aralan. Dito nakaupo si ____.
Katabi niya si/ang ____.

PAGTATAPOS

4

Sa pagtatapos, gabayan ang mga bata sa paglalahad tungkol sa konsepto ng mapa at kung saan ito ginagamit.

Sabihin: *Bago tayo magtapos, humarap sa inyong katabi at sabihin sa kanila kung ano ang mapa at saan ito ginagamit. Bibigyan ko kayo ng ilang halimbawang pangungusap. Ang mapa ay nagpapakita kung saan nakapuwesto ang mga bagay o lugar sa isang lokasyon. Gumagamit ito ng pananaw na paibabaw—na parang isang ibong lumilipad—sa isang lugar. Marami pa kayong maaaring masabi tungkol sa mapa. Sabihin ito sa inyong katabi. Pakinggan din ninyo ang masasabi ng inyong katabi tungkol sa mapa. Mayroon kayong tatlong minuto upang mag-usap.*

Habang nag-uusap ang mga bata, umikot sa silid-aralan at pakinggan ang kanilang paglalahad. Tulungan ang mga bata o isatama ang kanilang paglalahad kung kinakailangan. Matapos ang tatlong minuto tapusin ang usapan at ang klase para sa araw na ito.



ARAW

5

MGA LAYUNIN

- **FIWG-IIa-1** Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagpapakilala ng sarili)
- **FIPN-IIa-3** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento
- **FIPU-IIa-1.11: c 1.2; 1.2a** Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra; Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra

I

PANIMULANG GAWAIN: PAGKANTA NG AWIT

Simulan ang araw sa pagkanta ng awiting pambata tungkol sa magalang na pagbati. Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagkanta.

Kung walang mapiling sariling awit pambata ang guro, maaaring gamitin ang kantang “Kamusta.” Matatagpuan ang titik at tono ng kantang ito sa: <http://www.youtube.com/watch?v=Vmif4LfA1Pc>



KAGAMITAN

Titik (lyrics) ng awiting pambata na gagamitin sa panimulang gawain



Sabihin: *Ang awiting ito ay maaaring gamitin kapag tayo ay nagbibigay pagbati sa ating mga kaibigan. Sa nakaraang mga araw, ang ating mga gawain ay tungkol sa pakikipagkaibigan. Naaalala ninyo pa ba ang kuwentong binasa ko sa inyo? Babasahin ko muli ito sa susunod nating gawain.*

2

MULING PAKIKINIG SA KUWENTO



KAGAMITAN

1. *Sampung Magkakaibigan*
2. Ang maikling pagsusulit na nakasulat sa manila paper o pisara

Babasahin muli ng guro ang kuwentong *Sampung Magkakaapatid*. Sa pagkakataong ito, walang itatanong ang guro sa mga bata bago magbasa o habang nagbabasa. Habang nagbabasa ang guro, makikinig ang mga bata upang maalala nila ang mga detalye ng kuwento at ang mga bagong salita na pinag-aralan nila noong nakaraang araw. Magtatanong lamang ang guro ukol sa kuwento matapos ng pagbabasa.

Sabihin: Babasahin ko muli ang librong ‘Sampung Magkakaibigan’. Habang binabasa ko ang kuwento, pakikngan ninyong mabuti ang mga detalye pati na ang mga salitang pinag-aralan natin noong Lunes. Pagkatapos kong basahin ang kumwento, may ilan akong katanungan na sasagutan ninyo.



TALAAAN

Pagkabasa ng kuwento, tanungin ang sumusunod:

- Sino ang bida o pangunahing tauhan sa ating kuwento? (*Karlo*)
- Sino ang batang mabagal kumilos sa kuwento? (*Ben*)
- Ano ang pangalan ng Koreano na kaklase ni Karlo? (*Joo-chan*)
- Ano ang mga pangalan ng kambal sa kuwento? (*Ella at Eric*)
- Bakit naiyak si Karlo sa kalagitnaan ng kuwento? (*walang gustong makipaglaro sa kanya*)
- Ano ang mga ginawa ni Karlo sa sumunod na araw matapos niyang maisip na magiging mas mabuti siyang kaklase? (*maraming posibleng sagot: Pinauna si Ben sa pila, hinalikan si Susie, inalok ang baon niya kay Karen at Joo-chan, ipinahiram ang kaniyang laruan kay Lara, inanyayahan si Leo na gumawa ng tore, nakiusap kay Eric at Ella kung pwede siyang sumali sa laro, pinaalalaban ang kaklase na huwag gisingin si Anton*)

PAGTATAYA

3

Sa bahaging ito, magsasagawa ng gawaing pagtataya ang guro ukol sa mga ilang mahahalagang napag-aralan sa linggong ito. Tatanungin ng guro sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata na palahad. Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa **maliliit na pangkat ng 5-10 bata**.

- **Gamitin sa sariling pangungusap ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): tore, kambal, mapa, Koreano, nasagi, pakiusap, umiling, kaibigan.**
- **Bumuo ng tanong na gamit ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): ano, sino, kailan, ilan, bakit, paano.**
- **Maglahad ng isang bagay na natutuhan mo mula sa kuwentong *Sampung Magkakaibigan*.**

Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, nagsasanay naman ang ibang bata sa pagporma ng letra at salita na nakasulat sa pisara. Kokopyahin ng mga bata na hindi pa dumaraan sa pagtataya ang ilang salita mula sa kuwento sa kanilang kuwaderno. Kabilang sa mga salita na maaaring pagsanayan ng mga bata ay ang sumusunod: **Karlo, Ben, Ella, Eric, Joo-chan, Leo, Susie, Anton**. Masasanay sila sa pagporma ng maliit at malaking letra habang kinokopya nila ang mga salitang ito mula sa pisara.

TALAAAN

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagbubuo ng tanong, ngunit hindi pa lubusang nagagamit ang mga salita mula sa kuwento.

Suriin din ang pagporma ng mga bata ng letra sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

4**PAGTATAPOS**

Hikayatin ang mga bata na gamitin ang mga bagong salitang natutuhan nila ngayong linggo sa pakikipag-usap sa kanilang pamilya o kalaro.

ARALIN

12

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG AKING PAARALAN AT MGA KAIBIGAN**KUWENTO: SAMPUNG MAGKAKAIBIGAN**

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng mga bagong salita mula sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagsiyasat sa pabalat ng libro at pagbibigay ng tanong tungkol dito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa muli sa kuwento at pagtalakay sa kuwentong binasa 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa kanilang pagsasalaysay ng kuwentong napakinggan sa isang miyembro ng kanilang pamilya 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa kanilang pagsasalaysay ng kuwentong kanilang napakinggan sa isang miyembro ng kanilang pamilya
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng mensahe ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy ng mensahe ng kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakilala ng tunog ng “Alpabetong Filipino” gamit ang Filipino letter chart Pagtalakay at pagbibigay ng halimbawang salita sa mga letrang hindi pa natuturo sa Mother Tongue 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas nang tama sa tunog ng mga letra sa “Alpabetong Filipino”
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay at paghikayat sa mga mag-aaral sa pagbibigay ng halimbawa ng mga salita para sa tinututukang letra 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawa ng mga salita para sa tinututukang letra
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapasipi sa mga mag-aaral ng mga salitang nakasulat sa pisara 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsipi ng wasto sa mga salitang isunulat ng guro sa pisara
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PN	• FIPN-IIb-5 Naisasakilos ang napakinggang awit	• Awit: “Ang Jeep ni Mang Juan”
	PT	• FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan	
5	PN	• FIPN-IIc-5 Naisasakilos ang napakinggang awit	• Awit: “Ang Jeep ni Mang Juan”
	PU	• FIKM-IIb-I Nasisipi ng wasto at malinaw ang salita mula sa larawan	• Awit: “Ang Jeep ni Mang Juan”

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtuturo ng kanta at kilos para sa awit 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkanta at pagsasakilos ng awit
<ul style="list-style-type: none"> • Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng ilang salita mula sa awit batay sa kilos para sa awit 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa kahulugan ng ilang salita mula sa awit
<ul style="list-style-type: none"> • Paggabay sa mga mag-aaral sa pagkanta at pagsakilos ng awit at pagsasagawa ng gawain 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkanta at pagsakilos ng awit
<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapasipi ng mga titik ng awit 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsipi ng titik ng awit

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPS-IIc-3** Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha, ugnayang salita-larawan
- **FIAL -IIb-1** Nasasabi ang nilalaman ng aklat batay sa pabalat
- **FIPN-IIa- 3** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng maikling personal na karanasan sa klase. Magbigay ng maikling paliwanag kung ano ang gagawin sa bahaginan at ipakita o imodelo para sa kanila kung paano ito gagawin.



Sabihin: *Gaya ng ginawa natin noong nakaraang linggo, sisimulan natin ang araw sa maikling bahaginan. Aanyayahan ko kayong magbahagi ng maikling pananalita tungkol sa isang tema at paksa. Ang tema natin sa linggong ito ay “ang paaralan” Ang paksa naman ay “ang mga ginagawa ko sa paaralan.”*

Bibigyan ko kayo ng halimbawang pangungusap: Sa paaralan, ako ay nagtuturo sa mga bata.

Kayo naman ang magbahagi ng inyong karanasan. Ano ang ginagawa ninyo sa paaralan? Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na sinulat ko dito sa papel/pisara. Babasahin ko para sa inyo:

Sa paaralan, ako ay _____.

Tumawag ng 2-3 bata para magbahagi ng kanilang karanasan. Gawin ito araw-araw hanggang sa lahat ng mag-aaral sa klase ay natawag na.



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa pisara o manila paper

2

PAGHAHANDA SA PAGBASA SA KUWENTO



KAGAMITAN

1. *Sampung Magkakaibigan*
2. Mga salita na tatalakayin sa talasalitaan/ paghawan ng balakid: madungis, agaw, panunukso, ipinahiram

a. Paghawan ng Balakid

Bago muling basahin ang aklat na *Sampung Magkakaibigan*, talakayin muna ang ilang mga salita mula sa kuwento. Ilagay sa pisara ang listahan ng sumusunod na salita: **madungis, agaw, panunukso, ipinahiram.**

Sabihin: Ang aklat na ‘Sampung Magkakaibigan’ ay konektado sa ating tema ngayong linggo. Babalikan natin ngayon ang kuwentong ito upang makita kung ano-ano ang mga ginagawa nina Karlo at ng kaniyang mga kaibigan sa paaralan.

Pag-aralan muna natin ang ilang mga salita na nakapaloob sa kuwento. Tingnan natin ang listahan sa pisara at talakayin natin ang bawat isa.

- **madungis** – Sa kuwentong ito, sino ang batang madungis? Tama, si Susie. Tingnan natin ang larawan ni Susie dito sa **pahina 6**. Ano ang mga detalye sa larawan na nagpapakita na siya ay madungis? Ano pa ang ibang salita na kasinghulugan ng madungis?
- **agaw** – Masdan natin ang larawan sa **pahina 8**. Dito makikita ang salitang “agaw.” Ano ang ginagawa ni Karlo sa laruan ni Lara? Ano ang ginagawa niya sa suman ni Karen? Batay sa mga larawang ito, ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng agaw?
- **panunukso** – Naranasan ninyo na ba ang panunukso ng isang kalaro? Ano ang sinabi o ginawa sa inyo ng inyong kalaro sa pagakakataong iyon? Ano ang naramdaman ninyo noong kayo ay tinutukso ng isang kalaro? Kadalasan, pag may batang nanunukso, naiinis o napipikon tayo. Sa kuwentong ito, ang panunukso ay kasinghulugan ng pang-iinis o pamimikon. Ang pinagmulan nitong salita ay “tukso.”
- **ipinahiram** – Sa kuwentong ito, ipinahiram ni Karlo ang kaniyang laruan kay Lara. Nanghiram na ba kayo ng gamit mula sa iba? Isinauli ninyo ba ito? Kapag nanghibiram tayo, panandalian lamang itong ipinagagamit sa atin.

Maririnig ninyo ang mga salitang ito sa pagbasa ko ng kuwento. Pakinggan ninyong mabuti at pansinin kung paano ginamit ang mga salitang ito.

b. Pagsabi ng Nilalaman ng Libro Batay sa Sabalat

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsiyasat sa pabalat ng libro. Pansinin ang isang detalye sa pabalat ng libro na hindi pa natalakay noong nakaraang linggo at tanungin ang mga bata tungkol dito.

Sabihin: Masdan natin itong pabalat ng libro. (Lumapit sa isang bata at tanungin siya:) Saan kaya dito ang pamagat ng libro? Maaari mo bang ituro sa akin? Tama, iyan nga ang pamagat: ‘Sampung Magkakaibigan.’

Sa ilalim ng pamagat, may nakasulat: “Kabilang sa Seryeng Matematika.” Narinig na ba ninyo ang salitang “matematika”? Ano ang naiisip ninyo kapag narinig ninyo ang salitang “math” o “matematika”? (Maghintay ng sagot. Maaaring sumagot ang mga bata na ang matematika ay tungkol sa bilang.) Tama. May kinalaman ang matematika sa pagbibilang. Bakit kaya nabanggit ang salitang matematika dito sa pabalat? Ano kaya sa nilalaman ng libro ang may koneksiyon sa bilang? (Maghintay ng sagot.)



TALAAN

Bilangin nga natin ang mga bata na makikita sa pabalat. (Ituro ang bawat bata habang sabay-sabay na binibilang ng klase ang bawat isa.) May sampung bata. Umaakma ito sa pamagat. Ano nga ulit ang pamagat ng libro? (Hayaang sumagot ang mga bata.)

Ang mga detalye na nasa pabalat ng anumang libro ay nakapagbibigay sa atin ng ideya tungkol sa nilalaman nito. Dito sa librong 'Sampung Magkakaibigan,' ang paggamit ng salitang "matematika" sa pabalat ay nagpapahiwatig na ang nilalaman nito ay maaaring magamit sa gawaing pang-matematika tulad ng pagbibilang.

c. Pagganyak



Sabihin: Sa ating bahaginan kanina, naglahad ang inyong kaklase tungkol sa ginagawa nila sa paaralan. Sa inyong gagawing pakikinig, pansinin ang mga lugar at aktibidad na ginagawa nina Karlo sa paaralan.

Alamin natin: Ano ang mga lugar na nabanggit sa kuwento na matatagpuan din dito sa ating paaralan? Ano ang mga ginagawa nina Karlo na ginagawa rin ninyo dito?

3

PAGBASA MULI SA KUWENTO

Basahin ang kuwento ngunit tumigil sa mga takdang bahagi upang magtanong tungkol sa ilang detalye. Makatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa ng bata sa kuwento.

a. Mga Tanong Habang Binabasa ang Kuwento

Ang mga sumusunod ay maaaring itanong habang binabasa ang kuwento.

Huminto sa p. 4



Sabihin: Para saan kaya nakapila ang mga bata? Masdan ang larawan. Ano kaya ang gagawin nila? (Posibleng sagot: maghuhugas ng kamay bago kumain) Ginagawa ninyo rin ba ito sa paaralan? Kailan kayo nagbuhugas ng kamay?

Huminto sa p. 14



Sabihin: Maraming nabanggit na lugar sa paaralan dito sa pabintang ito. Ano-ano ang mga lugar sa paaralan na narinig ninyo? (sagot: silid, palaruan, canteen) Mayroong din bang ganitong mga lugar dito sa ating paaralan? Ano pa ang ibang lugar dito sa paaralan natin na hindi nabanggit sa pabintang ito?

Huminto sa p. 17



Sabihin: Sa bahaging ito ng kuwento, sa bakuran ng paaralan naglalaro ang mga bata. Ano pa kaya ang ibang lugar sa isang paaralan kung saan maaaring maglaro? Kayo—saan kayo naglalaro dito sa paaralan?

Huminto sa p. 21

Sabihin: Nabanggit dito ang salitang “recess.” Anong oras ang recess natin dito sa ating paaralan? Ano ang ginagawa nina Karlo, Joo-chan at Karen dito sa larawan? Ganito rin ba kayo kapag panahon ng recess?



TALAAN

PAGTALAKAY SA KUWENTO

4

Sabihin: Sa pakikinig ninyo ngayon sa kuwentong ito, may mga bago ba kayong detalye o ideya na nakita? Ano-ano ang mga ito? (Tumawag ng 2-3 mag-aaral.)



Gamitin ang panahon pagkatapos basahin ang kuwento para maipaalala sa mga bata ang mga tauhan sa aklat. Pumunta sa p. 30 ng aklat at ipakita ang pahinang ito sa mga bata.

Sabihin: Gaya ng nakita natin kanina sa diskusyon tungkol sa pabalat, maaaring gamitin ang aklat na ito sa mga gawaing pang-matematika. Sa pahinang ito, pinapakita ang mga tauhan sa kuwento at kung ilan sila. Ano ang nakikita natin dito sa ibabaw ng bawat bata? (numero) Ano naman kaya itong mga salitang nasa ibaba nila? (salitang numero sa wikang Filipino at Ingles) Bilangin nga natin sila ulit. (Bilangin nang sabay-sabay ang mga bata sa pahina. Gamitin ang hintuturo upang bigyang-diin ang salitang Filipino sa bawat numero.)



Ngayon naman, pansinin natin ang bawat bata dito sa pahina. Sino-sino nga ang bawat isa sa kanila? Natatandaan ninyo pa ba? Ituturo ko sila nang paisa-isa. Sabihin ninyo sa akin kung sino sila.

Ituro ang iba’t-ibang bata sa pahina at pansinin kung nakikilala ng mga mag-aaral kung sino sila. Bigyan sila ng pahiwatig kung kinakailangan (Halimbawa: “Siya yung inagawan ng laruan”), pero hayaang sa mga mag-aaral manggaling ang sagot.

Kung may panahon pa, tumawag ng ilang bata upang pumunta sa harap at ituro ang mga tauhang tinutukoy sa sumusunod na listahan, sabay sa pagsabi ng maikling pangungusap (Ito si ____):

- Sino sa mga taubang ito ang batang antukin? (Ito si Anton.)
- Sino naman ang kambal? (Ito sina Ella at Eric.)
- Sino ang batang madusing? (Ito si Susie.)
- Sino ang kumakain ng suman na inagaw ni Karlo? (Ito si Karen.)
- Sino ang Koreano nilang kaklase? (Ito si Joo-chan.)

PAGTATAPOS

5

Bilang takdang-aralin, hikayatin ang mga bata na ilahad ang kuwento ng *Sampung Magkakaibigan* sa isang miyembro ng kanilang pamilya sa kanilang pag-uwi. Hangga’t maaari, gamitin nila ang mga salitang tinutukan ngayong araw. (panunukso, agaw, madungis, ipinahiram)

ARAW

2

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIa-3** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula
- **FIPL-0a-j-3** Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng personal na karanasan sa klase. Matapos ibigay ang panggabay na pangungusap, tumawag ng 2-3 mag-aaral upang magbahagi ng kanilang karanasan ukol sa tema at paksa para sa araw na ito.



Sabihin: *Ang tema natin sa linggong ito ay “ang paaralan.” Ang paksa naman natin ngayong araw ay “ang pinag-aaralan namin sa paaralan.” Para sa bahaginan natin ngayong araw, magsabi kayo ng isang bagay na pinag-aaralan ninyo dito sa paaralan.*

Magbibigay ako ng halimbawa: Dito sa paaralan, pinag-aaralan natin ang pagbasa.

Kayo naman ang magbabagi ng inyong karanasan. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat sa pisara. Babasabin ko ito para sa inyo:

Dito sa paaralan, pinag-aaralan ko ang _____.

Tumawag ng 2-3 mag-aaral para magbahagi sa harap ng klase. Gawin ito araw-araw hanggang ang lahat ng mag-aaral ay natawag na.

2

PAGBABALIK-ARAL: SAMPUNG MAGKAKAIBIGAN

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwentong *Sampung Magkakaibigan*. Ipalahad sa kanila ang paggawa nila ng takdang-aralin kahapon.



Sabihin: *Kahapon, ang inyong takdang-aralin ay ang pagkuwento ng Sampung Magkakaibigan sa isang miyembro ng inyong pamilya. Sino ang makapagbabahagi tungkol sa kanilang ginawang pagkuwento?*

PAALALA SA GURO

Isang alternatibong gawain para sa layuning ito ay ang pagpapaguhit at pagpapalahad sa mga bata ng kanilang naiisip na mensahe o ideya ng kuwento. Posible rin silang igrupo at ipagawa ng dula-dulaan tungkol sa mensahe ng kuwento. Maaari ninyong palitan ang gawain na nakasulat dito ng iba pang gawain na sa tingin ninyo ay mas aakma sa kakayanan ng mga bata.

Tumawag ng 2-3 bata at tanungin ang sumusunod:

- *Sino ang miyembro ng pamilya na pinagkuwentuhan ninyo ng ‘Sampung Magkakaibigan’?*
- *Paano mo ibinabagi ang kuwento sa kanila? Maaari mo bang muling ilahad ang iyong pagkuwento sa buong klase, gamit ang sariling mong pananalita?*
- *Ano ang reaksiyon ng inyong kapamilya sa kuwento? Nagustuhan ba nila ito? Bakit?*



PAGGALANG SA IDEYA NG MAY-AKDA NG NAPAKINGGANG TEKSTO

3

Gamitin ang pagkakataong ito para tulungan ang mga bata na maipamalas ang kanilang paggalang sa ideya ng may-akda.

Sabihin: *Ngayon naman, balikan natin ang ‘Sampung Magkakaibigan’ at isipin kang ano sa tingin ninyo ang pinakamahalagang mensahe na inyong nakaba mula sa kuwento. Humarap sa inyong katabi at pag-usapan ito sa loob ng tatlong minuto. Kailangang magkasundo kayong dalawa kung ano ang pinakamahalagang mensahe sa kuwento.*



Matapos ang dalawang minuto, tawagin ang pansin ng mag-aaral at sabihin: *Ngayon naman tumayo kayong labat at umikot sa buong klase. Maghanap kayo ng iba pang magkapares na kapareho sa inyo ang tinukoy na pangunahing ideya o mensahe. Hanapin ninyo ang labat ng mga pares na may parehong ideya sa inyo at magkumpol kayo sa iisang lugar dito sa silid-aralan. Bibigyan ko kayo ng isang minuto para hanapin ang labat ng inyong kakampi o kapareho ng mensahe. Tayo na!*



Kapag nakakumpol na ang mga magkakaipareho ng mensahe, tanungin ang bawat grupo kung ano ito at isulat sa pisara. (Maraming mga posibleng sagot na maibibigay ang mga bata dito. Ilan sa posible nilang sabihin: “Maging mabait para makasundo ang mga kaklase.” “Hindi maganda ang mang-agaw ng gamit.” “Isipin ang pakiramdam ng iba.” Tanggapin ang mga opinyon ng bata tungkol sa mensahe ng kuwento kung kahit papaano ay nakabatay naman ito sa diwa ng aklat.)

Tanungin ang bawat grupo kung sang-ayon sila sa mensahe o ideya na ito at bakit. Hayaan silang maglahad ng kanilang opinyon tungkol sa mensahe ng kuwento. Paupuin ang mga grupo kapag tapos na silang magbahagi.

Sabihin: *Nakita natin sa ating gawain na ang ‘Sampung Magkakaibigan’, at maging ang bawat kuwento o aklat, ay may mensabeng nais iparating. Kung gayon, sino kaya ang pinagmumulan ng mensahe ng isang kuwento? Sino sa tingin ninyo?*



TALAAAN

(Maghintay ng kasagutan mula sa klase. Kung kinakailangan, ibalik ang kanilang atensyon sa dalawang pangalan na nakalagay sa pabalat ng libro at basahin ito sa kanila. Halimbawa: *Nakalagay dito sa pabalat na ito ay gubit ni Ruben de Jesus at kuwento ni Kristine Canon. Sa kanilang dalawa, sino sa tingin ninyo ang pinagmulan ng mensabe—ang tagagubit o ang may akda na sumulat ng libro?*)



Sabihin: *Ang mensabe na nakukuba natin mula sa isang aklat o kuwento ay nagmumula sa sumulat nito—sa may-akda. Ipinapabayag ang mensabeng ito sa salita at sa mga larawang ginawa ng tagagubit. May nais ipabihatig ang sinumang nagsusulat—kabilang na dito ang mga nagsusulat ng mga kuwentong pambata.*

4 PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Tanungin ang inyong magulang o iba pang kapamilya kung sang-ayon sila o hindi sa mensahe ng *Sampung Magkakaibigan* na pinag-usapan natin ngayon at bakit. Hingan sila ng halimbawa ng aksyon na maaari ninyong gawin upang maipakita ang pagiging mabuting kaibigan.

ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FIKP-IIb-1** Nabibigkas nang wasto ang tunog ng bawat letra ng “Alpabetong Filipino”
- **FIPL-0a-j-2** Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon
- **FIKM-IIb-1** Nasisipi nang wasto at malinaw ang salita mula sa huwaran

PANIMULANG GAWAIN: PAGKANTA NG AWIT

Awitin ang “Alpabetong Filipino”. Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagkanta.



KAGAMITAN

“Alpabetong Filipino” na nakasulat sa manila paper

Ang “Alpabetong Filipino”

A, B, C, D, E, F, G
H, I, J, K, L, M, N, Ñ
Ng, O, P, Q, R, S, T
U, V, W, Y, Z

“Alpabetong Filipino”

Ulitin natin ito.

(Ulitin ang pag-awit ng 2 beses)

Para sa Guro: Maaaring bisitahin ang youtube link na ito.
<http://www.youtube.com/watch?v=Beb5SU1yzX8>

TALAAN

PAGPAPAKILALA NG MGA TUNOG NG ILANG LETRA SA ALPABETONG PILPINO

2

Sa bahaging ito, gamiting lunsaran ang pag-awit ng “Alpabetong Filipino” sa pagpapakilala ng tunog ng mga letra, na may tutok sa mga letrang hindi pa naituro sa Mother Tongue.

Gamitin ang Filipino letter chart na ipinamahagi ng Basa Pilipinas sa pagsagawa ng pagpapakilala ng mga tunog. Ipinakikita nito ang malaki at maliit na porma ng bawat letra, at isang salita na maaaring gawing palatandaan ng bata sa pag-alala sa tunog ng bawat letra. Ipalawanag sa mga bata na makatutulong sa kanilang pagtukoy ng tunog ng bawat letra kung may natatandaan silang salita na gumagamit ng letra at tunog na ito.

Sabay-sabay na bigkasin ang pangalan ng letra, ang salitang palatandaan, at ang tunog ng bawat letra sa listahan. (*Halimbawa: A, apa, /a/. B, bahay, /b/...*)

Maglaan ng ilang minuto sa dagdag na praktis ng dalawa o tatlong letra na hindi pa naituro sa Mother Tongue. (Mag-iiba ito batay sa Mother Tongue na ginagamit ng bawat lugar.) Maghanda ng listahan ng 2-3 salitang maaaring banggitin sa mga bata na gumagamit ng mga tututukang letra at tunog at ipakilala ito sa klase. **Ipakilala di lamang ang salita at ang paggamit nito ng tinututukang tunog, kundi maging ang ibig sabihin nito.**

Halimbawa: Ang letrang Zz ay may tunog na /z/. Bukod sa “zoo,” ginagamit rin ito sa iba pang salita. Halimbawa, ginagamit ito sa pangalan ng pinakamalaking isla ng ating bansa—ang isla ng Luzon. Sabihin nga natin ng sabay-sabay: Luzon. Isa pa—Luzon. Maririnig rin ito sa pangalan ng isang probinsya sa Luzon—ang probinsya ng Quezon. Naririnig ninyo ba ang tunog /z/ sa loob ng salitang Quezon? Sabihin nga natin nang sabay-sabay. Quezzzzzzon. Quezzzzzzon. Ang “Quezon” ay pangalan ng Pangulo ng Pilipinas mula 1935-1944. Makikita si Pangulong Quezon sa harapan ng dalawampung piso. Maraming lugar sa Pilipinas ang naipangalang Quezon bilang pagkilala sa Pangulong ito.



BRIDGING

Ipaalala sa mga bata na maraming letra sa “Alpabetong Filipino” ay natutunan na nila sa Mother Tongue.

PAGSASANAY

3

Gabayan ang mga bata sa pag-iisip ng iba pang salitang nalalaman nila na gumagamit ng mga tinutukang letra. Posibleng ang ilan dito ay mga pangngalang pantangi o tiyak na pangalan ng mga tao, lugar o produkto. (Halimbawa: Sa letrang Zz: Zosimo, Zoom Delivery, Razon’s Halo-Halo; sa letrang Ññ : Niña, Avanceña, Parañaque)

TALAAN

Isa-isang hingan ang bawat hanay ng klase ng salita na gumagamit ng tinututukang tunog. Isulat sa pisara ang bawat salita na ibigay ng mga bata. Habang sinusulat, sabihin ang salita na binibigyang-diin ang tinututukang tunog.

Kung magbigay ang mga bata ng salita na gumagamit ng tinututukang tunog ngunit hindi binabaybay na gamit ang tinututukang letra, isulat ito gamit ang tamang baybay. Maaaring gamitin ang salitang ito para ipakita sa mga bata na may mga tunog na nasusulat gamit ang ibang letra o kombinasyon ng letra.

4

PAGSIPI NG MGA SALITA MULA SA HUWARAN

Isulat sa pisara ang 2-3 tinutukang letra sa ikatlong gawain, at tatlong salitang tinalakay na gumagamit sa mga letrang ito. Ipasipi sa mga mag-aaral ang nakasulat sa pisara.

5

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Ipakita sa isang miyembro ng inyong pamilya ang mga sinipi ninyong salita. Ipabasa sa inyong kapamilya ang mga nakasiping salita, at ipagamit ito sa isang pangungusap.

ARAW

4

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIb-5** Naisasakilos ang napakinggang awit
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa kanilang paboritong letra.



Sabihin: *Isa sa ating pinag-aaralan sa paaralan ay ang alpabeto. Kabapon, inawit natin ang “Alpabetong Filipino” at ipinakilala ko sa inyo ang ilang letra at ang tunog nito. Para sa ating bahaginan ngayong araw, ilahad sa klase ang inyong paboritong letra sa alpabeto, at isang salita na gumagamit sa letrang*

ito. Bibigyan ko kayo ng halimbawa. Ang paborito kong letra sa alpabeto ay ang letrang Mm. Isang salita na gumagamit sa Mm ay mais.

Kayo naman. Tatawag ako ng tatlong bata na maglalahad tungkol sa kanilang paboritong letra. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasahin ko para sa inyo.

Ang paborito kong letra ay ang letrang _____. Isang salita na gumagamit sa letrang _____ ay _____.

Tumawag ng tatlong bata na hindi pa nakapaglalahad sa klase para magbahagi.

TALAN



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

PAGTURO NG AWIT AT PAGSASAKILOS SA AWIT

2

Itanong: Sino sa inyo ang namamasabe papuntang paaralan? Ano ang sinasakyan ninyong pampasaherong sasakyan papuntang paaralan?

Sabihin: Isa sa mga sinasakyan ng pasahero ay ang jeep. Awit tayo ngayon ng isang kanta tungkol sa jeep. May kilos tayong gagawin habang inaawit ang kanta. Pansinin ninyo ang kilo at ang mga salitang katapat nito habang umaawit tayo.

Ituro sa mga bata ang awiting “Ang Jeep ni Mang Juan.” Ipaskil ang lyrics ng awiting ito:

Ang jeep ni Mang Juan,
may butas sa gulong.
Ang jeep ni Mang Juan,
may butas sa gulong.
Ang jeep ni Mang Juan,
may butas sa gulong,
kaya't tinakpan niya ng bubble gum.

Ituro muna ang tono bago ang kilos.

Para sa kilos: Igalaw ang kamay na parang nagmamaneho sa bahaging “ang jeep.” Itaas ang hintuturo na tulad ng pagpapakita ng numero 1 sa bahaging “Juan.” Itaas ang kamay at iporma na parang letrang O ang kamay sa bahaging “may butas.” Gumuhit ng bilog sa hangin gamit ang dalawang kamay sa bahaging “sa gulong.” Ipalakpak ng isang beses ang kamay na parang nagtatapal ng butas sa bahaging “tinakpan niya ng bubble gum.”

TALAKAYAN: PAGPANSIN SA KILOS NG AWIT AT KAHULUGAN NG SALITA

3

Pag-usapan ang mga kilos na ginamit sa awit at ang ibig sabihin ng salitang katapat nito.

KAGAMITAN

Titik ng kantang “Ang Jeep ni Juan” na nakasulat sa manila paper

TALAAN



Sabihin: *Iba't ibang kilos ang ginawa natin sa awiting “Ang Jeep ni Mang Juan.” Ano kaya ang koneksiyon ng kilos sa salita na katapat nito? (Tumawag ng ilang mag-aaral na nais magbigay ng kanilang palagay.)*

Isa-isabin natin ang bawat kilos sa awit.

Ano kaya ang ginagawa ko kapag ikinilos ko nang paganito (parang nagmamanibela) ang aking kamay? Bakit kaya ang kilos na ito ang itinapat sa salitang “jeep”?

Kapag itinaas natin ang hintuturo nang paganito, anong numero ang naiisip ninyo? Bakit kaya ito ang kilos na itinapat sa “Juan”? (Kung kinakailangan, tulungan ang mga bata sa pagpansin na ang numerong isa sa wikang Ingles ay “one,” na katunog ng pangalan na Juan.)

Ano ang nakikita ninyo kapag ipinorma ko nang paganito (pormang pabilog) ang aking mga daliri? Saang salita natapat ang kilos na ito? Bakit kaya ganitong kilos ang itinapat sa “butas”?

Bakit naman ganito ang kilos (gamitin ang dalawang kamay sa pagguhit ng bilog sa hangin) sa salitang “gulong”? Ano ba ang korte ng gulong? Bukod sa jeep, ano pa ang ibang bagay na may gulong?

Ano ang ginamit nating kilos para sa salitang “tinakpan”? Ipakita ninyo nga sa akin. Bakit kaya ganito kadiin ang kilos? (Kung kinakailangan, gabayan ang mga bata para masabi nila na kailangang madiin ang paglapat ng bubble gum sa butas upang dumikit ito.)



Sabihin: *Nakita natin sa awiting ito na maaari nating mahulaan o masabi ang kabulugan ng isang salita batay sa kumpas o galaw ng ating mga kamay. Isang paraan din ito upang matandaan natin ang ibig sabihin ng mga salita sa wikang Filipino na bago lamang natin narinig.*

4

PAGGUHIT NG LARAWAN AT PAGSIPI NG SALITA

Hikayatin ang mga bata na pumili ng iguguhit nila sa kanilang kuwaderno mula sa sumusunod na mga salita mula sa awitin:

- si Mang Juan
- jeep
- butas
- gulong

Ipasipi sa kanila ang salitang katapat ng kanilang drowing. Umikot sa klase at gabayan ang mga bata na kailangan ng tulong sa pagsipi. Kung kaya na ng ilang bata, maaari ring ipasulat sa kanila ang isang buong pangungusap, tulad ng “Ito si Mang Juan.” o “Ito ay jeep.”

Kung may panahon pa, tumawag ng ilang mag-aaral upang ipakita ang kanilang iginuhit at maglahad ng pangungusap tungkol sa drowing. Gabayan sila sa pagbuo ng pangungusap kung kinakailangan.

TALAAN

PAGTATAPOS

5

Takdang-aralin: Humanap ng isang bagay sa inyong bahay o komunidad na may butas at iginuhit ito sa inyong kuwaderno. Ipasulat sa nakatatandang miyembro ng inyong pamilya ang salita na katapat ng inyong iginuhit.

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIb-5** Naisasakilos ang napakinggang awit
- **FIKM-IIb-1** Nasisipi nang wasto at malinaw ang salita mula sa huwaran

ARAW

5

PANIMULANG GAWAIN

I

a. Pag-awit ng “Ang Jeep ni Mang Juan”

Ipaskil muli ang manila paper na may lyrics ng “Ang Jeep ni Mang Juan.” Salungguhitan ang mga salitang jeep, Mang Juan, butas, at gulong. Sabihin sa mga bata na aawitin nila ng ilang beses ang awiting ito, ngunit unti-unting tatanggalin ang mga salitang nakasalungguhit. Sa bawat ulit ng pagkanta, madadagdagan ang hindi nila aawiting salita—ikikilos lamang nila ang mga galaw ng kanta.

- **Unang pagkanta:** Awitin ang lahat ng salita
- **Pangalawang pagkanta:** Manahimik sa salitang “jeep”
- **Pangatlong pagkanta:** Manahimik sa mga salitang “jeep” at “Mang Juan”
- **Pang-apat na pagkanta:** Manahimik sa mga salitang “jeep,” “Mang Juan,” at “butas”
- **Panlimang pagkanta:** Manahimik sa mga salitang “jeep,” “Mang Juan,” “butas” at “gulong”



KAGAMITAN

Manila paper na may titik ng awit na “Ang Jeep ni Mang Juan”

TALAAN

b. Pagtalakay ng Takdang-aralin

Pag-usapan ang itinakdang gawain. Tumawag ng 2-3 bata para magbahagi ng nakita nilang mga bagay sa kanilang bahay o komunidad na may butas.

Tulongan silang bumuo ng pangungusap sa kanilang paglalahad sa pamamagitan ng pagbigay ng halimbawang panimula. Ipaskel ang halimbawang panimula sa pisara. Basahin ang panimula upang marinig ng mga bata ang pagbabatayan ng kanilang pangungusap:

May butas ang nakita kong _____. Kapag may butas ang isang _____, hindi ito _____.

Magbigay ng halimbawa ng buong paglalahad. Maaaring sabihin:

- *May butas ang nakita kong gulong. Kapag may butas ang isang gulong, hindi ito magagamit para patakbubin ang sasakyan.*
- *May butas ang nakita kong tabo. Kapag may butas ang isang tabo, hindi ito mapupuno.*

2

PAGTALAKAY NG TAKDANG-ARALIN



KAGAMITAN

1. Aklat: *Sampung Magkakaibigan*
2. “Ang Jeep ni Juan” na nakasulat sa manila paper

Tulongan ang mga mag-aaral na alalahanin ang pangyayari sa kuwentong *Sampung Magkakaibigan* gamit ang mga larawan sa libro. Ipakita batay sa pagkakasunod-sunod ang mga pahina ng libro at tumawag ng bata na makapaglalahad kung ano ang nangyayari sa bahaging ito ng kuwento. Kung kinakailangan, bigyan ang bata ng pahiwatig o ng pantulong na tanong na makasusuporta sa kanilang pag-alala sa nangyayari sa pahina.

3

PAGTATAYA

Sa bahaging ito, magsasagawa ng gawaing pagtataya ang guro ukol sa ilang mahahalagang napag-aralan sa linggong ito. Tatanungin ng guro sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata na palahad.

- **Gamitin sa sariling pangungusap ang salitang** (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa grupo): **madungis, agaw, panunukso, ipinahiram, gulong, tinakpan**
- **Pumili ng isang tauhan mula sa kuwentong *Sampung Magkakaibigan*, sabihin ang kanyang pangalan, at maglahad ng isang bagay na naaalala mo tungkol sa kanya.** (Maaaring ipakita ang p. 30 ng libro kung saan makikita ang larawan ng mga tauhan. Ipaturo sa bata ang tauhang napili nila.)

- **May sasabihin akong letra. Ituro ito sa chart at sabihin sa akin kung ano ang tunog nito.** (Pipili ng tatlong letra ang guro para sa bawat bata sa grupo; siguruhing ang isa sa mga tatanunging letra sa bata ay mula sa mga letrang tinutukan sa linggong ito—sa Mother Tongue at sa Filipino)

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na grupo ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang grupo, nagsasanay naman ang ibang bata sa **pagsipi ng mga salita**.

Ipasipi sa mga batang hindi sumasailalim sa pagtataya ang titik ng awiting “Ang Jeep ni Mang Juan.” Ipaskel ang manila paper kung saan nakasulat ang awiting ito at ipasipi ito sa kanilang kuwaderno.

Habang ginagawa ang pagtataya, ilaran sa inyong kuwaderno ang napapansing kalakasan o kahinaan ng bawat bata. Halimbawa, maaari ninyong madiskubre na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagbigay ng tunog ng letra, ngunit hindi pa lubusang nagagamit ang mga salita mula sa kuwento o awitin.

Suriin din ang pagporma ng mga bata ng letra sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

PAGTATAPOS

4

Atasan ang mga bata na mag-isip ng iba’t ibang gulay na makikita sa palengke o sa kanilang bakuran. Dapat silang maghanda para sa pagbahagi tungkol dito pagbalik nila sa susunod na linggo.


TALAAN

ARALIN

13

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA HAYOP AT HALAMAN**KUWENTO: ANG KUWENTO NI BINIBINING REPOLYO**

**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG
FILIPINO
YUNIT 2, ARALIN 13**

Tema: Mga Hayop at Halaman

Kuwento: Ang Kuwento ni Binibining Repolyo

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwentong <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>
1	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2 Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salitang nagbibigay ngalan sa tao, lugar, hayop, bagay
	AL	<ul style="list-style-type: none"> FIAL-IIc-2 Natutukoy ang pamagat, may-akda, tagaguhit ng aklat o kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIa-3 Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggan kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2 Nagagamit ng wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, bagay, lugar, hayop, bagay at pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Pangngalan
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Pangngalan
	PU	<ul style="list-style-type: none"> FIPU-IIa-1.1-c-1.2.; 1.2a Nakakasulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra; Nakasulat ng malalaki at maliliit na letra 	<ul style="list-style-type: none"> Pangngalan
4	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2 Nagagamit ng wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, bagay, lugar, hayop, bagay at pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Pangngalan
	KP	<ul style="list-style-type: none"> FIKP-IIc-2 Nabibilang ang mga salita sa isang pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Pangugusap

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan gamit ito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwentong babasahin 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwentong papakinggan batay sa pagkakagamit ng mga ito sa pangungusap
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng aktuwal na bagay o larawan ng mga gulay at paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng pangngalan ng mga ito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa pangngalan ng aktuwal na bagay o larawan ng mga gulay na ipakikita ng guro
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa pamagat, may-akda, at tagaguhit ng aklat o kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa mga pamagat, may-akda at tagaguhit ng aklat o kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa pagtalakay sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong ng guro tungkol sa kuwentong napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa kahulugan at gamit ng pangngalan Paghikayat sa mga mag-aaral na magbigay ng halimbawa ng pangngalang pantangi 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng mga halimbawa ng pangngalang pantangi
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtalakay ng pagkakaiba ng pangngalang nakasulat sa pisara 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng ideya tungkol sa pagkakaiba ng mga pangngalang isinulat ng guro sa pisara
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa kanilang pagsasanay sa pagsipi 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsipi ng wasto sa mga salita na nasa talahanayan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa kasarian ng pangngalan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy at pagbibigay ng mga halimbawa ng mga pambabae at panlalaking pangngalan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbilang ng mga salita sa pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbilang ng salita sa pangungusap

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
5	KP	<ul style="list-style-type: none"> F I KP-IIc-2 Nabibilang ang mga salita sa isang pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Pangungusap
	PL	<ul style="list-style-type: none"> F I PL-0a-j-4 Napahahalagahan ang mga tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa usapan at gawaing pampanitikan 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> F I PN-IIc-6 Naiguguhit ang naibigang bahagi ng napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>
	PU	<ul style="list-style-type: none"> F I PU-IIa-1.1-c-1.2.; 1.2a Nakakasulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra; Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral;
KP – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan;
PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapabilang sa mga mag-aaral sa mga salita sa pangungusap na babanggitin 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbilang sa mga salita sa pangungusap na babanggitin ng guro
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay ng tanong tungko sa kuwentong binasa at paghikayat sa mga mag-aaral na sagutin ang mga ito 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa napakinggang kuwento
<ul style="list-style-type: none"> • Papapaguhit sa mga mag-aaral ng pinakagusto nilang bahagi ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagguhit ng pinakagustong bahagi ng napakinggang kuwento
<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapasipi sa mga mag-aaral ng mga salitang nakasulat sa pisara 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsipi ng wasto sa mga salitang nakasulat sa pisara

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIWG-IIc-f-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Balikan ang takdang-aralin na pinagawa sa mga bata noong nakaraang Biyernes. Ito ang magiging batayan ng bahaginan sa araw na ito.



Sabihin: Para sa ating bahaginan ngayong araw, maglalahad tayo tungkol sa iba't ibang gulay na alam natin, kinain natin, o nakita natin sa palengke, sa ating bakuran, o sa ating komunidad. Itinakda ko ito sa inyo noong nakaraang Biyernes. Sino ang nais manguna sa bahaginan? Maaari ninyong gamitin ang alinman sa halimbawang panimula sa sinulat ko dito sa pisara. Babasabin ko:

Ang mga gulay na alam ko ay ang _____.
 _____, _____ at _____ ang mga gulay na kinakain ko.
 Nakita ko na ang mga gulay na _____.

Tumawag ng tatlong mag-aaral para sa kanilang paglalahad. Isulat sa pisara ang mga pangalan ng gulay na binanggit nila.

KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara



2

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

a. Mga Salitang Gulay

Palawigin pa ang talakayan ukol sa mga gulay na binanggit ng mga bata sa bahaginan at inilista ninyo sa pisara.

Tanungin ang buong klase kung sino ang may alam sa mga gulay sa listahan. Tumawag ng ibang bata na magbabahagi tungkol sa mga gulay. Upang tulungan sila sa pagbuo ng ideya na makapagpapaliwanag tungkol sa isang partikular na gulay, pumili mula sa mga posibleng tanong sa ibaba:

- *Ano ang lasa/kulay/hugis ng gulay na ito?*
- *Saang lutuin ginagamit ang gulay na ito?*

Ipaliwanag sa mga bata na ang ginawang pagtatanong at pagbabahagi tungkol sa mga partikular na gulay ay isang paraan upang mas maintindihan ang isang salita.

Bukod sa pagtatanong at pagtalakay sa mga katangian o gamit ng isang salita, isa pang paraan para malaman ang kahulugan ng salita ay ang pag-ugnay ng salitang narinig sa aktuwal na bagay o sa larawan nito.

Ilabas ang mga aktuwal na gulay o ang mga larawan ng sumusunod: **repolyo, broccoli, petsay, gisantes, zucchini, letsugas, kintsay.**

Palapitin ang mga bata sa mesa kung saan nakalagay ang mga gulay. Tanungin ang mga bata kung alam nila ang **pangalan** ng alinman sa mga gulay na nakikita nila.

- Kapag may nakasagot nang tama, ilagay ang piraso ng papel na nagsasaad ng pangalan ng gulay sa tabi ng kaugnay nitong gulay/larawan.
- Itanong ang buong klase: ano nga ulit ang pangalan ng gulay na ito? Sabay sabay ninyo ngang sabihin?
- Gawin ang kaparehong proseso sa lahat ng gulay o larawan at sa lahat ng piraso ng papel na may pangalan ng gulay.

Kapag naiugnay na ang lahat ng salita sa katapat nitong gulay, tumawag ng pitong bata. Ipahawak sa bawat bata ang isang gulay/larawan. Tulungan silang sabihin ang pangalan ng gulay habang ipinapakita ito sa buong klase. (*Halimbawa: Ito ay repolyo. Ito ay zucchini.*)

Sabihin: *Pinag-aralan natin ang pangalan ng mga gulay na ito dahil marinig natin ang mga salitang ito sa babasahin kong kuwento bukas. Mayroon pang ibang salita mula sa kuwento na ipakikilala ko sa inyo ngayon.*

b. Pagbibigay Kahulugan sa Karagdagang Salita Mula sa Kuwento

Ipaskil ang listahan ng sumusunod na mga salita: **sikat, walang makakaparis, kay yabang, pinakamagaling**

Sabihin: *Ang mga salita na ipinares natin sa mga gulay kanina ay mga salita na nagbibigay ngalan o pangngalan. Ang mga salita namang nakalista dito sa pisara ay mga salitang naglalarawan o nagpapakita ng katangian ng mga bagay. Gagamitin ko ang mga salitang ito sa pangungusap. Subukan ninyong hulaan kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito. Humarap kayo sa inyong katabi pagkatapos kong basahin ang pangungusap at pag-usapan ninyo kung ano sa tingin ninyo ang ibig sabihin ng salitang nasa listahan.*

Isa-isang basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Maglaan ng isang minuto matapos ninyo basahin ang bawat pangungusap para mapag-usapan ng magkapatres ang salita.

TALAAAN



KAGAMITAN

Larawan o tunay na gulay na nabili sa palengke:

repolyo, broccoli, petsay, gisantes, zucchini, letsugas, kintsay

Mga pangalan ng gulay na isa-isang nakasulat sa maliliit na piraso ng papel: repolyo, broccoli, petsay, gisantes, zucchini, letsugas, kintsay

Listahan ng salita mula sa kuwento: sikat, walang makakaparis, kay yabang, pinakamagaling

Mga pangungusap na gamit ang mga target na salita, nakasulat sa manila paper o sa pisara.



TALAAN



BRIDGING

Bahagi ng proseso ng pag-intindi sa isang salita ang pag-uugnay nito sa salita para dito sa Mother Tongue. Kung sa pagsagot sa tanong ay gumamit ang mga bata ng salita sa Mother Tongue, hindi ito dapat sabihing mali. Sa halip, maaaring sabihin ng guro: “Oo, ang salitang ____ sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay katumbas ng _____. Ano pa kaya ang ibang salita sa wikang Filipino na kahawig o kaugnay ng salitang ito?”

Matapos ang isang minuto, tumawag ng isang bata para maglahad ng kanilang ideya tungkol sa kahulugan ng salita. Kung kulang pa sa tatas ang pananalita ng mga mag-aaral, maaaring dugtungan, palawakin, o isuma ang kanilang sagot upang maging klaro sa buong klase ang kahulugan ng bawat salita. (*Halimbawang pagdudugtong sa sagot ng bata: Oo, ang isang taong sikat ay maraming tagabanga. Kapag sinabing sikat ka, ikaw ay kilalang-kilala ng halos lahat ng tao. Sino pa ang ibang alam ninyong personalidad na sikat?*)

Pangungusap 1: Si Manny Pacquiao ay isang sikat na boksingero.

Posibleng sagot: kilalang-kilala, tanyag

Pangungusap 2: Walang makakaparis na boksingero sa dami ng titulo at panalo ni Manny Pacquiao.

Posibleng sagot: bukod-tangi, nag-iisa sa mundo, mahirap pantayan ang kagalingan

Pangungusap 3: Kay yabang niya! Akala mo kung sino, nakakuha lang ng kaunting pera.

Posibleng sagot: mapagmalaki, masyadong bilib sa sarili, hambog

Pangungusap 4: Pinakakanta ng Lupang Hinirang si Elenita dahil siya ang pinakamagaling sa pag-awit.

Posibleng sagot: pinakamahusay, nangunguna sa lahat

Sumahin ang diskusyon. Balikang muli ang listahan at magpatulong sa mga bata sa pagbanggit ng napagkasunduang kahulugan para sa bawat salita.

3

PAGTATAPOS

Ibigay ang takdang-aralin: Kausapin ang isang kapamilya o kaibigan at tanungin sila kung ano sa tingin nila ang pinakamagaling na gulay at kung bakit nila ito gusto. Isipin rin kung ano ang pinakamagaling na gulay para sa inyo. Maghandang ibahagi ito sa klase bukas.

MGA LAYUNIN

- **FIAL-IIc-2** Natutukoy ang pamagat, may- akda, tagaguhit ng aklat o kuwento
- **FIPN-IIa-3** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento

ARAW

2

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

1

Tumawag ng 2-3 mag-aaral (o higit pa kung malaki ang klase) para magbahagi tungkol sa kanilang ginawang takdang-aralin.

Sabihin: *Tinanong ninyo ba ang isang miyembro ng inyong pamilya kung ano sa tingin nila ang pinakamagaling na gulay at kung bakit nila nasabi ito? Ito ang paksa ng ating bahaginan ngayong araw. Maaari ninyong gamitin itong halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasahin ko:*

Ayon sa aking ____ (tatay/nanay/kapatid), ang pinakamagaling na gulay ay ang ____ dahil ____.

Kung kailangan pa ng dagdag na suporta sa pagbabahagi, maaari rin kayong magbigay ng sarili ninyong pangungusap.

Halimbawa: Ayon sa aking kapatid, ang pinakamagaling na gulay ay ang kalabasa dahil mabuti ito para sa ating mata.

Tawagin ang 2-3 mag-aaral na hindi pa nakapaglalahad sa buong klase. Bigyan sila ng tulong kung kinakailangan.



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

PAGHAHANDA SA PAGBASA NG KUWENTO

2

a. Paghawan ng Balakid

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbalik-aral sa mga salitang pinag-aralan na. Ipaskil ang mga piraso ng papel na may pangalan ng mga gulay (repolyo, broccoli, petsay, gisantes, zucchini, letsugas, kintsay) at ang listahan ng mga salitang pang-larawan (sikat, walang makakaparis, kay yabang, pinakamagaling).

Sabihin: *Kabapon, marami tayong salitang pinag-aralan na may kinalaman sa babasahin kong kuwento ngayong araw. Balikan natin sandali ang mga salitang ito.*

Isa-isang ipakita ang mga gulay/larawan ng gulay at tanungin ang klase kung ano ang pangalan nito. Ituro ang salita sa pisara at basahin ito kapag nabigay ang tamang sagot.

Para sa mga pang-larawan na salita, basahin ang bawat isa at tanungin ang klase kung ano ang kahulugan nito. Maaari ding tanungin kung sino/ano sa tingin nila ang maaaring ilarawan o iugnay sa salitang ito.



KAGAMITAN

Ang Kuwento ni Binibining Repolyo

TALAAN

b. Pagganyak

Ipakita sa klase ang isang tunay na repolyo. Ipasa ito sa mga bata at hayaang hawakan at pagmasdan nila ito.



Sabihin: *Ang babasabin kong kuwento ngayon ay tungkol sa isang repolyo. Pagmasdan ninyo nga ang repolyo. Anong bagay ang kahawig nito? Nakakain na ba kayo nito? Ano ang lasa nito? Ano pa ang masasabi ninyo tungkol sa repolyo?*

(Isang alternatibong pagganyak kung wala kayong tunay na repolyo sa klase: *Ang babasabing kong kuwento ngayon ay tungkol sa isang gulay. Ano ang paborito ninyong gulay? Bakit ninyo ito gusto?*)

c. Pagganyak na Tanong

Sa kuwento natin ngayon, alamin natin: ano ang mga bagay na ipinagmamalaki ng ating bidang gulay?

d. Bago Basahin ang Kuwento



Sabihin: *Ang pamagat ng ating kuwento ay 'Ang Kuwento ni Binibining Repolyo.' Tinawag na Binibini ang repolyo. Ano kaya siya: babae o lalaki?*

Ang kuwentong ito ay isinalin sa Filipino ni Angie Rivera mula sa orihinal na Ingles ni Serene Wee. Ang tagagubit ng mga larawan ay si Conrad Raquel.

Tingnan ang pabalat ng ating libro. Ano ang nakikita ninyo sa larawan? Bukod kay Binibining Repolyo, ano pa ang nakikita ninyong gulay dito sa pabalat?

3

HABANG BINABASA ANG KUWENTO

Basahin ang kuwento nang may damdamin at ekspresyon. Dahil may tugma ang pagkakasulat, bigyan ng akma ng diin at daloy ang pagbabasa.

Upang lalong ma-engganyo ang mga bata at mapalalim ang kanilang pag-intindi, huminto matapos basahin ang teksto sa mga itinakdang pahina aklat at itanong ang sumusunod:

Huminto sa p. 2



Sabihin: *Mayabang daw ang bida sa ating kuwento. Bakit kaya ito nasabi ng may-akda? Ano kaya ang mga pagyayabang na gagawin ni Binibining Repolyo? Sige, tingnan natin kung tama ang mga hula o prediksiyon ninyo.*

Huminto sa p. 5



Sabihin: *Pagmasdan ninyo ang larawan. Ano-ano ang nagpapakita rito sa larawan na napakaingay ni Binibining Repolyo?*

Huminto sa p.8

Sabihin: *Ayon kay Binibining Repolyo, siya ay Reyna ng Calcium. Narinig ninyo na ba ang salitang “calcium”? Pampalakas ito ng buto. Ano pa ang ibang pagkain na nagpapalakas ng buto?*

Huminto sa p. 10

Sabihin: *Dito naman ipinagyabang ni Binibining Repolyo na siya ang Reyna ng Luntian. Ano ang nagpapakita ng pagka-reyna niya dito sa larawan? (Posibleng sagot: nakasuot ng korona, nakaupo sa trono, may hawak na scepter)*

Huminto sa p. 11

Sabihin: *Narinig na ba ninyo ang ekspresiyong “lumaki na ang ulo?” Madalas itong sabihin tungkol sa mga taong masyado nang mayabang o sobrang mataas ang pagtingin sa sarili. Ano kaya ang mangyayari sa ulo ni Binibining Repolyo kung ito ay lumalaki nang lumalaki?*

Huminto sa p. 12

Sabihin: *May bago tayong tauban. Ano kaya ang trabaho ni Manong Tong? Ano ang tawag sa mga nagtatanim ng gulay?*

Huminto sa p.

Sabihin: *Ano ang nangyari kay Binibining Repolyo? Saan kaya siya dadalhin ni Manong Tong?*

PAGTALAKAY SA KUWENTO

4

Talakayin ang kuwentong binasa. Pumili mula sa sumusunod na tanong:

- Paano ninyo ilalarawan ang ugali ni Binibining Repolyo?
- Ano-ano ang mga ipinagyabang ni Binibining Repolyo?
- Totoo ba ang mga sinasabi niya tungkol sa kaniyang sarili, o opinyon lamang niya? Paano natin malalaman kung isang katotohanan o isang opinyon lamang ang isang bagay? (Posibleng sagot: Kapag katotohanan, may prumeba o katibayan na nagpapatunay dito kaya't hindi na pinagtatalunan. Kapag opinyon, posibleng maraming iba pang pananaw na kontra o kaiba dito.)

PAGTATAPOS

5

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso sa mga mag-aaral. Batay sa lakas ng kanilang palakpak, (malakas na malakas kapag lubusang sumasang-ayon, mahina ang palakpak o walang palakpak kung di sumasang-ayon) ipakikita nila ang kanilang pagsang-ayon sa sumusunod na pangungusap:

TALAAN

TALAAAN

- Masayang kausap si Binibining Repolyo.
- Magandang pag-uugali ang pagiging masyadong mayabang.
- Ang repolyo ang pinakamagaling na gulay sa balat ng lupa.
- Naibigan ko ang kuwento ni Binibining Repolyo.

ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FIWG-IIc-f-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari
- **FIPS-IIc-3** Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari
- **FIPU-II a-1.1-c-1.2.; 1.2a** Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra; Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Ang tema para sa linggong ito ay mga hayop at halaman at ang naitutulong nila sa kalikasan. Gamiting lunsaran ang kuwentong tinalakay kahapon para sa bahaginan tungkol sa temang ito.



Sabihin: *Kahapon, nakinig kayo sa 'Kuwento ni Binibining Repolyo'.*

Marami ring ibang gulay sa binasa kong kuwento. Ang gulay ay isang uri ng halaman. Ano pa ang ibang uri ng halaman na alam ninyo? Ano ang naitutulong ng halamang ito sa atin? Ito ang pagbabahaginan natin ngayon. Pag-isipan nga natin sandali.



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

Tatawag ako ngayon ng tatlong mag-aaral na magbabahagi ng kanilang ideya tungkol sa mga halaman at kung paano ito nakakatulong sa atin. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat sa pisara. Babasahin ko:

Isang uri ng halaman ay ang _____. Nakatutulong sa atin ang _____ dahil _____.

Upang magbigay ng dagdag na tulong sa mga bata, magbigay ng sarili ninyong paglalahad. Halimbawa: Isang uri ng halaman ay ang mga halamang bulaklak. Nakatutulong sa atin ang bulaklak dahil binibigyang kulay nito ang kapaligiran.

Tumawag ng tatlong mag-aaral na hindi pa nakapaglalahad sa harapan ng klase.

PAGPAPAKILALA SA KONSEPTO: PANGNGALAN

2

TALAAN

Gamitin ang kuwento bilang springboard sa pagtalakay ng mga pangngalan.

Sabihin: *Sa kuwento natin kahapon, marami tayong nakilalang tauhan—gulay man o tao. Sino ang makababanggit ng ilan dito?*

Gamitin ang mga larawan sa libro upang makuha mula sa mga bata ang mga tauhan at iba pang pangngalan sa kuwento. Ilista ang mga binanggit nilang pangngalan sa dalawang hanay. Sa isang hanay ay ang mga pangngalang isinusulat gamit ang malaking letra (pangngalang pantangi); sa kabilang hanay ang iba pang pangngalan.

Halimbawa:

Binibining Repolyo	gisantes
Manong Tong	kangkong
	kintsay
	zucchini

Ipatukoy sa mga bata kung ano ang napapansin nila tungkol sa pagkakasulat ng pangalan ni Binibining Repolyo/Manong Tong sa isang hanay, at ng iba pang pangngalan ng gulay sa kabilang hanay.

Ipatatid sa mga bata na may mga pangngalan na maaaring tumukoy sa isang partikular na tao, lugar, o tatak ng bagay. Hindi mo maipagkakamali kung sino o ano ang tinutukoy kapag ganitong klaseng pangalan ang ipinantawag. Ang mga pangalang ganito ay ginagamitan ng malaking letra sa simula ng kanilang pagkakasulat.

Palawigin pa ang diskusyon sa pamamagitan ng ilang halimbawa.

Sabihin: *Kapag may narinig kayong tumawag ng “bata!” sino sa inyo ang mag-iisip na kayo ang tinatawag? Itaas ang kamay. Pero kapag ang pinantawag ay isang tiyak na pangalan, tulad ng “Bartolome!,” sino sa inyo ang mag-iisip na kayo ang tinatawag?*

Gayundin, kapag sinabing “pumunta ka sa park,” hindi mo masisiguro kung aling park ang tinutukoy. Pero kapag sinabing pumunta ka sa Rizal Park, alam mo kaagad kung saan ka pupunta.

Ang mga pangalangang katulad ng Bartolome, o Binibining Repolyo, o Mang Tong, o Rizal Park, ay tumutukoy sa iisa o natatanging tao, lugar o bagay. Ipinapakita ang pagkakaiba ng mga pangngalang ganito sa pamamagitan ng paggamit ng malaking letra sa unahan ng kanilang pagkakasulat.

Magsasabi ako ng ilang mga pangngalan. Sabihin ninyo sa akin kung paano ko sila dapat isulat—malaking titik sa simula, o maliit na titik sa kabuuan? Kung ang sagot ninyo ay malaking titik, itaas ang inyong binlalaki. Makinig kayong mabuti sa mga pangalang sasabihin ko.

KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

BRIDGING

Ang konsepto ng pangngalan ay pinag-aralan na sa Mother Tongue. Palakasin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit nito at magpokus sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral.

TALAAAN



Sabihin ang sumusunod na pangngalan, pansinin kung tama o mali ang sagot ng mga bata, at isulat ang tamang porma ng bawat salita sa pisara: **babae, aso, Mount Apo, Chocolate Hills, kapitan, Kapitan Tiago, simbahan, paaralan.** Maaari rin kayong gumamit ng iba pang pangngalan na mas pamilyar o mas angkop para sa inyong lugar.

3

PAGSASANAY

Magbigay ng dagdag na pagsasanay sa pagtukoy ng mga pangngalang dapat isulat nang may malaking letra. Kung kulang na sa oras, pumili ng isa mula sa dalawang mungkahing gawain sa ibaba.

- a. **Magpaskel ng isang manila paper na may dalawang hanay.**
Nakasulat sa hanay sa kaliwa ang sumusunod: kainan, guro, paaralan, kaklase.



Sabihin: *May mga sasabihin akong pangngalan na maaaring tumukoy sa maraming posibleng tao, lugar o bagay. Bibigyan ninyo ako ng pangngalan na magbibigay linaw kung sino o anong partikular na tao, lugar o bagay ang tinutukoy.*

Matapos sabihin ang bawat salita sa kaliwang bahagi ng talahanayan, bigyan ng kaunting panahon ang klase bago tumawag ng sasagot. Isulat sa tamang porma ang ibinigay na pangalan sa kanang bahagi ng talahanayan.

Ganito ang isang posibleng kalabasan ng pagsasanay na ito:

kainan	Fely's Carinderia
guro	Binibining Cruz
paaralan	Mababang Paaralan ng Francisco Balagtas
kaklase	Sara Jane Cruz

Ipasipi sa mga bata ang talahanayan upang masanay sila sa pagporma ng malalaki at maliit na titik.

- b. **Ilista ang sumusunod na pangalan ng mga gulay sa pisara, sa isang hanay:** petsay, letsugas, talong, ampalaya. Sabihin sa mga bata na mag-iimbento sila ng mga pangalang pantao na nagsisimula sa kaparehong letra ng gulay sa listahan

Halimbawa, kung ang nakalista ay kangkong, mag-iisip sila ng pangalan ng tao na nagsisimula rin sa tunog /k/ at letrang K, tulad ng Karlo. Ipagsasama nila ang pangalan ng tao at pangalan ng gulay upang bumuo ng isang gulay na karakter.

Sabihin ang unang gulay sa listahan at tulungan ang mga batang tukuyin kung ano ang unang titik at tunog. (*Halimbawa, sabihin: Petsay. Ano ang unang titik sa salitang petsay? Ano ang tunog ng titik P? Mag-isip nga kayo ng pangalan ng tao na nagsisimula sa tunog na ito.*) Isulat ang mababanggit na pangalan sa kanang bahagi ng talahanayan. Gawin ang ganitong mga hakbang para sa bawat gulay sa listahan.

Ganito ang isang posibleng kalabasan ng pagsasanay na ito:

petsay	Patricia Petsay
letsugas	Luisa Letsugas
talong	Tomas Talong
ampalaya	Andres Ampalaya

Hayaang pumili ang bawat bata ng isang karakter na gulay mula sa hanay sa kaliwa. Ipasipi ang pangalan ng karakter na napili nila sa kanilang kuwaderno. Ipaguhit sa kanila kung ano ang naiisip nilang itsura ng napili nilang karakter.

PAGTATAPOS

4

Bilang takdang-aralin, atasan ang mga bata na magdala ng mga babasahin na may mga litrato o larawan ng mga kilalang tao. Alamin nila mula sa nakatatanda sa kanilang bahay kung ano ang pangalan ng tao sa litrato.

MGA LAYUNIN

- **FIWG-IIc-f-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari
- **FIKP-IIc-2** Nabibilang ang salita sa isang pangungusap

ARAW

4

PANIMULANG GAWAIN

I

a. Pag-awit ng “Bahay Kubo”

Ipaskil ang titik ng awiting “Bahay Kubo” sa pisara. Ipakilala sa mga bata ang kanta at iugnay ito sa tema para sa linggo: mga halaman. Sabay-sabay na awitin ang kanta.

TALAAAN



KAGAMITAN

1. Lyrics ng kantang Bahay Kubo na nakasulat sa manila paper o pisara
2. Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

b. Bahaginan

Gamitin ang awiting “Bahay Kubo” bilang lunsaran para sa bahaginan ngayong araw. Tumawag ng tatlong mag-aaral na magbabahagi kung aling halaman na nabanggit sa awitin ang kanilang paborito at bakit. Maaari nilang gamitin ang halimbawang panimula sa ibaba. Basahin ito para sa klase matapos ipaliwanag ang paksa ng bahaginan.

Ang paborito kong halaman mula sa kantang “Bahay Kubo” ay ang _____ . Paborito ko ang _____ sapagkat _____ .

Magbigay ng sariling pangungusap gamit ang halimbawang panimula. Halimbawa, maaari ninyong sabihin: *Ang paborito kong halaman mula sa mga nabanggit sa kantang “Bahay Kubo” ay ang singkamas. Paborito ko ang singkamas sapagkat malutong at matamis ito.*

Hayaang magbahagi sa harap ng klase ang tatlong napiling mag-aaral na hindi pa nakapaglalahad nitong mga nakaraang araw o linggo.

2

PAGBALIK-ARAL



KAGAMITAN

Talahanayan na nakasulat sa manila paper o pisara

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbalik-aral sa mga pangngalan na kailangang isulat na gamit ang malaking letra sa simula nito.



Sabihin: *Marami tayong narinig na pangalan sa awiting “Bahay Kubo”. Tinutukoy ng mga pangalan kung ano ang tawag sa mga tao, bagay, hayop, o lugar. Magbanggit nga kayo ng ilang pangalan na narinig ninyo sa kantang “Bahay Kubo”.*

Ituro sa manila paper na may titik ng “Bahay Kubo” ang mga babanggiting pangngalan ng mga bata.



Sabihin: *Kahapon, napag-usapan natin na may mga pangalan na tumutukoy sa isang partikular na tao, lugar, tatak, o karakter. Ang ganitong mga pangalan ay sinusulat gamit ang malaking letra sa simula. Ano ang napapansin ninyo sa pagkasulat ko ng mga salitang ito mula sa “Bahay Kubo”? Mayroon ba ditong nakasulat na may malaking titik?*

Kung may nakasulat na malaking titik na pangngalan dahil nasa simula ng pangungusap/linya ng kanta, ipaliwanag na ang dahilan kung bakit malaking titik ang gamit dito ay hindi dahil tumutukoy ito sa iisang bagay, kundi dahil nasa simula ito ng pangungusap/linya.

Ipakita ang talahanayan sa ibaba. Ipaalala sa mga bata na gumawa sila ng katulad na talahanayan kahapon. Tanungin ang mga bata kung bakit maliit na titik ang pagkakasulat ng mga pangngalan sa kaliwa. (Posibleng sagot: hindi ito tumutukoy sa iisang partikular na petsay.) Tanungin din kung bakit naging malaking titik na ang pagkakasulat



BRIDGING

Sa pagtalakay ng kasarian, tulungan ang mga bata na iugnay ang konsepto ng pambabae at panlalaking pangalan sa mga katumbas na salita sa Mother Tongue. Huwag bastang isalin ang mga salitang pambabae o panlalaki, o ang mga salitang tulad ng nanay-tatay, ate-kuya—hayaang ang mga bata ang magsabi nito.

ng mga gulay na ito sa hanay sa kanan. (Posibleng sagot: Dahil naging pangalan ng karakter na gulay nang dinagdagan ng pangalang pantao.)

TALAAN

petsay	Patricia Petsay
letsugas	Luisa Letsugas
talong	Tomas Talong
ampalaya	Andres Ampalaya

Ituro habang binabasa ninyo ang mga pangngalan sa kanang hanay.

Tanungin ang mga bata: *Masasabi ba natin kung ang mga pangngalan sa kanang hanay ay mga babae o mga lalaki? Paano masasabi kung babae o lalaki ang isang karakter? Si Binibining Repolyo ba ay babae o lalaki?*

Tumawag ng ilang bata na nais sumagot sa mga tanong.

PANGNGALAN AT KASARIAN (BABAE O LALAKI?)

3

Sabihin: *Ang mga karakter na ibinabatay sa mga pangalan ng tao—tulad ng mga karakter na nakalista rito—ay kadalasang may kasarian. Ibig sabihin, masasabi natin kung sila ay babae o lalaki.*

Mayroon ding mga pantawag--katulad ng binibini, ginoo, ginang—na tumutukoy kung ang pangalan ay babae o lalaki. Kaya natin nalaman na si Binibining Repolyo ay isang babae. Mula sa dugtong na tawag na “Binibini,” naintindihan natin na siya ay babae.

petsay	Patricia Petsay	
letsugas	Luisa Letsugas	
talong	Tomas Talong	
ampalaya	Andres Ampalaya	

Isa-isahin ang bawat pangalan at tanungin ang mga bata kung ang karakter ay babae o lalake at bakit. Hintaying sabihin nila na ang mga gulay na may pambabaeng unang pangalan, tulad ng Patricia at Luisa, ay mga babae. Ang mga karakter naman na may panlalaking unang pangngalan ay mga lalaki. Isulat sa talahanayan ang kasarian ng bawat karakter.

Sabihin: *Mga pangalan lang ba ng karakter o partikular o natatanging tao ang natutukoy kung babae o lalaki? Ano pa ang ibang uri ng pangalan na masasabi natin kung babae o lalaki? Halimbawa, sa mga miyembro ng*

KAGAMITAN

Listahan ng mga miyembro ng pamilya: *nanay-tatay, lola-lolo, ate-kuya, tiya-tiyo, kapatid, pinsan, kamag-anak*

TALAAAN

pamilya, masasabi ba natin kung sino ang babae o lalaki? Subukan natin ang mga salita dito sa ating listahan. Babasahin ko sa inyo:

- nanay - tatay
- lola - lolo
- ate – kuya
- tiya – tiyo



Sabihin: Alin sa mga ito ang pambabae at aling ang panglalaki?

Sabihin: Tingnan naman natin ang mga sumusunod na salita. Masasabi ba natin kaagad kung babae o lalaki ang tinutukoy?

- kapatid
- pinsan
- kamag-anak



Sabihin: Sa mga salitang tulad ng kapatid o pinsan, hindi tiyak kung sila nga ay babae o lalaki. Malalaman lamang natin kapag makita natin ang tinutukoy na kapatid, o kung dagdagdan ng pangalan matapos ang mga salitang ito na makapagsasabi kung babae o lalaki ang tinutukoy. (Halimbawa: ang kapatid niyang si Bong, ang pinsang kong si Rita, kapatid na babae, pinsan na lalaki)

4

PAGSASANAY

a. Pagtukoy ng “Babae” at “Lalaki”



Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng tatlong larawan ng kilalang tao o mga larawan ng tao mula sa mga patalastas sa diyaryo. Ihahanay nila sa kanilang kaliwa ang mga babae at sa kanilang kanan ang mga lalaki. Pag-uusapan din nila kung ano ang pangalan ng taong nasa litrato. Bigyan sila ng tatlong minuto para sa gawaing ito.

Tawagin ang pansin ng mga pangkat makalipas ang tatlong minuto.

Sabihin: Tatawagin ko ang bawat pangkat. Ipakita ninyo sa buong klase ang hawak ninyong larawan, sabihin ang pangalan ng tao sa inyong larawan, at sabihin kung babae o lalaki ito. Habang nagbaababagi kayo sa klase, ililista ko rito sa talahanayan ang pangalan ng nasa larawan. Tulad ng nakasulat dito, ang mga babae ay ililista ko sa kaliwa at ang mga lalaki ay ililista ko sa kanan.



KAGAMITAN

1. Mga larawan ng babae at lalaki (mula sa dinala ng mga bata para sa kanilang takdang-aralin, o sariling mga larawan ng guro)
2. Talahanayan: Babae, Lalaki

Babae	Lalaki

TALAAN

Ilista ang mga pangalan sa talahanayan. Tulungan ang mga bata kung hindi nila kilala ang mga nasa larawan. Kung sadya namang hindi talaga maaaring makilala ang nasa larawan (halimbawa, larawan ng di-kilalang modelo sa isang patalastas), puwede itong bigyan ng imbentong pangalan para mailista sa talahanayan.

b. Pagbilang ng Salita sa Pangungusap

Pumili ng isang litrato mula sa bawat pangkat. Ipaskil ang apat na litrato sa pisara. Isulat ang panimulang ito sa pisara, katabi ng bawat litrato. Ipaghiwalay ang pagkakasulat ng dalawang pangungusap, katulad nito:

Ito si _____.

Siya ay isang _____.

Tulungan ang mga bata na punuin ang panimula para sa bawat litrato. Isulat ang pangngalan na ibibigay ng mga bata sa mga patlang. (*Halimbawa: Ito si Lea Salonga. Siya ay isang babae. Ito si Pangulong Noytoy Aquino. Siya ay isang lalaki.*)

Pagkatapos maisulat ang lahat ng pangungusap, basahin ang bawat isa at tulungan ang mga batang bilangin ang mga salita sa bawat pangungusap. Ilagay ang bilang ng salita sa tabi ng bawat pangungusap.

Kapag nabilang na ang lahat ng mga salita sa lahat ng pangungusap, tanungin ang mga bata kung aling mga pangungusap ang magkasingdami ang bilang ng salita. Tanungin din sila kung alin ang pinakamahabang pangungusap at alin ang pinakamaikli. Ipapansin sa mga bata kung aling pangungusap ang may pinakamataas na numero sa tabi nito, at pinakamababang numero sa tabi nito.

Tumawag ng bata at tulungan siyang sabihin kung ano ang pinakamahabang pangungusap sa pisara, gamit ang gabay na ito:

Ang pangungusap na may ___ salita ang pinakamahabang pangungusap sa pisara.

Tumawag ng bata at tulungan siyang sabihin kung ano ang pinakamaikling pangungusap sa pisara, gamit ang gabay na ito:

Ang pangungusap na may ___ salita ang pinakamaikling pangungusap sa pisara.

PAGTATAPOS

5

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso sa pagkakaintindi ng mga bata sa mga araling tinalakay. Ipaturo nang pataas ang kanilang hintuturo kung sa tingin nila ay tama ang pangungusap, at ipaturo nanag pababa kung sa tingin nila ito ay mali.

TALAAAN

Pagkatapos ng bawat tanong, tumawag ng isang bata upang magpaliwanag kung bakit niya itinaas o ibinaba ang kaniyang hintuturo.



Sabihin nang klaro ang sumusunod:

- *Ang mga pangangalang nanay, tiya, lola, at ate ay pambabae. Tama o Mali?*
- *Ang mga pangangalang Manny, Noynoy at ginoo ay panlalaki. Tama o Mali?*
- *Ang mga pangangalang pinsan at kapatid ay panlalaki rin. Tama o Mali?*
- *Maaaring bilangin ang mga salita sa pangungusap upang malaman kung mas mahaba ito o mas maikli kaysa sa iba pang pangungusap. Tama o Mali?*

ARAW

5

MGA LAYUNIN

- **FIKP-IIc-2** Nabibilang ang salita sa isang pangungusap
- **F IPL-0a-j-4** Napahahalagahan ang mga tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa usapan at gawaing pampanitikan
- **FIPN-IIc-6** Naiguguhit ang naibigang bahagi ng napakinggang kuwento
- **FIPU-IIa-1.1-c-1.2.; 1.2a** Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra; Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra

I

PANIMULANG GAWAIN: PAG-AWIT AT PAGBILANG NG SALITA SA PANGUNGUSAP

Ipaskil ang manila paper kung saan nakasulat ang titik ng awiting “Bahay Kubo”. Sabihin sa mga bata na aawitin muli ng buong klase ang kantang ito. Habang inaawit ang kanta, bibilangin ng lahat, gamit ang kanilang daliri, ang mga salita sa bawat pangungusap ng “Bahay Kubo”. Tumigil panandalian sa pag-awit sa pagtatapos ng bawat pangungusap upang magkasundo ang klase sa bilang ng salita.

Halimbawa, pagkatapos awiting ang unang pangungusap sa kanta (“Bahay Kubo”, kahit munti, ang halaman doon ay sari-sari.), pag-usapan kung ilan ang narinig nilang salita. (siyam ang salita sa unang pangungusap: isang salita lamang ang sari-sari.)

Gamitin ang mga salitang nakasulat sa manila paper upang patunayan na tama nga ang kanilang bilang. Gamitin din ang pagkakataong ito para ipamalas ang mga espasyo sa pagitan ng mga salita na naghihwalay ng mga ito sa loob ng isang pangungusap.



KAGAMITAN

I. Mga Pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

2

MULING PAGBASA NG KUWENTO

Basahin muli ang *Kuwento ni Binibining Repolyo*. Sa pagkakataong ito,

walang itatanong sa mga bata bago magbasa o habang nagbabasa. Magtatanong lamang ang guro ukol sa kuwento matapos ng pagbabasa.

Sabihin: Babasabin ko muli ang librong 'Ang Kuwento ni Binibining Repolyo'. Habang binabasa ko ang kuwento, pakinggan ninyong mabuti ang mga detalye pati na ang mga salitang pinag-aralan natin noong Lunes. Pagkatapos kong basabin ang kuwento, may ilan akong katanungan na sasagutan ninyo.

Pagkabasa ng kuwento, tanungin ang sumusunod:

- Dalawang beses na binansagan ni Binibining Repolyo ang sarili niya bilang reyna. Ayon sa kanya, reyna ng ano si Binibining Repolyo? (sagot: Reyna ng Calcium, Reyna ng Luntian)
- Ano-ano ang ibang mga gulay sa kuwento na sa paningin ni Binibining Repolyo ay hindi makapapantay sa kanya?
- Kung isa ka sa mga gulay na minalit ni Binibining Repolyo, ano ang mararamdaman mo? Ano ang isasagot mo sa kanya?
- Ano ang nangyari kay Binibining Repolyo sa katapusan ng kuwento?
- Ano kaya ang mangyayari kay Binibining Repolyo kapag may bumili na sa kanya?

PAGTATAYA

3

Sa bahaging ito, magsasagawa ng gawaing pagtataya ang guro ukol sa mga ilang mahahalagang napag-aralan sa linggong ito. Tatanungin ng guro sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata na palahad.

- **Gamitin sa sariling pangungusap ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): sikat, walang makakaparis, kay yabang, pinakamagaling, gisantes, letsugas, luntian, pambabae, panlalaki.**
- **Bilangin ang salita sa sasabihin kong pangungusap (basahin ayon sa pagkakasunod, pumili ng isang bata para sa bawat pangungusap):**
 - Ubod ng yabang ni Binibining Repolyo.
 - Wala siyang makitang maganda sa ibang gulay na kasama niya.
 - Tanging siya ang palaging pinakamagaling sa pananaw niya.
 - Lumaki nang lumaki ang ulo ni Binibining Repolyo.
 - Napansin ni Manong Tong ang paglago niya.
 - Kinuha siya ni Manong Tong mula sa bukid at ibinenta siya sa tindahan.

TALAAN



KAGAMITAN

Kuwento ni Binibining Repolyo

TALAAN

- Maglahad ng isang bagay na natutunan mo mula sa *Kuwento ni Binibining Repolyo*.
- Sabihin kung pambabae o panlalaki ang mga pangngalang ito: Manong Tong, nanay, kuya, Lola Basyang, Carlo, Carla, tatay, ate.
- Alin sa mga pangngalang ito ang hindi tiyak kung pambabae o panlalaki? (para sa bawat bata, pumili ng isang pares ng salita: isa mula sa mga di-tiyak na pangngalan at isa mula sa mga pangngalang pambabae/panlalaki)
 - Di tiyak: pinsan, anak, kapatid, kaklase, kaibigan
 - Pambabae/Panlalaki: lola, tiyo, ate, tatay, ginoo

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, nagsasanay naman ang ibang bata sa **pagguhit ng pinakagusto nilang bahagi ng kuwento at sa pagsipi ng salita na nakasulat sa pisara**. Ilan sa maaaring ipasipi sa mga bata ay ang sumusunod:

- si Binibining Repolyo
- Reyna ng Luntian
- si Manong Tong

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagbibilang ng salita, ngunit hindi pa lubusang nagagamit ang mga salita mula sa kuwento.

Suriin din ang pagporma ng mga bata ng letra sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

4

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin sa mga bata:

Tumulong sa pagluluto ng gulay at tanungin sa nakatatanda kung ano ang pangalan ng mga sangkap at kagamitang panluto. Pansinin din kung ano ang mga hakbang sa pagluluto ng gulay. Maghandang magbahagi tungkol dito sa susunod na linggo.


ARALIN

14

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA HAYOP AT HALAMAN (KALIKASAN)
KUWENTO: ANG KUWENTO NI BINIBINING REPOLYO



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG FILIPINO

YUNIT 2, ARALIN 14

Tema: Mga Hayop at Halaman (Kalikasan)

Kuwento: Ang Kuwento ni Binibining Repolyo

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan
1	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2 Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangngalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Awit: “Leron Leron Sinta”
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa awiting “Leron Leron Sinta”
2	PP	<ul style="list-style-type: none"> FIPP-IIId-3 Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga salita gamit ang mga pantig 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapantig
	KP	<ul style="list-style-type: none"> FIKP-IIId-3 Napapantig ang mga salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapantig
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa awiting “Leron Leron Sinta”
3	WG	<ul style="list-style-type: none"> Natutukoy ang aksyon na nangyayari sa pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Kilos
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIId-g-5 Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba’t ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Kilos

LEGEND: AK – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagkanta ng awit at pagtukoy ng mga pangngalan mula sa awit 	<ul style="list-style-type: none"> Pagkanta ng awit at pagtukoy sa mga pangngalan sa awit
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga bagong salita sa awit 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga bagong salita sa awit
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagdudugtong ng pantig 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagdudugtong ng pantig
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagpapantig ng mga salita mula sa awiting “Leron Leron Sinta” 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapantig ng mga halimbawang salita mula sa awiting “Leron Leron Sinta”
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa mga salitang natutunan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabalik-aral sa mga salitang natutunan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagpapantig ng mga salita mula sa awiting “Leron Leron Sinta” 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy ng isa o dalawang aksyon sa awiting “Leron Leron Sinta”
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagsasakilos ng ilang salitang kilos sa awiting “Leron Leron Sinta” 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsasakilos ng ilang salitang kilos sa awiting “Leron Leron Sinta”

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIIe-g-5 Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Kilos
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Kilos
	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIId- 1.1 Nakasusunod sa napakinggang panuto na may 1 hakbang 	<ul style="list-style-type: none"> Panuto
	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIId-8.1 Nakapagbibigay ng maikling panuto na may 1–2 hakbang 	<ul style="list-style-type: none"> Panuto
5	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPL -0a-j-3 Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kuwento ni Binibining Repolyo</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Kilos

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbibigay ng mga kilos o aksyon na kanilang ginagawa sa paaralan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng mga kilos o aksyon na kanilang ginagawa sa paaralan
<ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na sumali sa talakayan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng ideya tungkol sa kilos o aksyon ng kamag-aral para sa awiting “Leron Leron Sinta”
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng panuto na may 1 hakbang sa mga mag-aaral 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsunod sa ibinigay ng panuto ng guro
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa paggawa at pagbibigay ng maikling panuto na may 1-2 hakbang 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng maikling panuto na may 1-2 hakbang
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwentong binasa at sa pagtukoy sa motibo ng may-akda sa pagsulat ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa napakinggang kuwento at pagtukoy sa motibo ng may-akda sa pagsulat ng kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagguhit ng napiling aksyon sa awiting “Leron Leron Sinta” at pagsulat ng salitang kilos na kanilang iginuhit 	<ul style="list-style-type: none"> Pagguhit ng napiling aksyon sa awiting “Leron Leron Sinta” at pagsulat ng salitang kilos na kanilang iginuhit

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIWG-IIc-f-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangngalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Gabayan ang mga bata sa pagbabahagi tungkol sa itinakdang gawain noong nakaraang Biyernes.



Sabihin: *Noong nakaraang Biyernes, itinakda ko sa inyo na tumulong kayo sa pagluluto ng gulay sa inyong babay. Anong gulay ang inihanda ninyo? Nakapagtanong ba kayo tungkol sa pangngalan ng mga sangkap at kagamitan na ginamit sa pagluluto nito? Ito ang pagbabagabihinan natin ngayong umaga. Ikuwento sa inyong katabi ang niluto ninyo at ang mga sangkap na ginamit ninyo. Bibigyan ko kayo ng isang minuto.*

Ipaskel ang panggabay na panimula para sa pagbabahaginang habang nag-uusap ang mga bata. Matapos ang isang minuto, tawagin muli ang pansin ng mga bata.



Sabihin: *Ngayon naman, tatawag ako ng tatlong bata na magbabahagi tungkol sa kanilang karanasan dito sa harapan. Sa inyong paglalahad, maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakalagay dito sa pisara. Babasahin ko para sa inyo:*

Ang niluto naming gulay ay _____. Gumamit kami ng iba pang sangkap tulad ng _____, _____, at _____.

Kung kinakailangan pa ng suporta ng mga bata, magbigay ng sariling halimbawa, tulad ng: *Ang niluto naming gulay ay ampalaya. Gumamit kami ng iba pang sangkap tulad ng sibuyas, kamatis at itlog.*

Tumawag ng tatlong bata na hindi pa nakapagbabahagi sa harapan sa mga nakaraang linggo. Bigyan sila ng tulong sa paglalahad kung kinakailangan.

2

PAGBABALIK ARAL SA KUWENTO

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbalik-aral sa librong binasa noong isang linggo. Talakayin ang pamagat, may-akda, tagasalin, at tagaguhit. Magsagawa ng maikling “picture walk” o pagtalakay sa mga larawan ng aklat upang balikan ang pangyayari sa kuwento at pansinin ang mga detalye sa larawan. Gamitin ang sumusunod na tanong sa pagtukoy ng mga detalye sa larawan:



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara



KAGAMITAN

1. Aklat: *Ang Kuwento ni Binibining Repolyo*
2. Teksto ng awiting “Leron Leron Sinta”

TALAAN

Huminto sa p. 3

Sabihin: *Ano ang ginagawa ni Binibining Repolyo dito? Bakit kaya siya mabilig tumingin sa salamin? Ano kaya ang iniisip niya tungkol sa kaniyang sarili habang nakatingin siya sa salamin?*

Huminto sa p. 4

Sabihin: *Bakit kaya umiyak ang zucchini dito sa larawan? Ano kaya ang sinasabi ni Bb. Repolyo?*

Huminto sa p. 6

Sabihin: *Sino kaya itong mga nagbubuhay kay Bb. Repolyo habang sinasabi niya na sikat siya? (sagot: mga maliliit na repolyo) Bakit kaya siya nagpapabuhay sa iba?*

Huminto sa p. 9

Sabihin: *Alin sa mga maliliit na repolyo dito sa pabina ang dilaw? Alin ang luntian? Alin ang lila? (Lumapit sa mga bata para maituro nila ang tamang kulay)*

Huminto sa p. 11

Sabihin: *Ano-ano itong mga gulay sa ibaba na nakatingin sa paglaki ng ulo ni Bb. Repolyo? (sagot: kintsay, zucchini, letsugas, munggo—ipabatid sa mga bata ang kaugnayan ng mga salita sa pabina at ang larawan ng mga gulay na ito)*

Huminto sa p. 12

Sabihin: *Tingnan ninyo si Manong Tong dito. Bakit kaya nanlaki ang mata niya nang makita niya si Bb. Repolyo?*

Huminto sa p. 13

Sabihin: *Paano nag-iba ang ekspresyon ni Bb. Repolyo mula rito (ituro ang p.12) at dito (ituro ang p. 13)? Ano kaya ang nararamdaman ni Bb. Repolyo nang nakapatong na siya sa kariton ni Manong Tong?*

Huminto sa p. 15

Sabihin: *Nasaan na si Bb. Repolyo dito? Ano pa ang ibang gulay na nakikita ninyo dito sa tindahan?*

**PAGTUKOY NG MGA PANGNGALAN:
“LERON LERON SINTA”**

3

Ipagpatuloy ang pagtalakay sa mga pangngalan, gamit ang awiting “Leron Leron Sinta”. Ipaskel ang manila paper kung saan nakasulat ang sumusunod na titik ng awitin:

TALAAN

Leron, Leron, sinta,
buko ng papaya.
Dala-dala'y buslo,
sisidlan ng bunga.
Pagdating sa dulo,
nabali ang sanga.
Kapos-kapalaran,
humanap ng iba.

Halika na Neneng,
tayo'y manampalok.
Dalhin mo ang buslo,
sisidlan ng hinog.
Pagdating sa dulo'y
lalamba-lambayog.
Kumapit ka Neneng,
baka ka mahulog.

(Kung hindi pamilyar sa tono ng awiting ito, maaaring sumangguni sa <http://www.youtube.com/watch?v=firHRhLsprc>)



Sabihin: *Marami tayong natutuhang pangngalan ng mga gulay noong nakaraang linggo. Ngayon naman, aawit tayo ng isang kanta kung saan may ilang pangngalan ng prutas. Mayroon ding iba pang pangngalan ng tao at bagay na maririnig dito. Ang awit natin sa araw na ito ay “Leron, Leron Sinta”. Narinig ninyo na ba ang awit na ito? Kakantabin ko muna. Pakinggan ninyong mabuti at subukang tukuyin ang mga pangngalan na ginamit sa kanta.*

Pagkatapos awitin ang kanta, tanungin ang mga bata kung alin sa mga narinig nilang salita ay mga pangngalan. Salungguhitan ang mga pangngalan na babanggitin nila.

Awitin muli ang kanta, kasabay na ang mga bata. Lagyan ng aksiyon ang ilang salita:

- **buko ng papaya** (galawin ang parehong kamay at iguhit sa hangin ang hugis-papaya)
- **buslo** (ikorte ng pabilog na parang basket sa may baywang ang kanang kamay);
- **sisidlan** (galawin ang kaliwang kamay na parang naglalagay ng bunga sa basket);
- **pagdating** (galawin ang parehong braso na parang pumapanik ng puno);
- **nabali** (igalaw ang buong katawan nang pakanan);
- **humanap** (ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kilay na parang may hinahanap);
- **halika** (ikaway ang kamay na tila may pinapalapit);
- **lalamba-lambayog** (igalaw ng pakaliwa't pakanan ang buong katawan na parang nayuyugyog);

TALAAN

- **kumapit** (hawakan ang braso ng batang katabi gamit ang dalawang kamay);
- **mahulog** (igalaw ang buong katawan pababa na parang nalaglag)

Gabayan sila sa pagtukoy ng mga pangalan na maaaring hindi pa nila kilala sa pamamagitan ng pagtatanong. Halimbawa:

- *Ang pangalang “Leron” kaya ay para sa isang tao o isang bagay? Malaking titik ang nasa simula ng pangalan. Ano nga ang natutuhan natin tungkol dito noong nakaraang linggo?*
- *Nasusundan ang salitang Leron ng salitang “sinta.” Narinig ninyo na ba ang salitang ito? Kapag sinisinta mo ang isang tao, minamahal mo siya. (tulongan ang mga bata sa pag-unawa na pangalan ng lalaki ang Leron, at siya ay isang kasintahan o nobyo)*

Salungguhitan ang lahat ng pangngalan sa manila paper: **Leron, sinta, buko, papaya, buslo (2x), sisidlan (2x), bunga, dulo (2x), sanga, iba, Neneng.**

Isuma ang diskusyon tungkol sa mga pangalan sa awit; basahin habang itinuturo ang mga salitang may salungguhit sa manila paper.

Sabihin: *Sinalungguhitan ko ang lahat ng mga pangngalan dito sa kanta. Babasahin ko ang bawat isa. (Basahin habang tinuturo)*

*Alin sa mga salitang ito ang tumutukoy sa tao? (Leron, sinta, Neneng, iba)
Alin ang tumutukoy sa bagay? (buko, papaya, buslo, sisidlan, sanga) Alin ang tumutukoy sa lugar? (dulo)*

Awitin muli ang kanta nang may kilos, ngunit sabihin sa mga bata na lalakasan ninyo ang pagkanta pagdating sa mga pangngalan. Gabayan sila sa paggawa nito.



PAGTATAPOS

4

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso. Alamin kung lubusan nang naintindihan ng mga bata ang kahulugan ng mga pangalang tinalakay. Patayuin ang lahat ng bata.

- Tanungin kung sino ang makapagsasabi ng kahulugan ng lahat ng 11 pangalan sa kanta; paupuin ang lahat ng nagtaas ng kamay.
- Tanungin naman kung sino ang nakaiintindi sa higit pa sa kalahati ng mga pangalan; paupuin ang mga nagtaas ng kamay.
- Sa mga natitirang nakatayo, tanungin sila kung aling mga pangalan sa kanta ang hindi pa nila lubusang naiintindihan. Ilista ang mga salitang nabanggit sa inyong kuwaderno.
- Paupuin ang lahat ng bata. Sabihin sa klase na pagbabalik-aralan ninyo ang mga hindi pa lubusang naintindihang salita bukas.

ARAW

2

MGA LAYUNIN

- **FIPP-IId-3** Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga salita gamit ang mga pantig
- **FIKP-IId-3** Napapantig ang mga salita
- **FIPT-IId-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan

I

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT (“LERON LERON SINTA”)



KAGAMITAN

“Leron Leron Sinta” na nakasulat sa manila paper

Ipaalala sa mga bata ang kantung inawit kahapon. Ikabit ang manila paper para sa kantung “Leron Leron Sinta”. Sabihin sa mga bata na aawitin ninyo nang sabay-sabay ang kanta. Gagawin ninyo ang paggalaw at lalakanan ninyo ang pagkanta ng mga pangngalan (mga salitang may salungguhit).

2

PAGBABALIK-ARAL SA MGA SALITANG HINDI PA LUBUSANG NAIINTINDIHAN



KAGAMITAN

Listahan ng mga salitang hindi pa lubusang naiintindihan

Isulat sa pisara ang mga salitang nabanggit sa isinagawa ninyong pagtatapos kahapon, kung saan tinanong ang ilang bata kung aling mga salita sa kanta ang hindi pa nila lubusang naiintindihan.

Gabayan ang mga bata sa paglilinaw ng kahulugan gamit ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

- *Masdan natin ang mga salita na nakapalibot sa salitang ito. Ano kaya ang kaugnayan ng mga salitang ito sa salitang di pa natin lubusang naiintindihan? Mahuhulaan kaya natin kung ano ang posibleng ibig sabihin batay sa iba pang salita dito sa kanta?*
- *Para sa mga ilang salita, gugubit ako ng bagay dito sa pisara/ magpapakita ako ng larawan na maaaring makatulong sa pagtuklas ng klase sa ibig sabihin ng salitang ito. (Pagkagubit sa pisara, o pagkatapos ipakita ang larawan, pag-usapan kung ano ang ibig sabihin ng salita)*
- *Isa pang paraan upang malaman ang ibig sabihin ng isang salita ay ang pagtanong sa isang kaklase o kaibigan. Sino dito sa klase ang alam na ang ibig sabihin ng salitang ito? Maaari ba ninyong ilahad sa buong klase ang ibig sabihin ng salitang ito, o gamitin ito sa sariling pangungusap?*

Tapusin ang pagbabalik-aral sa pagsusuma ng kahulugan ng mga salitang tinalakay, at paggamit nito sa sariling pangungusap.

PAGPAPAKILALA NG KONSEPTO: PAGPAPANTIG

3

TALANAN

a. Pagpalakpak sa Bawat Pantig

Ipakilala sa mga bata ang konsepto ng pantig sa pamamagitan ng pagpalakpak sa bawat pantig ng “Leron Leron Sinta”.

Sabihin: *Kung pakikikinggan natin ang mga salita, maaari pa natin itong ibihalay sa mas maliliit na bahagi. Ang tawag sa mga babaging ito ay pantig. Kakantabin ko ang unang dalawang linya ng “Leron Leron Sinta”. Habang kinakanta ko ito, papalakpak ako sa bawat kaputol o bahagi ng salita. Pakinggan ninyo ang gagawin ko; gagawin ninyo rin ito pagkatapos ko.*

Awitin ang unang dalawang linya ng “Leron Leron Sinta” na may kasabay na palakpak sa bawat pantig.

Halimbawa: **Le**(kasabay na palakpak)-**ron**(kasabay na palakpak)
Le(kasabay na palakpak)-**ron**(kasabay na palakpak) **Sin**(kasabay na palakpak) –**ta** (kasabay na palakpak)

Sabihin: *Ngayon, lahat tayo ay papalakpak sa bawat pantig ng kanta habang inaawit natin ito. Sundan ninyo ako.*

Gabayan ang mga bata habang umaawit at pumapalakpak. Siguraduhing ang lahat ng mga bata ay pumapalakpak sa bawat pantig. Umikot sa klase habang inoobserba ang mga bata. Kapag may napansing bata na wala sa pantig o tiyempo ang palakpak, lapitan ito at tulungan.

b. Pagbibilang ng Pantig

Ipaliwanag sa klase na kung ilang ulit ang palakpak sa isang salita, siya ring bilang ng pantig nito.

Sabihin: *Ilan ang narinig ninyo na palakpak sa salitang Leron? Sasabihin ko nang marahan habang pumapalakpak. Bilangin ninyo kung ilan ang palakpak. Le(palakpak)-ron(palakpak). Ilan nga ang palakpak? Tama, dalawa. Ibig sabihin, may dalawang pantig ang salitang “Leron.” (Isulat sa pisara ang mga pantig habang sinasabi ng marahan). Le-ron. (Ituro ang bawat pantig habang binibilang) Isa, dalawa.*

Ulitin ang mga hakbang na ito sa mga salitang: **sinta, buko, ng, papaya**. Ipalakpak ang pantig; bilangin ang palakpak; isulat sa pisara ang salita na nakapantig; isulat ang bilang ng pantig.

Tanungin ang bata kung aling salita ang may pinaka-kaunting pantig, at alin ang may pinakamaraming pantig. Tulungan sila na maiugnay na ang salitang may pinakamaraming pantig ay ang pinakamahabang salita, at ang salitang may pinaka-kaunting pantig ay ang pinakamaikli.

TALAAN



KAGAMITAN

Pira-pirasong papel na may nakasulat na tig-isang pantig: **pa, ko, ta, ya, da, la**

c. Pagbubuo ng Salita sa Pagdudugtong ng Mga Pantig



Sabihin: *Nakita natin ngayon na ang mga salita ay binubuo ng mga pantig. Ano kaya ang mangyayari kung idagdag natin ang isang pantig sa isa pang pantig? May mabuo kaya tayong iba pang salita? Subukan nga natin.*

Magkabit sa pisara ng mga piraso ng papel kung saan nakasulat ang hiwa-hiwalay na pantig: **pa, ko, ta, ya, da, la**. Ipaglapit ang mga ito sa takdang pagkakataon.

(Maaari ring sabihin lamang ang bawat pantig na pinagsasama, na hindi gumagamit ng sinulatang piraso ng papel, kung tingin ninyo ay hindi pa handa ang mga bata na sabayang makinig, magsalita at tumingin sa nakasulat ang pantig.)



Sabihin: *Ano ang mabubuo nating salita kapag ipinagsama natin ang:*

- “pa” at “ko” (*pako*)
- “pa” at “ta” (*pata*)
- “pa” at “la” (*pala*)
- “pa” at “pa” (*papa*)
- “da” at “pa” (*dapa*)
- “ta” at “ya” (*taya*)

Sa bawat pinagsamang pantig, sabihin nang marahan ang bawat isa, pagkatapos ay sabihin ng mabilis kapag pinagsama (*pa-ko, pako*) upang makita ang nabuong salita. Ulitin at pasabayin ang mga bata sa marahan at mabilis na pagsabi ng pantig at salita.



Pagkabanggit ng bawat salita, **tanungin ang mga bata:** *Salita ba ito? Ano ang ibig sabihin nito?* (Halimbawa: pako = bagay na minamartilyo, o gumuhit ng pako sa tabi ng nabuong salita, o magpakita ng pako kung mayroon nito sa silid-aralan)

Basahing muli nang sabayan ang mga salitang nabuo. Ipapalakpak sa mga bata ang bawat pantig ng mga salitang nabuo.

4

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Awitin ang “Leron Leron Sinta” sa inyong mga kasama sa bahay habang pumapalakpak sa bawat pantig. Tanungin sila kung may iba pa silang alam na awit pambata bukod sa “Leron Leron Sinta” na maaari ninyong ipalakpak ayon sa pagkakapantig. Awitin at pantigin ang iminungkahin awit ng inyong kapamilya. Maghandang ibahagi ang bagong awit bukas.

MGA LAYUNIN

- Natutukoy ang aksiyon na nangyayari sa pangungusap
- **FIWG-IIIe-g-5** Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan

ARAW

3

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

I

Ipaalala sa klase ang takdang-aralin na ibinigay kahapon. Tanungin sila kung may bagong awit pambata na iminungkahi ang kanilang kapamilya.

Tumawag ng dalawang bata na maglalahad tungkol sa bagong awit. Maaari nilang gamitin ang halimbawang panimula sa ibaba. Basahin ito para sa kanila:

Ang bagong awit pambata na itinuro ng aking kapamilya ay _____.

Anyayahan ang bata na awitin ang kantang binanggit niya para sa buong klase. Papalakpak ang buong klase sa bawat pantig. Kung alam ninyo o ng ibang bata ang awit, sabayan ang bata upang magbigay suporta.



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa pisara o manila paper

PAGBALIK-ARAL

2

Ikabit muli ang manila paper kung saan nakasulat ang “Leron Leron Sinta”.

Sabihin/tanungin:

- *Ano nga itong mga nakasalunggubit na salita? (pangngalan) Basabin natin ang labat ng pangngalan dito sa kanta. (Basahin ng sabay-sabay.)*
- *(Ituro ang salitang “manampalok.”) Pagmasdan ang salitang ito. Mukha ba itong mahaba o mukhang maikli? (maghintay ng sagot) Babasabin ko habang ipinapalakpak ang bawat pantig. Ma-nam-pa-lok. Ilang palakpak ang narinig ninyo? Ilang pantig sa salitang ito?*
- *Alin ang mas mahabang salita: papaya o manampalok? Bilangin nga natin ang mga pantig. (habang pumapalakpak) Pa-pa-ya. Tatlo. (habang pumapalakpak) Ma-nam-pa-lok. Apat. Alin ang mas maraming pantig?*
- *Mayroon pa bang mas mahabang salita kaysa sa manampalok dito sa kanta? Alin sa tingin ninyo ang pinakamahabang salita? Pantigin nga natin. (La-lam-ba-lam-ba-yog. Anim)*



KAGAMITAN

“Leron Leron Sinta” na nakasulat sa manila paper



BRIDGING

Ipaugnay sa mga bata ang nagawa na nila sa Mother Tongue tungkol sa pagtukoy ng aksiyon sa pangungusap at ang konsepto ng salitang kilos.

TALAAN

3

PAGTUKOY SA AKSIYON/MGA SALITANG KILOS

Tumungo sa bagong aralin tungkol sa salitang kilos, gamit pa rin ang awiting “Leron Leron Sinta”.



Sabihin: *Noong isang araw, tinukoy natin ang mga pangngalan na nasa awiting “Leron Leron Sinta”. Ngayon naman, subukan natin hanapin ang mga aksiyon o kilos na nababanggit sa awiting ito.*

Awitin muli nang may galaw ang kanta. Sa pagkakataong ito, lalakasan at didiinan ng guro ang mga salitang kilos sa kanta: **dala-dala, pagdating (2x), nabali, humanap, halika, manampalok, dalhin, lalamba-lambayog, kumapit, mahulog.**



Sabihin: *Nakilala ninyo ba ang mga salita sa kanta na nagpapakita ng aksiyon o kilos? Alin ang mga ito? Pag-usapan ninyo ng inyong katabi. Subukan ninyong hanapin ang lahat ng aksiyon na nangyayari dito sa kanta. Bibigyan ko kayo ng dalawang minuto para mag-usap.*

Matapos ang dalawang minuto, tumawag ng mga bata na magsasabi ng tig-isang aksiyon na nakita nila sa kanta. Bilugan ang tamang salitang-kilos sa manila paper kapag mabanggit ito ng bata.



Sabihin: *Ang mga salitang binilugan ko ay nagpapakita ng aksiyon o kilos. Ang tawag sa mga ito ay salitang kilos. Ipinapakita ng mga salitang kilos kung ano ang nagaganap o nangyayari sa pangungusap. Kung mas marami tayong alam na salitang kilos, mas marami ring tayong maiintindihan na ideya sa mga pangungusap.*

4

PAGSASANAY

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Aawitin muli nila nang may galaw ang “Leron Leron Sinta”, ngunit ang lalagyan lamang nila ng galaw ay ang mga salitang kilos: **dala-dala, pagdating (2x), nabali, humanap, halika, manampalok, dalhin, lalamba-lambayog, kumapit, mahulog.**

May ilang salitang kilos sa awitin na hindi pa nalalapatan ng galaw, katulad ng **dala-dala, pagdating, manampalok, at dalhin.** Ang gawain ng pangkat ay mag-isip ng galaw na maaaring ilagay sa mga salitang kilos na ito. Magmumungkahi sila ng galaw, at magkakasundo kung ano-anong galaw ang ipapakita nila sa buong klase. Bigyan ang mga pangkat ng limang minuto para sa gawaing ito. Umikot sa mga pangkat habang pinag-uusapan nila ang kanilang mga galaw at magbigay ng tulong o kasagutan kung kinakailangan. Siguraduhin na ang lahat ng bata ay nakalalahok sa gawain.

TALAAN

PAGPAPAKITA NG GAWAIN

5

Tawagin ang bawat pangkat sa harapan upang umawit at ipakita ang kanilang napagkasunduang mga galaw para sa mga salitang kilos.

Pagkatapos ng unang pangkat, tanungin ang klase kung sa tingin nila ay madaling maintindihan ang kahulugan ng mga salitang kilos batay sa ipinakitang galaw. Pag-usapan ang kahulugan ng mga salitang kilos na tila hindi pa malinaw.

Halimbawa, maaaring hindi pa lubos na makuha ng mga bata na ang “manampalok” ay isang paraan ng pagsabi ng “mamitas ng sampalok”; sa pagtalakay ng galaw para sa salitang ito, mas mapalilinaw ang kahulugan.

Kung kukulangin sa oras, maaaring maglaan ng panahon sa ibang araw para sa ibang pang mga pangkat.

PAGTATAPOS

6

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Kausapin ang isang kapamilya at hilingin sa kanila na bigyan kayo ng tatlong salitang kilos na maaaring ipakita ang kahulugan sa pamamagitan ng galaw. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

MGA LAYUNIN

ARAW

- **FIWG-IIIe-g-5** Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIPN-IIId- I.1** Nakasusunod sa napakinggang panuto na may isang hakbang sa napakinggang panuto na may 1 hakbang
- **FIPS-IIId-8.1** Nakapagbibigay ng maikling panuto na may 1–2 hakbang

4

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

I

Ipaalala sa klase ang itinakdang gawain sa pagtatapos kahapon. Ito ang magiging paksa ng bahaginan sa araw na ito.

TALAAAN



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa pisara



Sabihin: *Kahapon, ipinakausap ko sa inyo ang isang kapamilya. Hihingi kayo mula sa kanila ng tatlong salitang kilos na maaaring ipakita ang kahulugan sa pamamagitan ng galaw. Para sa bahaginan ngayong araw, tatawag ako ng tatlong bata na maglalahad sa harapan tungkol sa mga salitang kilos na nakuba nila mula sa kanilang kapamilya. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na isinulat ko sa pisara. Babasahin ko para sa inyo:*

Ang ibinigay sa akin na salitang kilos ng aking kapamilya ay _____ (*ipakita ang galaw*), _____ (*ipakita ang galaw*), at _____ (*ipakita ang galaw*).

Magbigay ng sariling pangungusap na gumagamit ng salitang kilos at nagpapakita ng galaw. Halimbawa: *Ang binigay sa akin na salitang kilos ng aking kapamilya ay kaway, kendeng, at kurot.*

Tumawag ng tatlong bata na maglalahad sa harapan ng klase. Pumili ng mga bata na hindi pa gaanong nakapagbabahagi sa klase. Ipaulit sa buong klase ang mga salitang kilos at galaw na ipinakita ng mga bata sa harapan.

2

PAGBALIK-ARAL: SALITANG KILOS



KAGAMITAN

Mga panuto na nakasulat sa manila paper o pisara

Tawagin ang isang pangkat na nagsagawa ng dagdag na galaw para sa “Leron Leron Sinta” kahapon. Ipaawit sa buong klase ang kanta, habang sinasabayan ang pagkilos ng pangkat sa harapan.

Matapos ang kanta, tanungin ang ilang bata kung ano ang ipinapakita ng mga salitang kilos. (Ilang posibleng sagot: Ipinapakita nito ang aksiyon na nangyayari sa pangungusap. Ipinapakita ng salitang kilos kung ano ang ginagawa ng isang tao. Ipinapakita nito kung ano ang nagaganap o ang ipinapagawa sa isang tao, bagay o lugar.)

3

PAGSUNOD SA MAIKLING PANUTO

Ipaugnay sa mga bata ang mga gawain nila sa paaralan at ang konsepto ng salitang kilos.



Sabihin: *Dito ba sa paaralan ay may mga aksiyon kayong ginagawa? Ano-ano ang mga ito? Sabihin ang mga salitang kilos na ginagawa ninyo sa paaralan. (Ililista sa pisara ang mga salitang kilos na babanggitin ng mga mag-aaral. Halimbawa: maglaro, umupo, pumila, tumayo, gumuhit, maghugas ng kamay, magsalita, makinig) Babasahin ko ang ang mga salitang-kilos na binanggit ninyo. Mula sa inyong upuan, subukan ninyong ipakita sa akin ang ibig sabihin ng bawat salita gamit ang paggalaw.)*

Mayroon bang mga gawain na ipinapagawa sa inyo ng inyong mga guro? Paano ito ipinapabayag sa inyo ng guro? Magbigay nga kayo ng halimbawa.

TALAAN

Tumawag ng mga bata na nais sumagot. Ulitin ang sinabi ng bata. Kung kailangan, ilagay sa ayos ang porma ng pangungusap sa inyong pag-uulit.

Sabihin: *Kapag may ipinagagawa sa inyo ang mga guro na katulad ng mga gawaing nabanggit ninyo, nagbibigay sila ng gabay at direksiyon kung paano ito gagawin. Nagbibigay sila ng malinaw na hakbang na dapat sundan upang hindi kayo malito sa kung ano ang dapat ikilos. Sa pagbibigay ng ganitong klaseng direksiyon o gabay, importante ang pagiging tiyak at malinaw sa ipinagagawa.*



Ikabit ang manila paper na may mga halimbawang dalawang hakbang na paniuto. Makikita ang mungkahing panuto sa ibaba. Talakayin at basahin ang mga nakasulat na pangungusap.

Sabihin: *Kadalasan, ibinibigay ng guro ang direksiyon nang pahakbang. Sasabihin ng guro, halimbawa: (Ituro ang mga salita habang binabasa)*



- **Una, kumuha ng kapirasong papel.**
- **Pangalawa, gumuhit ng dalawang taong nananampalok.**

Ano ang aksiyon na pinagagawa ng guro sa unang pangungusap? (Bilugan ang salitang kilos) Ano naman ang aksiyon sa pangalawang pangungusap? (Bilugan ang salitang kilos) Malinaw ba sa inyo kung ano dapat gawin sa mga pangungusap na ito?

*Kapag nagbibigay ng direksiyon o gabay ang inyong guro, ang tawag dito ay pagbibigay ng panuto. (Isulat ang salitang **panuto** sa pisara) Madalas ninyong maririnig o mababasa ang salitang ito. Mahalagang itatak natin ang salitang ito sa ating isipan.*

Bigkasin nga natin nang sabay-sabay: Panuto. Panuto. Panuto. Ano nga ang ibig sabihin ng panuto? (Maghintay ng sagot: gabay sa gawain, mga hakbang na dapat sundin)

LARO AT PANGKATANG GAWAIN

4

Magsagawa ng maikling laro upang mahati ang klase sa maliliit na pangkat na tig-aapat ang miyembro. Tawagin ang atensyon ng buong klase.

Sabihin: *Ngayon naman, may isasagawa tayong laro. Makinig kayong mabuti. Magbibigay ako ng ilang panuto na may dalawang hakbang. Sundin ang aking mga panuto.*



- **Panuto A:** *Una, tumayo kayong labat. Pangalawa, pumunta kayo dito sa harapan. (kapag nasa harap na ang mga bata, tanungin kung ano ang dalawang salitang kilos sa panuto: tumayo, pumunta)*

TALAAN

- **Panuto B:** *Maglalaro tayo ng “Lumulubog ang Bangka.” Una, pakinggan kung ilang bilang ng tao ang dapat ninyong isama sa inyong pangkat. Pangalawa, bumuo ng tamang bilang na kapangkat. Malinaw ba ang aking panuto? Ano ulit ang dalawang salitang-kilos sa aking panuto?*
- **Panuto C:** *Simulan na natin ang laro. Lumulubog ang barko! Ito ang panuto ng inyong kapitan. Una, makinig nang mabuti. Pangalawa, bumuo ng grupo na tig-walo!*
- **Panuto D:** *Lumulubog ang barko! Ito ang panuto ng inyong kapitan. Una, makinig nang mabuti. Pangalawa, bumuo ng grupo na tig-anim!*
- **Panuto E:** *Lumulubog ang barko! Ito ang panuto ng inyong kapitan. Una, makinig nang mabuti. Pangalawa, bumuo ng grupo na tig-apat!*

Kapag nabuo na ang maliliit na pangkat na may tig-apat na kasapi, ibigay ang panuto para sa gawaing pangkatan.



Sabihin: *Ngayon naman, kayo ang magbibigay ng panuto sa inyong mga kapangkat. Ang bawat isa sa inyo ay magkakaroon ng pagkakataon na maglabad ng isang hakbang o aksiyon na kailangang sundin ng inyong mga kapangkat. Kailangan ay malinaw ang pagkakabuo ninyo ng inyong panuto para hindi malito ang inyong kasamahan.*

Isang hakbang o aksiyon lamang ang inyong ipagagawa. Halimbawa: Sabay-sabay tayong tumalon sa bilang ng tatlo. O di kaya, Hawakan ang kanang kamay ng kaklase sa inyong kaliwa. Babala kayong mag-isip ng aksiyon, basta't hindi ito masama, makasakit sa inyong kapangkat, o makagagambala sa iba pang kaklase. Bibigyan ko kayo ng limang minuto para sa gawaing ito. Malinaw ba? Sige, simulan na ang inyong gawain.

Umikot sa klase at pakinggan ang mga panuto na ibinibigay ng mga bata. Tulungan ang mga bata kung kailangan nilang matukoy ang salita para sa aksiyon na iniisip nila sa wikang Filipino. Siguruhing ligtas ang mga aksiyon na ipinapagawa ng mga bata sa kanilang mga kapangkat. Paupuin ang buong klase matapos ang limang minuto.

5

PAGPAPAKITA NG GAWAING PANGKATAN

Hikayatin ang bawat pangkat na ibahagi ang isang panuto na gagawin ng buong klase. Habang inilalahad nila ito, isulat ang salitang kilos mula sa mga panuto sa pisara.

Basahin ang listahan ng mga salitang kilos, at hilingin sa klase na magpakita sila ng galaw na akma para sa bawat salitang binasa.

PAGTATAPOS

6

TALAAN

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Tanungin ang isang kasama sa bahay o kapamilya tungkol sa paborito nilang gawaing bahay—halimbawa, pagdidilig ng halaman o paghuhugas ng pinggan. Ipatukoy sa kanila kung ano-ano ang mga hakbang sa gawaing ito. Tumulong sa kanila sa paggawa ng gawaing ito upang makita ang aksiyon sa bawat hakbang.

MGA LAYUNIN

- **FIPL -0a-j-3** Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan

ARAW

5

PANIMULANG GAWAIN

I

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi tungkol sa kanilang ginawang takdang-aralin.

Sabihin: *Kabapon, ipinakausap ko sa inyo ang isa ninyong kapamilya. Ipinatanong ko kung ano ang kanilang paboritong gawaing bahay, at kung ano-ano ang mga hakbang sa paggawa nito. Tatawag ako ng dalawang mag-aaral na maglalahad tungkol dito. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na gabay. Babasahin ko:*

**Ang paboritong gawaing bahay ng aking ___ ay ang _____.
Ang mga hakbang sa paggawa nito ay ang sumusunod. Una, _____ . Pangalawa, _____. Pangatlo, _____.**

Magbigay ng sariling paglalahad bilang halimbawa, katulad nito:
Ang paboritong gawaing bahay ng aking kapatid ay ang pagwawalis. Ang mga hakbang sa paggawa nito ay ang sumusunod: Una, kunin ang walis at pandakot. Pangalawa, gamitin ang walis upang kolektabin sa isang puwesto sa sabig ang kalat at alikabok. Pangatlo, gamitin ang walis upang ilipat sa pandakot ang naipong kalat at alikabok.

Tumawag ng dalawang bata na hindi pa gaanong nakapaglalahad nitong nakaraang mga linggo.



KAGAMITAN

Mga pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

TALAAN



KAGAMITAN

1. *Ang Kuwento ni Binibining Repolyo*
2. Mga card kung saan nakasulat ang isa sa sumusunod na salita: pangngalan, salitang kilos, pantig

2

MULING PAGBABASA NG AKLAT AT MABILISANG PAGBABALIK-ARAL

Basahin muli *Ang Kuwento ni Binibining Repolyo*, kasama na ang pagpansin sa may-akda, tagasalin, at tagaguhit.

Habang binabasa ang kuwento, gamitin ang pagkakataon upang balik-aralan ang mga konsepto ng pangngalan, salitang kilos, pagpapantig, at pagbuo ng salita batay sa ibinigay na pantig. Ikabit ang mga card para sa bawat konsepto. Gumamit ng akmang pangungusap o salita na makikita sa aklat upang tanungin ang sumusunod:

- *Alin ang pangngalan sa pangungusap na ito?*
- *Ano ang aksiyon na nagaganap sa bahaging ito? Ano ang salitang kilos na ginamit ng may-akda at taga-salin?*
- *Ipalakpak nga natin ang bilang ng pantig sa salitang Binibini. Ilang pantig ang nasa salitang ito?*
- *Ano ang mabubuong salita kung pinagsama ang mga pantig na bi at da? Sino ang bida sa ating kuwento?*

Pagkabasa ng kuwento, tanungin ang mga bata: Bakit kaya sinulat ng may-akda ang kuwentong ito? Ano kaya ang nais niyang iparating na mensahe sa mambabasa o sa mga makikinig dito?

3

PAGTATAYA

Sa bahaging ito, magsasagawa ng gawaing pagtataya ang guro ukol sa ilang mahahalagang napag-aralan sa linggong ito. Tatanungin ng guro sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata nang palahad.

- **Ipaliwanag sa sariling pananalita, gamitin sa isang pangungusap, o ipakita sa galaw ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): pangngalan, salitang kilos, pantig, panuto, lalamba-lambayog, manampalok, mahulog, kumapit, halika.**
- **Bilangin ang pantig sa sasabihin kong salita (pumili ng isang bata para sa bawat salita): manampalok, sinta, Neneng, repolyo, zucchini, letsugas, papaya, kapalaran, sisidlan, munggo.**
- **Anong salita ang mabubuo kapag pinagsama ang (pumili ng isang bata para sa bawat pares ng pantig)?**
 - ka + ma
 - ma + ta
 - ta + pa

- pa + nga
- nga + yon
- i + yon
- i + bon
- ba + ta
- gu + ro

- **Sabihin kung alin ang aksiyon o salitang kilos mula sa sumusunod na pangungusap (basahin ayon sa pagkakasunod-sunod. Itakda ang bawat pangungusap sa isang bata sa pangkat):**

- **Pumunta** ka sa palengke.
- **Dumaan** ka sa tindahan ng gulay.
- Sitaw at kalabasa ang **bibilhin** mo.
- Ang susunod mong **pupuntahan** ay ang tindahan ng kakanin.
- **Itanong** mo ang presyo ng puto.
- **Bumili** ng sampung pisong halaga ng puto.
- Kung may sukli, **bilangin** mo nang mabuti.

- **Maglahad ng isang panuto na may isang hakbang.**

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata.

Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, nagsasanay naman ang ibang bata sa **pagguhit ng isang eksena mula sa kantang “Leron Leron Sinta” na nagpapakita ng aksiyon o kilos. Susubukang din nilang magsulat ng salitang kilos na ipinapakita sa kanilang larawan, kahit pa-imbento ang pagbaybay.**

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagpapantig, ngunit hindi pa lubusang nakabubuo ng salita kapang ipinagdugtong ang pantig.

Suriin din ang pagguhit ng mga bata sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

TALANAN

TALAAN

4

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Kausapin ang isang kapamilya o kapitbahay na mahilig magtanim ng anumang halaman. Tanungin sila kung ano ang kanilang ginagawa upang masiguro na lumago at maging malusog ang halaman na kanilang tinanim o inaalagan. Maghandang magbahagi tungkol dito sa Lunes.

ARALIN


15

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

**TEMA: PANGANGALAGA NG AKING KATAWAN AT
KALUSUGAN (MY BODY, HYGIENE, AND HEALTH)**

KUWENTO: ANG KAMATIS NI PELES



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG FILIPINO

YUNIT 2, ARALIN 15

Tema: Pangangalaga ng aking Katawan at Kalusugan (**My Body, Hygiene and Health**)

Kuwento: *Ang Kamatis ni Peles*

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan/ Sabayang Pagkanta
1	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIe- 2 Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwentong <i>Ang Kamatis ni Peles</i>
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2 Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Pangngalan
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIIe-g-5 Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Kilos
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIe-2 Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F IPL-0a-j-5 Nauunawaan ang kahalagahan ng nilalaman ng napakinggang teksto 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i>
3	PP	<ul style="list-style-type: none"> FIPP-IIe-2 Nababasa ang mga salitang batayan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Bayan

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan gamit ito Paggabay sa mga mag-aaral sa pagkanta ng napiling awit 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng kanilang persobal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay Pagkanta ng awit
<ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng impormasyon na kanilang nakalap sa pag-aalaga ng halaman 	<ul style="list-style-type: none"> Magbahagi ng impormasyon na kanilang nakalap sa pag-aalaga ng halaman
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga bagong salita mula sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy ng kahulugan ng mga bagong salita mula sa kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa mga bagong salitang nabanggit na kaugnay ng takdang-aralin ng mga mag-aaral 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy at paggamit ng wasto sa mga salitang kaugnay ng ibinigay na takdang-aralin
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa kanilang pagbabahagi ng impormasyon na kanilang nakalap 	<ul style="list-style-type: none"> Paglalahad ng impormasyong nakalap tungkol sa pag-aalaga ng halaman
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pag-ugnay ng kanilang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pag-ugnay ng kanilang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa nilalaman ng kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng tanong tungkol dito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng pag-unawa sa kahalagan ng nilalaman ng napakinggang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong tungkol dito
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbasa ng mga salitang batayan mula sa awiting Sampung Mga Daliri at ang binasang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng mga salitang batayan mula sa awiting Sampung Mga Daliri at sa napakinggang kuwento

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	KP	<ul style="list-style-type: none"> F I KP-Ile-4 Nabibilang ang pantig sa isang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapantig
	PP	<ul style="list-style-type: none"> F I PP-Ile-2 Nababasa ang mga salitang batayan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Batayan
	PU	<ul style="list-style-type: none"> F I PY-Ile-i-2.1: f 2.2 Nababaybay nang wasto ang mga (batayang salitang) natutuhan sa aralin 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Batayan
5	PN	<ul style="list-style-type: none"> F I PP-Ile-2 Nababasa ang mga salitang batayan 	<ul style="list-style-type: none"> Salitang Batayan
	PL	<ul style="list-style-type: none"> F I EP-Ile-2 Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa 	<ul style="list-style-type: none"> Mapa

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral;
KP – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan;
PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbilang ng pantig sa isang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbilang ng pantig sa isang salita
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbasa ng mga salitang batayan sa huling pahina ng kuwentong napag-aralan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa sa mga salitang batayan sa huling pahina ng kuwentong napag-aralan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbabaybay at pagsulat ng mga salitang batayan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabaybay at pagsulat ng mga salitang batayan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbasa ng mga salitang batayan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng mga salitang batayan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagguhit ng mapa ng taniman ni Peles 	<ul style="list-style-type: none"> Pagguhit ng mapa ng bukirin/taniman ni Peles
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakindingan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIe-2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakikingang kuwento
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIWG-IIc-f-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari
- **FIWG-IIIe-g-5** Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan

I

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

Ipakilala sa klase ang tema para sa linggong ito at iugnay ang awitin sa nakatakdang tema.



Sabihin: *Sa linggong ito, ang ilan sa ating mga gawain at ang kuwentong pakikikingan ay tungkol sa kalusugan. Paano ba natin dapat pangalagaan ang ating kalusugan at katawan?*

Ang awitin nating ngayong umaga ay tungkol din sa tema ngayong linggo.

Nagbibigay ito ng mga pangngalan ng mga babagi ng ating katawan. Pakiingnan ninyo muna ako.

Ipaskil ang titik ng kanta sa pisara. Ituro sa klase ang awit na *Sampung Mga Daliri* kasama na ang mga kilos para dito. Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagkanta.



KAGAMITAN

Sampung Mga Daliri na nakasulat sa manila paper

Sampung Mga Daliri

Sampung mga daliri:

kamay at paa,
dalawang mata,
dalawang tainga,
ilong na maganda!

Maliliit na ngipin,
masarap kumain.

Dilang maliit, nagsasabi
huwag kang magsinungaling!



Itanong: *Ano-ano ang mga nabanggit na pangngalan ng mga babagi ng katawan sa ating kinanta? Ituro sa manila paper ang bawat babagi ng katawan na banggitin ng mga bata.*

PAGTALAKAY SA TAKDANG-ARALIN

2

Ipaalala sa mga mag-aaral ang itinakdang gawain noong nakaraang Biyernes. Tumawag ng ilang bata na magbabahagi tungkol sa nakalap nilang impormasyon tungkol sa pag-alaga ng halaman. Isulat sa pisara ang mga babanggitin nilang sagot.

Halimbawa ng ilang posibleng sagot: Itanim sa puwesto na naaarawan. Tanggalin ang mga sukal na damo (weeds). Diligan araw-araw. Lagyan ng pataba.

Sabihin: *Marami sa mga nabanggit ninyo ay gagawin din ng bida sa kuwento na babasahin ko bukas. Bago tayo umabot sa kuwentong ito, paghandaan at pag-usapan muna natin ang ilang salita na makikita rin natin sa aklat.*

KAGAMITAN

1. Mga salitang pag-aaralan na nakasulat sa manila paper o pisara
2. Mga larawan tungkol sa mga salitang may kinalaman sa paglago ng isang halaman, mula buto hanggang maging mabungang pananim

PAGPAPAUNLAD NG TALASALITAAN

3

a. Pagpapakita ng Mga Larawan

Sabihin: *Sa pagpapalaki ng halaman, dumaraan ito sa iba't ibang pagbabago: mula butil o punla hanggang maging mabungang pananim. Pagmasdan natin ang mga larawang ito na nagpapakita ng pagbabagong dinadaan ng isang pananim.*

Magpakita ng larawan tungkol sa pagtubo ng pananim. Maaaring humiram mula sa librong pang-agham. Maaari ring sumangguni sa mga lokasyong ito sa Internet: http://thumb7.shutterstock.com/display_pic_with_logo/888394/161664245/stock-vector-stages-of-plant-growth-isolated-on-white-background-161664245.jpg, http://thumb7.shutterstock.com/display_pic_with_logo/921248/137935025/stock-vector-seed-bean-plant-137935025.jpg



Ipaliwanag sa mga bata ang tawag sa halaman sa bawat pagbabago nito. Nagsisimula ito sa buto o **punla**. Pagkatanim ay tinutubuan ito ng **ugat**. Kapag umusbong na ang malilit na luntiing bahagi

TALAAN

mula sa lupa, ang tawag dito ay **sungot**. Tuluyan itong lalago at magiging **halaman**. Habang lumalaki, ito ay mamumulaklak. Sa mga halamang gulay o prutas, ang mga umusbong na bulaklak ay magbabago muli hanggang sa maaari na itong pitasin.

b. Pagtalakay sa Mga Salita

Ilagay ang listahan ng salitang pag-aaralan sa pisara: **sekreto**, **nagbulakbol**, **pagbubungkal**, **sungot**, **punla**, **magbudbod**, **pantabing**.



Sabihin: *May babanggitin akong pangungusap na gamit ang salitang ating pag-aaralan. Pakinggan ninyo ang pangungusap at ang dagdag pang pangungusap na kasunod nito. Batay sa pangungusap, pag-isipan kung ano ang ibig sabihin ng mga salita dito sa listahan.*

Basahin ang sumusunod. Matapos sumagot ang mga bata, isulat sa tabi ng salitang tinutukoy ang kahulugan nito.

1. *Mayroon akong **sekreto**. Ako lamang ang nakaaalam nito. Hindi ko ito sinasabi kabit kanino. Ano kaya ang ibig sabihin ng salitang **sekreto**? (posibleng sagot: lihim, isang bagay na walang nakakaalam)*
2. ***Nagbulakbol** ako buong linggo. Wala akong nagawa dahil kung saan saan lamang ako pumunta. Ano kaya ang ibig sabihin ng **nagbulakbol**? (namasyal o nagpunta kung saan-saan)*
3. *Ang tatay ko naman ay walang ibang ginawa kundi **pagbubungkal**. Mahusay na hardinero ang tatay ko kaya palagi siyang naghubukay ng lupa at nagtatanim sa aming hardin. Ano kaya ang ibig sabihin ng **pagbubungkal**? (paghuhukay)*
4. *Kapag nagtatanim kami, ang unang-una kong nakikita ay ang **sungot** ng halaman. (Magpakita ng larawan at ituro ang dulo ng butil) Ano kaya ang **sungot**? (dulo ng binhi)*
5. *Marami kaming iba't ibang uri ng **punla** sa bahay. Mayroon kaming malalaking buto, mayroon din naming maliliit. Iba-iba rin ang kulay. Kapag itinanim na ni Tatay ang mga ito, iba-iba rin ang kanilang nagiging hitsura kapag tumubo. Alam ninyo ba kung ano ang **punla**? (butong itinatanim)*
6. *Hindi ako nagbulakbol ngayon. Tinuturan ako ni Tatay kung paano **magbudbod** ng pataba sa lupa. Madali lang pala. Kukuha ka lang gamit ang isang kamay at unti-unti mong ilalaglag sa lupa. Marunong din ba kayong **magbudbod**? (magkalat/magsabog)*
7. *Gumawa si Nanay ng **pantabing** sa init ng araw kung tag-araw. Ilalagay namin ito sa tabi ng mga halaman para hindi sila matuyo sa sobrang init. Ano kaya ang **pantabing**? (pantakip)*

Pasabayin ang mga bata sa pagbasa ng mga salita sa pisara.

Ipakopya sa mga bata ang mga salita at ang kahulugan ng mga ito

TALAAN

sa kanilang kuwaderno.

Kung may panahon pa, samahan ang mga bata sa hardin ng paaralan upang tingnan kung may mga sungot o namumulaklak na halaman na makikita.

4

PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang malaman kung lubusan nang naintindihan ng mag-aaral ang mga salita. Papalakpak ang mga bata pagkabasa ninyo sa bawat salita—malakas na malakas ang palakpak kung lubusang naintindihan ang salita, mas mahina kung di pa gaanong naintindihan, o walang palakpak kung lubusang hindi naintindihan. Itala sa inyong kuwaderno ang mga salitang hindi pa lubusang naintindihan.

MGA LAYUNIN

- **FIPN-Ile- 2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang kuwento
- **FIPL-0a-j-5** Nauunawaan ang kahalagahan ng nilalaman ng napakinggang teksto

ARAW

2

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Tumawag ng tatlong bata na magbabahagi tungkol sa isang bagay na ginagawa ng kanilang kapamilya para sa kanila upang sila ay maging malusog.

Sabihin: *Ang tema natin sa linggong ito ay tungkol sa kalusugan. Magbabahagin tayo ngayong araw tungkol sa mga bagay na ginagawa ng inyong nanay o tatay para sa inyo upang mapangalagaan ang inyong kalusugan. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasabin ko:*

Isang bagay na ginagawa ng aking magulang para sa aking kalusugan ay _____.

Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap. Maaaring gamitin ito: *Noong bata pa ako, isang bagay na ginawa ng aking magulang para sa aking kalusugan ay dalhin ako sa health center para mabakunahan.*

Pumili ng batang hindi pa gaanong nakapagbabahagi sa klase para maglahad sa bahaginan.



KAGAMITAN

Halimbawang pangungusap na nakasulat sa manila paper o pisara

TALAAN

2

PAGHAHANDA PARA SA KUWENTO



KAGAMITAN

1. Mga salita na nakasulat sa pisara o manila paper
2. *Ang Kamatis ni Peles*
3. Mga tanong tungkol sa kuwento na nakasulat sa manila paper o pisara

a. Paghahawan ng Balakid

Ipaskil muli ang listahan ng salita na makikita sa babasahing aklat. Basahin ang bawat isa, at tumawag ng bata upang gamitin ito sa pangungusap.

Tutukan ang mga salita na natukoy mula sa pagtatapos kahapon na hindi pa lubusang naiintindihan. Magbigay ng mga dagdag na pahiwatig upang mas mapalinaw ang kahulugan nito. Halimbawa:

- *Saan ito makikita?*
- *Kailan ito ginagamit?*
- *Anong salita ang kabaligtaran nito?*
- *Anong salita ang kasinghulugan nito?*

b. Pagganyak



Sabihin: *Sa bahaginan kanina, naglahad ang ilan sa atin ng mga bagay na ginagawa ng ating mga magulang para sa ating kalusugan. Sa kuwento na babasahin ko sa inyo ngayon, makikita natin kung ano ang gagawin ng bida upang palusugin ang balamang tinanim niya.*

c. Pangganyak na Tanong

Habang nakikinig kayo sa kuwento, maging listo sa sagot sa tanong na ito: Ano-ano ang mga ginawa ng bida sa kuwento para sa inaalagaan niyang pananim?

d. Bago Basahin ang Kuwento

Ipakita sa mga mag-aaral ang pabalat ng libro.



Sabihin: *Ang pamagat ng ating kuwento ay “Ang Kamatis ni Peles”. Ang ating kuwento ay isinulat ni Virgilio S. Almario. Iginublit naman ito ni Renato Gamos.*



Itanong: *Ayon sa pamagat, tungkol saan kaya ang ating kuwento? Ano pa ang inyong nakikita sa pabalat ng libro na may kinalaman sa pamagat? Sino kaya si Peles dito sa larawan? Anong klaseng insekto kaya siya?*

3

HABANG BINABASA ANG KUWENTO

Basahin ang kuwento ngunit huminto pagkabasa ng teksto sa mga takdang bahagi ng aklat. Itanong ang sumusunod:

Huminto sa p. 2

Itanong: *Ano kaya ang gagawin ni Peles?*

Huminto sa p. 4

Itanong: *Sino ang kinausap ni Peles sa babaging ito? Ano ang ginagawa ni Hugo dito? Ano ang tinanong ni Peles kay Hugo?*

Huminto sa p. 8

Itanong: *Bakit ginamit ng may-akda ang katagang “kahit na Linggo?” Ano ba ang kadalasang ginagawa kapag araw ng Linggo?*

Huminto sa p. 16

Itanong: *Bakit daw nagsindi si Peles ng mga kandila?*

Huminto sa p. 20

Itanong: *Bakit nagdala si Peles ng mga libro sa bukid?*

Huminto sa p. 25

Itanong: *Ilang araw na ang lumipas mula nang itinanim ni Peles ang mga buto ng kamatis dito sa babaging ito? Bilangin nga natin. (Magsimula ng pagbilang sa Linggo at magtapos sa Sabado.)*

Huminto sa p. 27

Itanong: *Bakit kaya masaya pa rin si Peles kahit pa siya ay nagkasakit sa pag-aalaga ng kaniyang mga kamatis?*

PAGKATAPOS BASAHIN ANG KUWENTO

4

Talakayin ang kuwentong binasa. Pumili ng ilang tanong mula sa listahan sa ibaba.

- Sino ang bida sa ating kuwento?
- Ano ang masasabi ninyo tungkol sa kaniya?
- Sino ang kaniyang kaibigan?
- Ano ang hiningi ni Peles mula kay Hugo?
- Bakit naisip ni Peles na magtanim?
- Ano-ano ang mga ginagawa ni Peles upang tumubo nang maganda ang kaniyang pagtanim?
- Ano kaya ang naramdaman ni Peles noong wala pang tumutubo sa kaniyang itinanim?
- Ano ang payo ni Hugo sa kaniya?
- Kung ikaw naman ang kaibigan ni Peles, ano ang ipapayo mo sa kaniya?
- Pagdating ng Sabado, ano ang napansin ni Peles sa kaniyang mga pananim?

TALAAAN

- k. Kung ikaw si Peles, ano ang mararamdaman mo habang naghihintay?
- l. Matapos ang ilan pang araw, ano na ang nangyari sa mga pananim ni Peles?
- m. Ano kaya ang natutuhan ni Peles sa karanasan niya sa pagtatanim?

5 PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang malaman ang reaksiyon ng mga bata sa kuwento.

- Ipuwesto nila nang pataas ang kanilang hinlalaki (thumbs up) kung gustong-gusto nila ang kuwento.
- Ipuwesto nila nang patagilid ang hinlalaki (thumbs sideways) kung medyo nagustuhan nila ang kuwento ngunit may mga bahagi pa silang hindi naintindihan.
- Ipuwesto nila nang pababa ang hintuturo (thumbs down) kung hindi nila lubusang naintindihan o nagustuhan ang kuwento.

Tukuyin ang mga bata na naka-thumbs down upang matanong sila kinabukasan kung ano pa ang hindi nila naintindihan sa kuwento.

ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FIPP-IIe-2** Nababasa ang mga batayang salita

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Gamitin ang bahaginan upang pag-usapan ang tema ng linggo: pangangalaga sa kalusugan.



Sabihin: *Sa kuwentong binasa ko kabapón, nagkasakit sa Peles sa bandang huli. Sa palagay ninyo, bakit siya nagkasakit? (Maghintay ng sagot mula sa klase.)*



KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

Importante na umiwas tayong lahat sa sakit. Sa bahaginan natin ngayong araw, maglalabad kayo tungkol sa ilang bagay na dapat nating gawin upang hindi magkasakit. Maaari ninyong gamiting ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasahin ko:

Para makaiwas sa sakit, dapat tayo ay _____.

Magbibigay ako ng balimbawang pangungusap. Para makaiwas sa sakit, dapat tayo ay matulog nang maaga at mahimbing. Kayo naman ang magpabayag. Tatawag ako ng tatlong mag-aaral para maglahad ng kanilang ideya.

Tumawag ng tatlong bata na hindi pa gaanong nakapagbabahagi sa mga nakalipas na araw. Bigyan sila ng tulong kung kinakailangan.

TALAAAN

PAGBALIK-ARAL

Balikan ang resulta ng mabilisang pagpupulso na isinagawa sa pagtatapos kahapon.

Sabihin: *Kahapon, may ilan sa inyo na nagsabing hindi ninyo lubusang nagustuhan o naintindihan ang kuwentong “Ang Kamatis ni Peles”. Ibahagi ninyo ngayon kung ano ang hindi ninyo naintindihan o nagustuhan para mapag-usapan natin.*

Tumawag ng ilang bata na makapagsasabi kung ano pa ang nais nilang linawin tungkol sa kuwento. Talakayin ang mga bahaging mabanggit. Kung kinakailangan, balikan ang bahagi ng libro na hindi malinaw upang tulungan ang mga bata sa pagkaklaro ng detalye.

2



KAGAMITAN

1. Ang Kamatis ni Peles

2. Lyrics ng *Sampung Mga Daliri* na nakasulat sa manila paper

3. Mga flash card para sa batayang salita: **ang, mga, at, na, si, sa, pa, ng, ni, ba, ay**

PAGBASA NG MGA BATAYANG SALITA

3

Gamitin na lunsaran ang awit na *Sampung Mga Daliri* upang tulungan ang mga bata sa pagbabasa ng ilan sa pinakakaraniwang salita sa wikang Filipino. Ipaskil ang manila paper kung saan nakasulat ang titik ng kanta. Ipaawit muli ang kanta sa mga bata.

Sabihin: *Awitin muli natin ang kantang Sampung Mga Daliri. Habang umaawit kayo, may mga salita akong ituturo sa manila paper. Pansinin ninyo ang mga salitang ito. Pag-uusapan natin ang mga ito pagkatapos ng ating pagkanta.*

Ituro ang sumusunod na mga salita kapag umabot na dito ang pagkanta ng mga bata: **mga, at, na**. Ipaulit ang pagkanta, ituro muli ang mga salitang ito sa manila paper, at lakasan ang pagkanta sa mga salitang ito.

Itanong sa mga bata: *Ano ang napansin ninyo tungkol sa mga salitang itinuro ko? (mga posibleng sagot: maikli, madalas marinig, madalas makita)*

Sabihin: *May mga salita—tulad ng mga, at, o na—na napakadalas gamitin sa wikang Filipino. Dabil sa dalas ng kanilang paggamit, mabuti kung mabilisan o awtomatiko na ang pagkilala o pagbasa natin sa mga salitang ito. May mga ipapakita akong mga card. Nakasulat sa mga ito ang ilan sa mga karaniwang salita. Basabin natin ang mga ito.*

TALAAN

Ipakita ang mga salita sa flash card ng paisa-isa: **ang, mga, at, na, si, sa, pa, ng, ni, ba, ay**. Tanungin ang mga bata kung kaya na nila itong basahin. Tulungan sila sa pamamagitan ng pagturo sa bawat letra at pagtanong kung ano ang tunog nito. Maaari itong gawin sa karamihan ng salita, bukod lang sa salitang “mga.”

Basahin ang bawat card para sa mga bata, at ipabigkas ang salita sa kanila pagkatapos ninyo.

Tumawag din ng ilang bata at ipagamit sa kanila sa isang pangungusap ang mga salita sa card.

Awitin muli ang kantang *Sampung Mga Daliri*—ngunit hindi kakantahin kundi babasahin nang malakas ang parte na gumagamit ng **mga, at, na**.

4

PAGSASANAY

Gamitin ang aklat na *Ang Kamatis ni Peles* sa pagpapabasa sa mga bata ng mga salitang nakalagay sa mga card. Ikabit ang mga salita sa flash card sa pisara.



Sabihin: *Balikan natin ang unang bahagi ng kuwentong Ang Kamatis ni Peles upang pansinin kung gaano nga kadalas makikita ang mga salitang ito. Ako pa rin ang magbabasa ng karamihan sa mga salita sa libro. Pero kapag dumating tayo sa isang salita na kabilang dito sa mga nakakabit sa pisara, kayo ang magbabasa.*

Pansinin ang pabalat.



Itanong: *Aling salita dito sa pisara ang nakikita natin sa pamagat? Tama. “Ang” at “ni.” Kayo ang babasa ng mga salitang ito. Ang pamagat ng kuwento ay: ___ Kamatis ___ Peles.*

Huminto sa p. 2

Basahin ang mga pangungusap ngunit huminto sa mga salitang: **na, si, sa, na, at, ng, ang**. Hayaang ang mga bata ang bumasa nito.

Huminto sa p. 4

Basahin ang mga pangungusap ngunit huminto sa mga salitang: **sa, ni, at, ng, na, ang, ba**. Hayaang ang mga bata ang bumasa nito.

Huminto sa p. 6

Basahin ang mga pangungusap ngunit huminto sa mga salitang: **ni, at, ng, ang**. Hayaang ang mga bata ang bumasa nito.

Huminto sa p. 8

Basahin ang mga pangungusap ngunit huminto sa mga salitang: **at, na, ang**. Hayaang ang mga bata ang bumasa nito.

Huminto sa p. 10

Basahin ang mga pangungusap ngunit huminto sa mga salitang: **at, sa, si, ng**. Hayaang ang mga bata ang bumasa nito.

PAGSIPI NG MGA BATAYANG SALITA

5

TALAAN

Ipasipi sa mga bata ang mga batayang salita na nakapaskel sa pisara. Ipaalala sa kanila na madalas nilang makikita ang mga ito sa iba't ibang lugar, produkto o babasahin. Hikayatin sila na maging alerto sa pagtukoy ng mga salitang ito saan man sila pumunta.

PAGTATAPOS

6

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Basahin sa inyong magulang o iba pang kapamilya ang mga sinipi ninyong salita mula sa inyong kuwaderno. Hanapin ang mga salitang ito sa mga babasahin, kalendaryo, at pabalat ng mga produkto sa inyong bahay.

MGA LAYUNIN

- **FIKP-lie-4** Nabibilang ang pantig sa isang salita
- **FIPP-lle-2** Nababasa ang mga batayang salita
- **FIPY-lle-i-2.1: f 2.2** Nababaybay nang wasto ang mga (batayang salitang) natutuhan sa aralin

ARAW

4

PANIMULANG GAWAIN

I

Talakayin ang ipinagawang takdang-aralin sa bahaginan. Ikabit muli sa pisara ang mga flash card ng batayang salita: **ang, mga, at, na, si, sa, pa, ng, ni, ba, ay**

Sabihin: *Kabapon, pinag-aralan natin ang pagkilala sa ilang maiikli at karanawang salita sa wikang Filipino. Basahin nga natin muli ang mga salitang ito. Nakapaskel ang mga salita sa pisara. (Basahin ng sabay sabay ang mga salita habang itinuturo ang bawat isa.)*

Para sa inyong takdang-aralin kabapon, inatasan ko kayo na maghanap ng mga babasahin o bagay kung saan makikita ang mga salitang ito. Ito ang paksa ng bahaginan natin ngayong umaga. Ilahad sa inyong mga kaklase ang mga salitang nabasa ninyo sa mga produkto o babasahin sa inyong bahay, at kung saan ninyo ito nakita. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasahin ko para sa inyo. Kung may makita kayong salita na kilala na ninyo, sabayan ninyo ako sa pagbasa.



KAGAMITAN

1. Mga flash card para sa mga batayang salita: **ang, mga, at, na, si, sa, pa, ng, ni, ba, ay**
2. Halimbawa ng panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

TALAAAN

Nakita ko ang mga salitang ____ at ____ sa isang _____ sa aming bahay.

Kung kailangan pa ng dagdag na suporta ng mga bata, magbigay ng sariling halimbawang pangungusap: Nakita ko ang mga salitang “sa” at “ni” sa isang poster na nakakabit sa aming bahay.

Tumawag ng dalawang bata na maglalahad sa harap ng klase. Pumili ng bata na hindi pa gaanong nakapagbabahagi sa mga nakaraang araw.

2

PAGBABALIK-ARAL



KAGAMITAN

1. *Ang Kamatis ni Peles*
2. Talahanayan na may tatlong hanay

Gamitin ang isang pahina ng kuwentong *Ang Kamatis ni Peles* sa pagbabalik aral sa konsepto ng pagbasa sa batayang salita at pagpapantig ng mga salita.

a. Mga batayang salita

Ipakita sa mga bata ang huling pahina ng aklat. Ibigay ang panuto tungkol sa pagbabasa ng mga batayang salita.



Sabihin: *Katulad ng ginawa natin kabapon, ipababasa ko sa inyo ang mga maiikling salitang nakapaskil sa pisara na makikita ninyo dito sa huling bahagi ng ‘Ang Kamatis ni Peles’. Babasahin ko ang kalakhan ng teksto, pero hibinto ako sa mga salitang dapat ay alam na ninyo.*

Basahin ang buong pahina, ngunit tumigil sa mga salitang: **pa, ang, mga, ni, ay, at, ng, na, si.**

b. Pagpapantig

Gamitin muli ang **p. 27** upang ipabatid sa mga mag-aaral ang haba ng iba’t ibang salitang makikita dito batay sa bilang ng pantig. Ipaalala sa mga bata ang gawaing pagpapantig /pagpalakpak na ginawa noong nakaraang linggo.



Sabihin: *Natatandaan ninyo pa ba ang pagpalakpak natin sa bawat pantig noong nakaraang linggo? Subukan nga nating muli. Ipalakpak ang mga pantig sa pamagat ng ating libro. Ang Ka-ma-tis ni Pe-les. Ilang pantig sa salitang kamatis? Ka-ma-tis. Tatlo. Ilan naman sa Peles? Dalawa. Ilang pantig sa salitang ang at ni? Isa.*

Ikabit o isulat sa pisara ang isang talahanayan na tulad nito:

1 Pantig	2 Pantig	3 Pantig	4 Pantig

TALAAN

Sabihin: *May talahanayan ako dito sa pisara. Bibilangin natin ang pantig ng mga salita dito sa pabinang ito. Tutulungan ninyo ako sa pagtukoy kung saan ko dapat isulat o ibanay ang bawat salita. Sa isang pantig ba? Dalawang pantig? Tatlong pantig? O sa apat na pantig? Simulan natin sa mga salitang nabilang na natin ang pantig. Isusulat ko na ang mga ito sa tamang hanay.*

Isulat ang “**ang**” at “**ni**” sa isang pantig na hanay; ang “**Peles**” sa dalawang pantig na hanay; at ang “**kamatis**” sa tatlong pantig na hanay.

Sabihin nang paisa-isa ang mga salitang ito at ipabilang ang pantig sa mga mag-aaral: **isang, araw, pa, lumipas, mga, ay, lumaki, at, namulaklak, pare, lulusog, ng, mo, bati, kay, dumalaw, na, si, Hugo.**

Isulat sa tamang hanay ang bawat salita matapos mabilang ng bata kung ilan ang pantig nito.

1 Pantig	2 Pantig	3 Pantig	4 Pantig
ang	Peles	kamatis	namulaklak
ni	isang	lumipas	
pa	araw	lumaki	
mga	pare	lulusog	
ay	bati	dumalaw	
at	Hugo		
ng			
mo			
kay			
na			
si			

Ipatukoy sa mga bata kung aling hanay ang may pinakaraming nakasulat na salita. Itanong kung ano pa ang ibang napapansin nila sa mga salita sa talahanayan. Halimbawa: may nakikita ba silang isang pantig na salita sa loob ng ibang salita sa talahanayan? (“pa” sa pare, “na” sa “namulaklak”)

PAGBAYBAY AT PAGSULAT NG BATAYANG SALITA

3

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtuklas na ang mga salitang kaya na nilang basahin ay madali na rin nilang maisusulat o maibabaybay.

Sabihin: *Balikan natin itong listahan ng mga salitang may isang pantig. Alin sa mga salitang ito ang kaya na ninyong basahin? Huwag matakot sumubok. Kung magkamali man, ang mahalaga ay sinubukan ninyo. Sige nga—sino ang nais sumubok magbasa ng ilang salita mula sa listahang ito?*

TALAAN

Tumawag ng bata na handang sumubok magbasa ng ilang salita mula sa listahan. Tulungan sila kung kinakailangan—ipapansin ang letra sa salita, tanungin kung ano ang tunog nito, at tulungan silang ipagsama ang mga tunog hanggang mabuo ang salita.



Sabihin: *Magaling! Ngayong may alam na kayong basabin na salita, magiging mas madali na para sa inyo ang pagbaybay at pagsulat nito. Dabil kilala ninyo na ang mga letra at tunog na bumubuo sa salitang nabasa ninyo, puwede ninyo na rin itong subukang isulat.*

Halimbawa, tingnan natin ang salitang “ni.” Tatakpan ko muna ito.

Subukan ninyo ngang isulat sa inyong kuwaderno ang salitang ito na walang pinagkokopyahan? Isipin—ano ang mga tunog na bumubuo sa salitang “ni”? /N/ at /i/. Ano ang letra para sa mga tunog na ito? Letrang N at letrang I. Kaya ko na ngayong sulatin ang salitang ni.

Sumubok pa tayo ng isang salita. Tatakpan ko itong salitang “kay.” Isipin—ano ang mga tunog na bumubuo sa salitang ito? /k/, /a/, /y/. Ano ang mga letra para sa mga tunog na ito? Isulat sa inyong kuwaderno.

Umikot sa klase at tingnan ang mga isinulat ng mga bata sa kanilang kuwaderno. Bigyang pansin kung sino ang mga batang hindi pa lubusang nakalalapat ng konsepto ng pagbaybay/pagsulat batay sa nalalaman nila tungkol sa mga tunog ng letra.

4

PAGSASANAY

Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat na may tig-apat na miyembro.

- Mag-iisip ang bawat miyembro ng pangkat ng tig-isang salita na may 2-3 pantig, na narinig nila mula sa mga awitin o kuwento sa klase.
- Ipasusulat nila ito sa kanilang kapangkat. Isusulat ng ibang miyembro ang salitang ito sa kanilang kuwaderno.
- Dapat ay may tatlong salita na nakasulat sa kuwaderno sa pagtatapos ng gawain.
- Ipaalala sa mga bata na pagsasanay lamang ito, kaya’t hindi sila dapat matakot na sumubok gawin ito.
- Bigyan ang mga bata ng anim na minuto para sa gawaing ito.
- Umikot sa mga pangkat upang makinig, magmasid at tumingin sa mga kakayanan ng mga bata sa pagsulat at pagbaybay.

5

PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso sa iba’t ibang kakayanan ng mga bata sa pagkilala ng mga letra, pagtukoy sa tunog ng bawat letra,

pagpapantig, pagbasa ng maiikling salita, at pagsulat ng maiikling salita.

Sabihin: *Pakinggang mabuti ang bawat pangungusap na sasabihin ko. Itaas ang inyong kamay kung sa tingin ninyo ay nilalarawan kayo ng pangungusap. Huwag mabiyang kung sa tingin ninyo ay hindi pa kayo umaabot sa sinasabi ng mga pangungusap. Ang mabalaga ay maging tapat sa pagsabi kung ano ang kayang-kaya na ninyo at kung ano ang hindi pa ninyo masyadong gamay.*

- Kilala ko na ang lahat ng letra ng alpabeto.
- Alam ko na kung ano ang katapat na tunog ng karamihan sa mga letra ng alpabeto.
- Madali para sa akin ang pagpalakpak sa bawat pantig ng mga salita.
- Madali para sa akin ang pagkilala sa mga tunog na bumubuo sa isang salita.
- Madali para sa akin ang magbasa ng mga salitang may isang pantig.
- Madali para sa akin ang pagsulat ng mga letra ng alpabeto.
- Madali para sa akin ang pagsulat o pagbaybay ng mga pamilyar na salita.

Para sa bawat pangungusap, pansinin kung sino ang hindi nagtaas ng kamay, lalo na sa mga unang mga kakayanan. Humanap ng pagkakataon upang pagmasdan ang kanilang kuwaderno o kausapin sila upang alamin kung saan sila pinaka-nahihirapan.



TALAAAN

MGA LAYUNIN

- **FIPP-Ile-2** Nababasa ang mga batayang salita
- **FIEP-Ile-2** Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa

ARAW

5

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

I

Ipaalala sa mga bata ang tema para sa linggong ito. Iugnay ang awiting “Fruit Salad Song” (nasa tono ng “Are You Sleeping”) sa tema ng kalusugan.

Sabihin: *Nitong mga nakaraang mga araw, pinag-usapan natin ang kabalagaban ng masustansyang pagkain sa ating kalusugan. Simulan natin ang ating klase sa pag-awit ng isang kanta tungkol sa mga masustansyang prutas.*



TALAAN



KAGAMITAN

Lyrics ng “Fruit Salad Song”
na nakasulat sa manila paper
o pisara

Ipaskil ang manila paper kung saan nakasulat ang lyrics ng “Fruit Salad Song”. Awitin muna ito para sa mga bata:

Watermelon, watermelon.

Papaya, papaya.

Saging, saging, saging.

Pinya, pinya, pinya.

Fruit salad. Fruit salad.

Pasabayin ang lahat ng bata sa pag-awit. Kantahin nang dalawang beses.

2

MULING PAGBASA NG KUWENTO



KAGAMITAN

Ang Kamatis ni Peles

Basahin muli nang may tatas at ekspresyon ang aklat na *Ang Kamatis ni Peles*. Sa pagkakataong ito, walang kailangang itanong bago o habang binabasa ang kuwento.

Sa pagtatapos ng pagbasa, tingnan kung natandaan ng mga bata ang mga pangyayari sa loob ng isang linggo. Maaaring balikan at ipakita ang mga akmang bahagi ng libro upang matulungan ang mga bata sa pagsagot.

- *Ano ang ginawa ni Peles noong Linggo?*
- *Ano naman ang nangyari noong Lunes?*
- *Ano ang ginawa ni Peles para sa mga tanim noong Martes?*
- *Sino naman ang mga isinama niya sa bukid noong Miyerkoles? Ano ang ginawa nila?*
- *Ano ang dinala ni Peles sa taniman noong Huwebes?*
- *Ano ang nilagay ni Peles sa taniman noong Biyernes?*
- *Ano saw akas ang nangyari noong Sabado?*

3

PAGTATAYA

Basahin muli nang may tatas at ekspresyon ang aklat na *Ang Kamatis ni Peles*. Sa pagkakataong ito, walang kailangang itanong bago o habang binabasa ang kuwento.

a. Pangkatang Pagtataya

Sa bahaging ito, magsagawa ng gawaing pagtataya ukol sa mahahalagang napag-aralan sa linggong ito. Dahil hindi pa

TALAAN

lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga mag-aaral, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, nagsasanay naman ang ibang bata sa **pagguhit ng mapa ng taniman ni Peles. (Tingnan ang panuto sa bahaging 3b)**

Tanungin sa bata ang sumusunod; sasagutin ito ng bata nang palahad.

- **Ipaliwanag sa sariling pananalita, gamitin sa isang pangungusap, o ipakita sa galaw ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): sekreto, nagbulakbol, pagbubungkal, sungot, punla, pantabing, magbudbod.**
- **Bilangin ang pantig sa sasabihin kong salita (pumili ng isang bata para sa bawat salita): kamatis, Sabado, kandila, libro, palaka, pataba, hinahagod, sumigla.**
- **Sagutin ang tanong tungkol sa kuwento (isang tanong para sa bawat bata sa pangkat).**
 - Sino ang bida sa ating kuwento?
 - Sino ang kaniyang kaibigan?
 - Ano ang naramdaman ni Peles noong wala pang tumutubo sa kaniyang itinanim?
 - Ano ang ginawa ni Peles at ng mga palaka para sa pananim?
 - Anong araw nakakita ng sungot si Peles sa kaniyang taniman?
 - Ano ang naging resulta ng pagtanim ni Peles?
- **Basahin ang salitang nakasulat sa card at gamitin ito sa isang pangungusap (pumili ng isang card para sa bawat bata): ang, mga, at, na, si, sa, pa, ng, ni, ba, ay.**

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagpapantig, ngunit hindi pa lubusang nakabubuo ng salita kapang ipinagdugtong ang pantig.

Suriin din ang pagguhit ng mga bata sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

GAWAIN PARA SA MGA BATANG NAGHIHINTAY

3b

Sabihin ang panutong ito sa mga mag-aaral na hindi pa muna sasailalim sa pagtataya: *Ipikit ang inyong mata at isipin kung ano sa tingin ninyo ang itsura ng taniman ni Peles mula sa pananaw ng lumilipad*



TALAAN

na ibon. Gumuhit sa inyong kuwaderno ng isang mapa ng bukirin ni Peles. Ang mapa ay magpapakita kung ilang banay ng kamatis meron si Peles, kung gaano kalapit ang bukid sa kaniyang babay, kung nasaan ang bukid at babay ni Hugo, at iba pang detalye na inyong maisisip. Tandaan—paibabaw o mula sa pananaw ng isang lumilipad na ibon ang pananaw ng isang mapa.

4

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Gumuhit ng isang pangyayari mula sa kuwentong *Ang Kamatis ni Peles*. Pumili ng pangyayari sa kuwento mula sa alinmang araw, mula Linggo hanggang Sabado. Kulayan ito at maghandang ibahagi ito sa klase sa darating na linggo.

ARALIN


16

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

**TEMA: PANGANGALAGA NG AKING KATAWAN AT
KALUSUGAN (MY BODY, HYGIENE, AND HEALTH)**

KUWENTO: ANG KAMATIS NI PELES



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG
FILIPINO
YUNIT 2, ARALIN 16**

Tema: Pangangalaga ng Aking Katawan at Kalusugan

Kuwento: *Ang Kamatis ni Peles*

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin	
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan 	
	I	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-6.1 Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i>
		WG	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIc-8 Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i>
	PL	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIc-8 Naipakikita ang hilig sa pagbasa 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i> 	
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2.1 Natutukoy ang kailanan ng pangngalan 	<ul style="list-style-type: none"> Kailanan ng Pangngalan Awit: “Paa, Tuhod, Balikat, Ulo” 	
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita sa kuwentong <i>Ang Kamatis ni Peles</i> 	
3	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw ; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita sa awiting “Mag-exercise Tayo Tuwing Umaga” 	
	KP	<ul style="list-style-type: none"> FIKP-IIc-5 Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita sa awiting “Mag-exercise Tayo Tuwing Umaga” 	
	PU	<ul style="list-style-type: none"> FIPY-IIc-2.2 Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita sa awiting “Mag-exercise Tayo Tuwing Umaga” 	

LEGEND: AK – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang personal na karanasan gamit ito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na makibahagi sa talakayan tungkol sa pangyayari sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Makibahagi sa talakayan tungkol sa pangyayari sa kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng ibang kuwento na insekto rin ang mga karakter 	<ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng ibang mga kuwento na insekto rin ang mga karakter
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng bilang ng pangngalan gamit ang awit at ang kuwentong napag-aralan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa bilang ng pangngalan sa kinantang awit at kuwentong napag-aralan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng mga salita gamit ang larawan sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita batay ang larawan sa kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga halimbawang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy ng kahulugan ng mga halimbawang salita
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakilala ng mga tunog sa isang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagkilala ng mga tunog sa mga halimbawang salita
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga mag-aaral sa pagbaybay ng mga salita napag-aralan mula sa awit sa tulong ng pocket chart 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabaybay ng wasto sa mga salita mula sa awit

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIe-2 Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang ulat 	<ul style="list-style-type: none"> Ulat: <i>Kamatis, Maraming Benepisyo ayon sa isang Unibersidad</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIc-f-2 Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari 	<ul style="list-style-type: none"> Ulat: <i>Kamatis, Maraming Benepisyo ayon sa isang Unibersidad</i>
	PU	<ul style="list-style-type: none"> FIKP-IIf-5 Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapantig
5	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIf-8 Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwento: <i>Ang Kamatis ni Peles</i>

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbasa at pagtalakay sa binasang ulat 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa mga tanong ng guro tungkol sa napakinggang ulat
<ul style="list-style-type: none"> • Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga pangngalang nabanggit sa binasang ulat 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa mga pangngalang nabanggit sa napakinggang ulat
<ul style="list-style-type: none"> • Paggabay sa mga mag-aaral sa pagtukoy sa tunog ng mga pantig sa isang salita 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa tunog ng mga pantig sa isang salita
<ul style="list-style-type: none"> • Paggabay sa mga mag-aaral sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento gamit ang mga larawan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento gamit ang mga larawan
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPS-IIIf-6.1** Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan
- **FIPN-IIIf-8** Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan
- **F IPL-0a-j-6** Naipakikita ang hilig sa pagbasa

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Ibatay ang bahaginan sa ipinagawang takdang-aralin noong nakaraang Biyernes. Ipapakita ng mga tatawaging mag-aaral ang kanilang iginuhit na eksena mula sa kuwentong *Ang Kamatis ni Peles*.



Sabihin: *Ngayong umaga, tatawag ako ng ilang mag-aaral na magpapakita ng ginuhit nilang eksena mula sa kuwentong Ang Kamatis ni Peles. Habang ipinapakita ang larawang iginuhit, sasabihin din nila kung aling bahagi ng kuwento ang kanilang iginuhit. Maaaring gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasahin ko:*

Ang iginuhit kong eksena ay nang si Peles ay _____.

Makikita dito sa larawan ang _____.

Magbigay ng halimbawang larawan at pangungusap. Maaaring gamitin ito: *Ang iginuhit kong eksena ay nang si Peles ay nagbasa para sa kaniyang pananim. Makikita dito sa larawan si Peles at ang mga aklat.*

Tumawag ng tatlong mag-aaral para magbahagi sa harapan ng klase. Bigyan sila ng tulong sa paglalahad kung kinakailangan.



KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

2

MULING PAGSALAYSAY NG KUWENTO BATAY SA LARAWAN

Ipakita muli sa klase ang pabalat ng aklat na *Ang Kamatis ni Peles*. Itanong sa klase kung ano ang pamagat nito. Itanong din kung ano pang impormasyon ang makikita sa pabalat. Tulungan silang tukuyin ang may-akda (Virgilio Almario) at tagaguhit (Renato Gamos) ng aklat.

Matapos talakayin ang pabalat, ihanda ang mga mag-aaral para sa gagawin nilang muling pagsalaysay.



Sabihin: *Noong nakaraang linggo, binasa ko sa inyo ang aklat na ito. Naging pamilyar na kayo sa iba't ibang pangyayari sa kuwento. Sa araw na ito, kayo naman ang magsasalaysay o magkuwento. Gagamitin ninyong gabay ang mga larawan ng aklat upang sabihin kung ano ang nangyari sa bawat pahina.*



KAGAMITAN

Ang *Kamatis ni Peles*

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagbubuo ng pangungusap, tutulungan ko kayo, kaya huwag kayong mag-alala kung hindi pa kayo ganoon kakomportable sa wikang Filipino. Ang mahalaga ay ang kabandaan ninyong sumubok at magpraktis.

Magsimula sa **p. 2**. Tumawag ng isang mag-aaral na magsasabi kung ano ang nagaganap sa larawan sa pahinang ito. Kung kinakailangan, magbigay ng tanong upang matukoy ang anumang mahalagang detalye na hindi pa natumbok ng bata. Halimbawa: *Bakit nga ulit naisip ni Peles na magtanim?*

Ulitin ang prosesong ito sa lahat ng sumusunod na pahina, hanggang sa mabuo ang kuwento, sa **p. 27**.

TALAAN

PAGSASAAYOS NG MGA LARAWAN AYON SA PAGKAKASUNOD-SUNOD NG PANGYAYARI

3

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipaskil sa pisara ang pitong larawan na hango mula sa mga naganap sa ***Ang Kamatis ni Peles*** mula Linggo hanggang Sabado, na hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod. Bigyan ang bawat pangkat ng pitong card kung saan nakasulat ang mga araw ng linggo: Linggo, Lunes, Martes, Miyerkoles, Huwebes, Biyernes, Sabado. Ilahad sa klase ang panuto para sa gawain.

Sabihin: *Nakapaskil sa pisara ang pitong larawan. Pinapakita ng bawat larawan ang isang pangyayari sa kuwento ni Peles na naganap mula Linggo hanggang Sabado. Pag-uusapan ninyo sa pangkat kung aling larawan ang nangyari sa aling araw. Binigyan ko kayo ng mga flash card—isang flash card para sa bawat araw ng linggo. Sa talakayan natin mamaya, ididikit ninyo ang angkop na card sa katapat nitong larawan. May limang minuto kayo para pag-uusapan kung aling larawan ang katapat ng bawat araw.*

Pagkatapos ng limang minuto, tawagin ang pansin ng buong klase.

- Tanungin ang unang pangkat kung aling larawan ang dapat lagyan ng card para sa araw ng Linggo.
- Tanungin ang ibang pangkat kung sang-ayon sila sa sagot na ito.
- Balikan ang libro at ipakita sa mga bata ang nangyari sa araw ng Linggo.
- Tumawag ng mag-aaral mula sa unang pangkat upang ipakabit ang card para sa araw ng Linggo sa tamang larawan.

Ulitin ang ganitong proseso para sa bawat araw, mula Lunes hanggang Sabado, ngunit tumawag ng ibang pangkat at ibang mag-aaral.

Kapag nakabit na ang lahat ng card, tumawag ng ilang mag-aaral upang isaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga larawan, mula Linggo hanggang Sabado.



KAGAMITAN

1. Apat na set ng mga flash card para sa bawat araw ng linggo, mula Linggo hanggang Sabado
2. Pitong larawan na nakabatay sa nangyari sa *Kamatis ni Peles* mula Linggo hanggang Sabado



TALAAN

4

PAGHIKAYAT NG HILIG SA PAGBASA

Ipabatid sa mga bata na marami pang ibang kuwento na naghahatid ng mensahe gamit ang mga hayop bilang tauhan. Tanungin sila kung may iba pa silang alam na kuwento kung saan mga insekto na tulad ni Peles at Hugo ang bida. Ilalahad nila sa kanilang katabi ang pamagat ng kuwentong ito, at kung ano ang gusto nila tungkol sa kuwento. Kung hindi insekto ngunit ibang hayop ang mga tauhan, maaari rin nilang ibahagi ito. Magbigay ng tatlong minuto para sa kanilang bahaginan. Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng tatlong bata at tanungin sa kanila ang pamagat ng mga kuwentong kanilang pinag-usapan.



Sabihin: *Gaya ng natuklasan ninyo sa inyong bahaginan, maraming mga kuwento ang naisulat na at nagbibintay na alamin o buklatin natin sila. Marami tayong mapupulot na bagong salita, bagong ideya, at bagong impormasyon mula sa mga libro. Sana'y magpatuloy tayong labat sa pagtuklas ng mga bagong kuwento at babasahin.*

5

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Magpakuwento sa inyong nanay o tatay ng isang kuwento na ikiuwento din sa kanila ng kanilang magulang. Tanungin ang inyong magulang kung ano ang nagustuhan nila tungkol sa kuwentong ito noong bata pa sila.

ARAW

2

MGA LAYUNIN

- **FIWG-IIc-f-2.1** Natutukoy ang kailanan ng pangngalan
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan



KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa pisara

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Pag-usapan sa bahaginan ang itinakdang gawain sa pagtatapos kahapon. Ipalahad sa ilang bata ang pamagat at buod ng ikinuwento sa kanila ng kanilang magulang. Maaari nilang gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat sa pisara:

Ang pamagat ng ikinuwento sa akin ng aking magulang ay _____ . Tungkol ito sa _____ .

Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap upang marinig ng mga bata ang inaasahan mula sa kanila. Halimbawa: *Ang pamagat ng ikinuwento sa akin ng aking magulang ay 'Ang Kuwento ni Juan Tamad'. Tungkol ito sa isang bata na gusto lamang laging magbabinga at ayaw tumulong sa kaniyang magulang.*

Tumawag n tatlong mag-aaral para magbahagi sa harapan ng klase. Pumili ng mga batang hindi pa gaanong nakapaglalalahad sa mga nakaraang araw.

TALAAN

SABAYANG PAG-AWIT

2

Isulat o ipaskil ang titik ng awiting “Paa Tuhod Balikat Ulo.” Tugnay ang awitin sa tema para sa linggong ito: pag-alaga ng katawan at kalusugan. Sabihin na ang awitin ng klase ngayong umaga ay pinagsamang kanta at paraan ng pag-ehersisyo.

Ituro ang tono at ang galaw para sa kanta, o tumawag ng ilang bata na magpapakita kung paano ito awitin sa harapan ng klase.

Patayuin ang mga bata para sa pag-awit. Siguruhing may sapat silang lugar para sa kilos na gagawin nila habang kumakanta. Awitin ang kanta ng tatlong beses. Sa unang beses, kantahin ito sa regular na bilis. Sa pangalawang beses, kantahin ito nang mabagal o marahan. Sa pangatlong beses, kantahin ito nang mabilis na mabilis.



KAGAMITAN

1. Lyrics ng awiting “Paa Tuhod Balikat Ulo” na nakasulat sa pisara o manila paper
2. Talahanayan: isahan, dalawahan, maramihan
3. Mga flash card: ang, ang mga

PANGNGALAN:
ISAHAN, DALAWAHAN, MARAMIHAN

3

Gamiting lunsaran ang awiting “Paa Tuhod Balikat Ulo” sa pagtalakay ng konsepto ng kailanan ng pangngalan.

Itanong at sabihin: *Tungkol saan ang mga salita sa inawit nating kanta? Tama—tungkol sa mga bahagi ng ating katawan. Ano-ano pa ang ibang bahagi ng ating katawan?*

Ilista sa pisara ang mga babanggiting bahagi ng katawan. Tulungan ang mga bata sa pamamagitan ng pagturo sa ilang bahagi ng inyong katawan at pagtanong kung ano ang tawag dito. Ilan sa mga bahagi ng katawan na maaari ninyong ipabanggit: daliri, mata, ilong, tainga, buhok, bibig, ngipin, binti.

Sabihin: *Pansinin natin ang mga bahagi ng ating katawan na nakalista. Ano-ano dito ang nag-iisa lamang? (sagot: ulo, bibig, ilong) Ano naman ang tig-dalawa? (sagot: mata, tainga, paa, kamay, binti, tuhod) Aling bahagi ng ating katawan ang higit pa sa dalawa ang bilang? (sagot: ngipin, buhok, daliri)*



TALAAN

Ilabas ang inihandang talahayan. Gabayan ang mga bata sa paglalahad kung ilan ang bawat bahagi ng kanilang katawan.



Sabihin: *Inilagay ko dito sa talabanayan ang iba't ibang bahagi ng katawan na tinalakay natin ngayon. Ilalahad natin nang sabay-sabay kung ilan ang bawat bahagi ng katawan na nakalista dito. Inilista ko sa unang hanay ang mga bahagi ng katawan na isa lamang. Nasa pangalawang hanay ang mga bahagi ng katawan na dalawa ang bilang. Nasa pangatlong hanay ang mga bahagi ng katawan na marami ang bilang. Simulan natin ang paglalahad. Gagabayan ko kayo.*

Basahin muna ang panimulang nasa itaas ng bawat hanay, kasunod ng isang bahagi ng katawan na nakalista sa ilalim nito. Halimbawa: *Isa lang ang aking ulo. Isa lang ang aking bibig.* Gawin ito para sa lahat ng hanay.

Isa lang ang aking:	Dalawa ang aking:	Marami akong:
ulo bibig ilong	mata tainga paa kamay binti tuhod	ngipin buhok daliri



Siguruhing nakuha ng mga bata ang konsepto. **Tanungin:** *Ilan nga ang bilang ng bawat salitang nakalista dito sa unang hanay? Ilan naman ang bilang ng nakalista dito sa pangalawang hanay? Dito sa pangatlong hanay?*



Sabihin: *Kung pag-uusapan natin sa isang pangungusap ang mga bahagi ng katawan na nakalista dito, ano kaya ang salita na maaari nating gamitin upang maipakita kung nag-iisa lamang ito o kung dalawa o bigit ang bilang nito?*

Ilabas ang mga card para sa salitang “ang” at “ang mga.”



Sabihin: *Nakikilala ba ninyo ang mga salitang ito? Pinag-aralan natin ang mga ito noong nakaraang linggo. Basahin nga natin. “Ang.” “Ang mga.” Kailan natin ginagamit ang salitang “ang”? Magbigay nga ng halimbawa gamit ang mga salita dito sa talabanayan. Aling hanay ang maaaring gumamit sa salitang “ang”? Kailan naman dapat gamitin ang mga salitang “ang mga”? Sa aling mga hanay ng salita ito dapat gamitin?*

4

PAGSASANAY

Gamitin ang ilang larawan mula sa aklat na *Ang Kamatis ni Peles* sa pagpapatukoy sa mga bata sa bilang ng mga bagay at kung “ang” o “ang mga” ang dapat gamitin para sa mga salitang ito.

TALAAN

Sabihin: Kumuba ng dalawang pirasong papel. Isulat sa isang papel ang salitang “ang” at isulat sa kabilang papel ang mga salitang “ang mga.” Maaari ninyong kopyahin ang pagkakasulat ng salita dito sa pisara kung hindi pa kayo sigurado kung paano sulatin ang mga salitang ito.

Bigyan ng isang minuto ang mga bata para gumawa ng kanilang mga piraso ng papel.

Sabihin: May ipapakita akong ilang larawan mula dito sa libro. Tingnan kung ilan ang bilang ng mga bagay na babanggitin ko. Batay sa bilang, sabihin ninyo kung “ang” o “ang mga” ang dapat gamitin sa pagbuo ng pangungusap ukol sa bagay na ito. Itataas ninyo ang papel kung saan nakasulat ang dapat gamitin na salita.

a. **Ipakita ang larawan sa p. 9. Itanong:**

- Ilang sombrero ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?
- Ilang ulap ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?
- Ilang buto ng kamatis ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?

b. **Ipakita ang larawan sa p. 11. Itanong:**

- Ilang bituin ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?
- Ilang dabon ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?
- Ilang kamatis ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?

c. **Ipakita ang larawan sa p. 17. Itanong:**

- Ilang kamay ni Peles ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?
- Ilang kandila ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?
- Ilang buwan ang nakikita ninyo? Ano ang gagamitin: “ang” o “ang mga”?

PAGTATAPOS

5

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang malaman kung naiintindihan na ng mga bata ang konseptong tinalakay. Patayuin ang lahat ng bata.

Sabihin: Manatiling nakatayo kung may tanong pa kayo tungkol sa bilang ng mga pangalanan. Manatiling nakatayo kung hindi pa klaro sa inyo ang paggamit ng “ang” at “ang mga.”

TALAAAN

Kung may nananatili pang nakatayo, tanungin sila kung ano pa ang bagay na di nila lubusang nauunawaan. Balikan ang tanong nila sa pagbabalik aral sa susunod na araw.

ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIKP-IIf-5** Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita
- **FIPY-IIf-2.2** Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin

1 PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

Simulan ang araw sa pag-awit ng kantang “Mag-Exercise Tayo Tuwing Umaga” ni Yoyoy Villame. Maghanda ng isang manila paper kung saan nakasulat ang lyrics ng awiting ito. Mahahanap ang lyrics ng kantang ito sa link na ito: <http://tagaloglang.com/Filipino-Music/Awiting-Pambata/mag-exercise-tayo-tuwing-umaga.html>.

KAGAMITAN

Lyrics ng kantang “Mag-Exercise Tayo Tuwing Umaga” na nakasulat sa manila paper

Bago umawit, sabihin: *Ang tema natin para sa linggong ito ay ang pangangalaga sa ating katawan at kalusugan. Ang kanta natin para sa araw na ito ay nagbibigay ng ilang ideya kung paano nating mapapanatiling malakas at malusog ang ating mga katawan.*

Ituro sa mga bata ang tono at kilos para sa kantang ito. Iugnay ang kahulugan ng ilang salita (ikendeng-kendeng, ipaling-paling, isuntok-suntok, magtambling-tambling) sa kilos nito. Sabay-sabay na awitin ang kanta.

Matapos umawit, tanungin ang mga bata:

- *Ayon sa kanta, bakit daw importanteng mag-ehersisyo?*
- *Ano-ano ang mga ebersisyo o kilos na pinagagawa ng kanta sa atin?*
- *Bukod sa pag-ehersisyo, ano pa ang ibang ipinapaalala ng kanta na dapat ganin upang tayo ay maging malusog at masigla?*

KAGAMITAN

1. Pocket chart
2. Mga maliliit na card para sa mga letrang: **u, m, a, g, t, l, o, s, i** (damihan ang card para sa lahat ng letra)
3. Mga card na nakasulat ang mga salitang: **umaga, maaga, matulog, sumigla**

2

PAGBABALIK-ARAL

Gamitin ang kanta upang balikan kung kailan dapat gamitin ang salitang “ang” at “ang mga.” Banggitin ang ilang bahagi ng katawan na makikita sa kanta: leeg, baywang, braso.

Itanong sa mga bata: *Alin sa mga bahagi ng katawan na ito ang dapat gamitan ng “ang”? Bakit? Alin naman ang dapat gamitan ng “ang mga”? Bakit?*

Tumawag ng tatlong mag-aaral na magpapakita ng ilang bagay mula sa kanilang bag at maglalahad tungkol dito gamit ang “ang” o “ang mga.” (Halimbawa: Ito ang lapis ko. Ito ang mga kuwaderno ko.)

PAGKILALA NG MGA TUNOG NA BUMUBUO SA MGA SALITA

3

Gamitin ang ilang salita mula sa kanta sa pagsanay sa kakayanan ng mga bata sa pagkilala ng mga tunog na bumubuo sa mga ito.

Sabihin: *Marami tayong narinig na nakatutuwang salita sa kantang “Mag-Exercise Tayo Tuwing Umaga.” Pumili ako ng ilang salita na gusto kong suriin pa natin. Alamin natin kung ano ang mga tunog na bumubuo sa mga salitang ito. Kapag alam na natin ang mga tunog na nasa isang salita, mas madali na nating masusulat at mababasa ang salitang ito.*



Isa-isang banggitin ang target na salita at tulungan ang mga bata sa paghihiwalay sa mga tunog na bumubuo dito.

Sabihin: *Simulan natin sa salitang “umaga.” Umaga. Pantigin natin: u-ma-ga. Uuu-mmmaaaa-ggggaaa. Ano-ano ang mga tunog na naririnig ninyo? Isa-isahin natin. /U/; ma, /m/, /a/; ga, /g/, /a/. U-ma-ga. Umaga. Anong letra ang may tunog na /u/? /m/? /a/? /g/?*



Ipakita ang card para sa bawat letra matapos tukuyin ng mga bata ang letra na katapat ng mga hiniwalay na tunog.

Sabihin: *Sa mga sumusunod na salita na babanggitin ko, kayo naman ng inyong katabi ang susubok na tumukoy sa mga tunog na bumubuo sa salita. Paghiwa-hiwalayin ninyo ang tunog katulad ng ipinakita ko kanina. Pagkatapos, isipin ninyo kung aling letra ang katapat ng bawat tunog na tinukoy ninyo. Maaari kayong sumangguni dito sa letter chart kung kailangan ninyo ng clue o tulong sa pagtukoy sa letra.*



Sabihin ng malakas ang sumusunod na salita: **maaga, matulog, sumigla.**

Para sa bawat salita, bigyan ng isang minuto ang mga bata upang pag-usapan ng kanilang pares ang mga tunog na narinig nila sa salita. Pagkatapos ng isang minuto, tumawag ng isang pares para ilahad ang kanilang sagot sa buong klase. Ipakita ang card para sa bawat tamang letra na banggitin nila.

PAGGAMIT NG POCKET CHART SA PAGBAYBAY NG MGA SALITA

4

Mula sa pagtutukoy ng tunog at letra na bumubuo sa mga salita, gabayan ang mga bata sa pagbaybay ng mga salitang ito gamit ang mga card ng bawat letra at ang pocket chart.

TALAAN

Sabihin muli ang bawat salitang pinag-aralan kanina. Tumawag ng bata na magsasabi kung ano ang tunog at katapat na letra na bumubuo sa bawat salita. Papuntahin ang bata sa harap, at ipalagay sa pocket chart ang mga card ng letrang binanggit niya, sa tamang pagkakasunod-sunod. Habang inilalagay niya ang bawat letra, babanggitin niya ang pangalan nito. Halimbawa: u-m-a-g-a. Pagkalagay ng lahat ng letra sa tamang pagkakasunod-sunod, sasabihin ulit ng bata ang nabuong salita. (halimbawa: umaga) Gawin ang ganitong proseso para sa lahat ng salita.

Kapag naibaybay na ang lahat ng salita, ilagay ang card na may buong salita sa tabi ng mga card na ginamit ng bata sa pagbaybay upang makita nila ang kabuuang porma nito.

Basahin muli ang lahat ng salita. Magbigay ng ilang tanong upang matulungan sila sa pagtukoy ng kahulugan ng bawat isa.

- *Ano ang palatandaan na **umaga** na? Ano ang kabaligtaran ng **umaga**? Ano ang ginagawa ninyo kapag bagong gising sa **umaga**? (umaga = panahon ng paggising)*
- *Ano ang kaugayan ng salitang **maaga** sa salitang **umaga**? Mabuti ba o masama ang pagiging **maaga**? Kapag ang isang tao ay dumating ng **maaga**, siya ba ay dumating bago ang takdang oras, o pagkatapos ng takdang oras? (maaaga = nauna sa takdang oras)*
- *Kailan dapat **matulog**? Kailan kaya madalas na natutulog? Ano ang kabaligtaran ng salitang **tulog**? (matulog = humimbing; kabaligtaran ng gumising)*
- *Kapag ang isang tao ay **sumigla**, siya ba ay mabagal o mabilis kumilos? Siya ba ay malungkot o masaya? Siya ba ay malusog o sakitin? (sumigla = sumaya, bumilis, lumusog)*

Isulat ang kahulugan ng bawat salita sa tabi nito. Ipasipi ang mga salita at ang kahulugan nito sa kanilang kuwaderno.

5

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Magpatulong sa isang mas nakatatandang kapamilya sa paggawa ng sarili ninyong mga maliliit na card para sa bawat letra ng alpabeto. Maaaring gamitin ang blangkong likuran ng mga lumang folder o kalendaryo.

Gumawa ng dalawang kopya ng card para sa bawat katinig at tatlong kopya ng card para sa bawat patinig.

Gamitin ang mga card ng letra sa pagpraktis ng pagbubuo ng mga salita kapag nasa bahay.

MGA LAYUNIN

- **FIPN-Ile- 2** Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakikingang ulat
- **FIWG-Ilc-f-2** Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari
- **FIKP-IIf-5** Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita

ARAW

4

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

I

Iugnay ang bahaginan sa tema para sa linggong ito. Tulungan ang mga bata na maglahad tungkol sa mga aktibidad o gawain na ginagawa nila upang maging malusog.

Sabihin: *Kahapon, inawit natin ang kanta ni Yoyoy Villame na “Mag-Exercise Tayo Tuwing Umaga.” Maraming binabanggit ang kanta na dapat nating gawin upang lumusog at sumigla. Sa bahaginan natin ngayon, maglahad ng ilang bagay na ginagawa ninyo na nakatutulong sa inyong kalusugan. Maaari ninyong gamiting ang halimbawang panimula na nakasulat sa pisara:*

Isang bagay na ginagawa ko upang maging malusog ay _____.

Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap bilang dagdag na gabay sa dapat gawin ng magbabahagi. Halimbawa: *Isang bagay na ginagawa ko upang maging malusog ay matulog ng maaga.*

Tumawag ng dalawang bata upang magbahagi sa harap ng klase. Pumili ng mga bata na hindi pa nakapagbabahagi sa nakalipas na mga araw.

KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

PAKIKINIG SA MAIKLING ULAT PANG-IMPORMASYON

2

Palalimin ang pag-unawa ng mga bata tungkol sa kamatis sa pamamagitan ng maikling “ulat-radyo.” Ihanda ang mga bata para sa pakikinig.

Sabihin: *Napakikingan ninyo nitong mga nakaraang araw ang kuwento na ‘Ang Kamatis ni Peles’. Nakakain na ba kayo ng kamatis? Ano ang karanawang kapares nito? Saang lutuin ito madalas gamitin?*

Ikabit ang manila paper kung saan nakasulat ang ulat sa pisara. Ipatugtog ang rekording, o basahin nang may ekspresiyon ang ulat-radyo sa ibaba.

TALAAN



KAGAMITAN

Teksto ng ulat radyo na nakasulat sa manila paper

Tape recorder at rekording ng ulat-radyo (maaari rin namang basahin na lang sa klase ang ulat-radyo kung walang tape at tape recorder)

Too-tooo-roooo-tooot-tooot-toot...

Ito si Amado Reyes, nag-uulat para sa DZFilipino. Sa ulo ng ating mga balita:

Kamatis, Maraming Benepisyong sa Kalusugan Ayon sa Isang Unibersidad

Napag-alaman sa isang pag-aaral na ang kamatis—karaniwang sangkap sa mga lutuing Filipino—ay isa sa pinakamahusay na pagkain para sa ating kalusugan.

Ayon sa pag-aaral, nakatutulong ang bitamina K at calcium ng kamatis sa pagpapalakas ng ating buto. Mayroon din itong lycopene na nagbibigay proteksyon sa ating balat. Bukod dito, ang kamatis ay mababa sa kolesterol at taba. Mayaman din ito sa Bitamina A, Bitamina C, at potassium.

Ang kamatis ay karaniwang ipinapares sa malaat na itlog o sa sibuyas at ginagawang ensalada. Madalas din itong gamiting sangkap sa mga lutuing Filipino tulad ng sinigang o pinakbet.

Muli, ito si Amado Reyes, nag-uulat para sa DZFilipino.

Talakayin ang ulat-radyo. Tanungin ang mga mag-aaral:

- *Tungkol saan ang ulat na pinakinggan?*
- *Ano ang kaibahan ng ulat na ito sa kuwentong “Ang Kamatis ni Peles”?*
Ano naman ang bagay na pareho sa ulat-radyo at sa kuwento?
- *Ano ang mga narinig ninyong benepisyong pang-kalusugan ng kamatis?*
- *Ano ang opinyon ninyo tungkol sa kamatis matapos ninyong marinig ang ulat na ito?*

Pagkatapos ng diskusyon, patugtugin ulit ang recording. Sa pagkakataong ito, itutok ang pansin ng mag-aaral sa pagtukoy ng mga pangngalan na maririnig nila sa ulat.



Sabihin: *Pakikinggan nating muli ang ulat. Sa puntong ito, itutok ang inyong pakikinig sa pagtukoy ng mga salita na nagbibigay pangalan sa tao, bagay o lugar.*

Matapos ang pangalawang pakikinig, tanungin ang mga mag-aaral kung ano-ano ang narinig nilang mga pangngalan ng tao, bagay o lugar mula sa ulat. Ilista ito sa pisara. Ilan sa mga posibleng sagot: **kamatis, benepisyong, kalusugan, bitamina, unibersidad, buto, balat, sinigang, pinakbet, ensalada.**

PAGSASANAY SA PAGPAPANTIG AT PAGTUKOY NG TUNOG NG MGA PANTIG

3

TALAAN

Magtalaga ng isa o dalawang pangngalan na narinig mula sa ulat-radyo sa bawat hanay ng mag-aaral. Atasan ang mga magkatabing mag-aaral na mag-usap at magsanay sa pagpapantig at sa pagtukoy sa tunog ng bawat pantig sa salitang itinakda sa kanilang hanay.

Ipaalala ang proseso para sa pagpapantig at pagtukoy ng tunog na ginawa nila kahapon:

- *Ipantig ang tinututukang salita (ka-ma-tis)*
- *Sabihin nang marahan ang mga tunog sa kada pantig (kekkekaa-mmmaaa—tttiiissss)*
- *Ihiwalay ang tunog na bumubuo sa bawat pantig (ka: /k/, /a/--ka)*
- *Subukang isulat sa kuwaderno ang mga letra na katapat ng bawat tunog ng bawat pantig*
- *Subukang isulat ang buong salita sa kuwaderno*

Umikot sa bawat hanay at pares upang bigyang-pansin ang mga nangangailangan pa ng tulong sa pagsagawa ng pagpapantig at paghihiwalay ng mga tunog.

PAGTATAPOS

4

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Ibahagi sa ibang miyembro ng inyong pamilya ang impormasyon na narinig ninyo ngayong araw tungkol sa kamatis.

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIf-8** Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan

ARAW

5

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

I

Awitin ang kantang *Sampung Mga Daliri*. Hikayatin ang mga mag-aaral sa sumali sa pagkanta.



KAGAMITAN

Sampung Mga Daliri na nakasulat sa manila paper

TALAAN

Sampung Mga Daliri

Sampung mga daliri:
kamay at paa,
dalawang mata,
dalawang tainga,
ilong na maganda!

Maliliit na ngipin,
masarap kumain.
Dilang maliit, nagsasabi
huwag kang magsinungaling!
(Ulitin ng 2 beses)

Iugnay ang awit sa tema para sa linggong ito—ang pangangalaga sa katawan at kalusugan. Tanungin ang bata kung ano ang mga bagay na dapat nilang gawin upang maging malinis o malusog ang kanilang mga daliri, mga mata, mga tainga, ilong, o ngipin. Tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad ng kanilang sagot sa buong klase.

2**PAGSASANAY: PAGESUNOD-SUNOD NG MGA LARAWAN AYON SA PANGYAYARI SA KUWENTO****KAGAMITAN**

Limang larawan na nagpapakita ng iba-ibang mga eksena mula sa *Ang Kamatis ni Peles*

Magpaskil ng limang larawan mula sa kuwentong *Ang Kamatis ni Peles* sa pisara. Guluhin ang pagkakaayos ng mga larawan.

Lagyan ng letra ang bawat larawan, mula A hanggang E. Siguruhing ang pagtakda ng letra ay hindi alinsunod sa tamang pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kuwento.

Sabihin sa mga bata na isusulat nila sa kanilang kuwaderno ang dapat na maging pagkakasunod-sunod ng mga larawan. Ilalagay lamang nila sa kuwaderno ang letra ng larawan na dapat mauna, ang letra ng larawang dapat pumangalawa, hanggang sa maisaayos nila ang lahat ng larawan.

Habang ginagawa ng mga bata ang pagsasanay na ito, ihiwalay ang unang pangkat na sasailalim sa pagtataya.

3**PAGTATAYA**

Magsagawa ng gawaing pagtataya ukol sa mga mahahalagang pinag-aralan sa linggong ito. Tanungin sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata nang palahad.

TALAAN

- Ibigay ang kahulugan o ibig sabihin ng salitang ito. Maaari itong ipaliwanag sa sariling pananalita, gamitin sa isang pangungusap, o ipakita sa galaw. (Pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat: umaga, maaga, matulog, sumigla, kalusugan, katawan, ikendeng-kendeng, ipaling-paling)
- Sabihin kung isa, dalawa, o marami ang bilang ng ibibigay kong salita (pumili ng isang bata para sa bawat salita): mata, ilong, paa, bibig, leeg, buhok, daliri, tainga, tuhod.
- Sabihin kung “ang” o “ang mga” ang dapat gamitin bago ang sumusunod na salita (pumili ng isang bata para sa bawat salita): mata, ilong, paa, bibig, leeg, buhok, daliri, tainga, tuhod.
- Pantigin ang sasabihin kong salita (pumili ng isang bata para sa bawat salita): kamatis, bitamina, malusog, pag-aaral, buto, balat, ngipin.
- Sabihin ang tunog at letra na bumubuo sa sasabihin kong pantig (pumili ng isang bata para sa dalawang pantig): ka, tis, pa, les, bu, wen, ma, sog, lu, ni, ku, to.

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, nagsasanay naman ang ibang bata sa **pagsasaayos ng mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod sa kuwento. Kapag natapos na sila sa gawaing ito at hindi pa tapos ang buong klase sa pagtataya, hikayatin silang magpraktis sa pagsulat ng mga salita sa kanilang kuwaderno.**

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagpapantig, ngunit hindi pa lubusang naihihiwalay ang bawat tunog nito.

Suriin din kung tama o hindi ang gawaing pagkakasunod-sunod ng mga larawan sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

PAGTATAPOS

4

Ilahad sa mga bata ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga larawan sa kanilang gawain. Ipabilang sa mga bata kung ilan ang tama nilang sagot. Magsagawa ng mabilisang survey—ipataas ang kamay ng nakakuha ng limang tamang sagot; tatlo hanggang apat na tamang sagot; at dalawang tamang sagot pababa. Alamin kung sino ang mga bata na may pinakakaunting tamang sagot at bigyan sila ng dagdag na atensyon sa susunod na linggo.

TALAAN


Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Ipagpatuloy ang pagpraktis sa pagtukoy ng mga tunog ng salita at pagbubuo ng mga salita gamit ang mga card ng letra na ginawa para sa inyo ng isang kapamilya.

ARALIN

17

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA LARO**KUWENTO: SI PILONG PATAGO-TAGO**

LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG FILIPINO

YUNIT 2, ARALIN 17

Tema: Mga Laro

Kuwento: *Si Pulong Patago-Tago*

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan
1	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw ; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapaunlad ng Talasalitaan
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIg-9 Nahuhulaan ang susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Si Pulong Patago-tago</i>
	PP	<ul style="list-style-type: none"> FIPP-IIg-4.1 Nababasa ang mga salita gamit ang palatandaang konpigurasyon larawan 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Si Pulong Patago-tago</i>
	AL	<ul style="list-style-type: none"> FIAL-IIg-4 Nasusundan ang pagkakasulat ng teksto ayon sa estilo 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Si Pulong Patago-tago</i>
3	PL	<ul style="list-style-type: none"> F IPL-0a-j-7 Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Si Pulong Patago-tago</i>
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIg-h-3 Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya) 	<ul style="list-style-type: none"> Ako, Ikaw, Siya
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIg-7 Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan: paglalahad ng sariling karanasan
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIg-h-3 Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya) 	<ul style="list-style-type: none"> Ako, Ikaw, Siya
	KM	<ul style="list-style-type: none"> FIKMIIg-2 Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang mga salitang ididikta ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salita mula sa kuwento

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng pangungusap na gamit ang tinututukang salita. Pagpapakita ng larawan. 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikilahok sa talakayan. Pagmamasid sa larawan. Pagsagot sa mga tanong ng guro.
<ul style="list-style-type: none"> Pagtatanong tungkol sa susunod na mangyayari habang binabasa ang kuwento. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong ng guro.
<ul style="list-style-type: none"> Pagturo sa mga bata ng bahagi sa aklat na sasabayan nila. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas nang malakas at may damdamin ang mga itinakdang salita
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita sa estilo ng pagkakasulat ng salitang bibigkasin ng mga bata. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpansin sa estilo ng pagkakasulat at pagbigkas ng salita
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang panimula para sa bahaginan. Paggabay sa mga bata sa gawaing Buhay na Larawan. Pagbibigay ng tanong na gagabay sa pagtalakay ng kuwento. 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikilahok sa bahaginan. Pakikilahok sa gawaing pangkatan/ Buhay na Larawan. Pakikilahok sa talakayan.
<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng salita, pagtatanong at pagpapaliwanag tungkol sa gamit nito. Pagtawag sa mga bata upang magbigay ng sariling pangungusap. Pagbibigay ng pagsasanay. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng sariling pangungusap gamit ang ako, ikaw, siya. Paggawa ng sarili nilang card na may nakasulat na ako, ikaw, siya. Pagsagot sa mga tanong ng pagsasanay gamit ang card.
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng panggabay na tanong sa bahaginan. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtugon sa tanong at paglalahad ng sariling karanasan
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa laro at pagbibigay ng panuto para sa pagbabahaginan tungkol sa laro gamit ang ako, ikaw, siya 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikilahok sa laro at pagbabahaginan gamit ang salitang ako, ikaw, siya
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng paalala tungkol sa mga hakbang sa pagbabaybay. Pagbibigay ng mga salitang ibabaybay. Pagpapakita ng tamang baybay gamit ang pocket chart. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbaybay/pagsulat ng salita sa kanilang kuwaderno
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
5	PT	<ul style="list-style-type: none"> F IPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas ng tula
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F I PP-IIg-4.I Nababasa ang mga salita gamit ang palatandaang konpigurasyon larawan 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Si Pulong Patago-tago</i>

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa sa tula. Paggabay sa mga bata sa pagtukoy ng mga galaw na babagay sa mga salita sa tula. 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikinig at pagbibigkas ng tula. Paggawa ng galaw na babagay sa mga salita sa tula.
<ul style="list-style-type: none"> Paggabay sa mga bata sa pagbibigkas ng itinakdang salita. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng itinakdang salita
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan

I

PANIMULANG GAWAIN

a. Laro

Tanungin ang mga bata kung sino ang may alam ng larong pambata na **Nanay Tatay Gusto Kong Tinapay**. Tumawag ng ilang mag-aaral na may alam ng larong ito upang ipakita ito sa buong klase. Hikayatin ang buong klase ng maglaro ng isang beses.

b. Bahaginan

Iugnay ang ginawang laro sa tema para sa linggong ito. Ibigay ang paksa para sa bahaginan, at tumawag ng dalawang bata na maglalahad ng kanilang paboritong laro.



Sabihin: *Nagsimula tayo sa larong Nanay Tatay Gusto Kong Tinapay dahil ang tema natin sa buong linggo ay tungkol sa mga laro. Ang mga gawain natin, at maging ang kuwentong pakikilingan ninyo ngayong linggo ay may kaugnayan sa temang ito.*

Para sa bahaginan natin ngayong umaga, tatawag ako ng dalawang bata na maglalahad tungkol sa paborito nilang laro. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara. Babasahin ko:

Ang paborito kong laro ay _____. **Ang layunin ng naglalaro nito ay _____.**

Magbigay ng sariling pangungusap bilang dagdag na gabay sa mga magbabahagi ng kanilang karanasan. Halimbawa: *Ang paborito kong laro ay patintero. Ang layunin ng naglalaro nito ay makalagpas sa mga kamay ng kalabang pangkat nang hindi natataya.*

Pumili ng dalawang bata na hindi pa gaanong nakapagbabahagi sa klase upang maglahad sa harapan.



KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

2

MGA TUGMANG PANLARO

Ipaskel ang manila paper kung saan nakasulat ang sumusunod na tugmang panlaro:



KAGAMITAN

Tugmang panlaro na nakasulat sa manila paper

TALAAN

Nanay, Tatay, gusto kong tinapay.
 Ate, Kuya, gusto kong kape.
 Lahat ng gusto ko ay susundin ninyo.
 Kung may magkamali ay pipingutin ko.
 1, 1-2, 1-2-3, 1-2-3-4, 1-2-3-4-5...

Tagu-taguan, maliwanag ang buwan.
 Masarap maglaro sa dilim-diliman.
 Wala sa likod, wala sa harap.
 Pagkabilang ko ng sampu, nakatago na kayo.
 Isa...Dalawa...Tatlo...
 Apat...Lima...Anim...
 Pito...Walo...Siyam...Sampu!

Sabihin: *Kanina, naglaro tayo ng Nanay Tatay Gusto Kong Tinapay. Nakasulat dito sa manila paper ang mga salitang sinasabi sa larong ito. Sabihin nga natin ang mga salita. (Ituro ang salita habang sinasabi ito ng mga bata. Tanungin din ang mga bata kung alam nila ang ibig sabihin ng ilang salita, katulad ng magkamali o pipingutin.)*

Ano ang napapansin ninyo tungkol sa ilang salita dito? Halimbawa, ano ang napapansin ninyo sa mga salitang nanay-tatay-tinapay? Ate-kape? Ko-ninyo?

Tulungan ang mga bata sa pagtukoy na ang mga salitang ito ay magkapareho ng dulong tunog. Ipatatid sa kanila na ang tawag sa ganito ay **tugma**.

Tanungin ang mga bata kung may iba pa silang alam na laro na gumagamit ng tugma. Ipalahad sa kanila ang ilan dito.

Ibalik ang atensyon ng mga bata sa pangalawang tugma sa manila paper. Basahin ito para sa mga bata. Tanungin kung aling mga salita ang nagtutugma sa dulong tunog. (sagot: taguan-buwan-diliman)

Tanungin kung tungkol saan ang tugma. Tanungin ang mga bata kung nakapaglaro na sila ng taguan. Ipakuwento sa ilan sa kanila kung paano nilalaro ito. Tulungan ang mga bata sa pagbubuo ng pangungusap kung kinakailangan.

PAGPAPAUNLAD NG TALASALITAAN

3

Sabihin sa mga bata na ang kuwentong pambata para sa linggong ito ay may koneksyon sa larong taguan. Pag-uusapan ninyo ngayon ang ilang salita na maririnig sa kuwento kapag basahin ninyo ito bukas.

TALAAN



KAGAMITAN

1. Mga salitang pag-aaralan na nakasulat sa manila paper o pisara: aparador, nagsuot (2 kahulugan), tambak, nakasiksik, nakangangalay
2. Mga larawan na gagamitin sa pagpapaliwanag sa salita

Isulat o ikabit ang listahan ng salitang pag-aaralan sa pisara. Magpakita ng takdang larawan para sa bawat salita (o ipakita sa aksiyon/galaw), at gamitin ito sa pangungusap, bago tanungin ang mga bata tungkol sa kahulugan nito.

a. aparador

- Magpakita ng larawan ng aparador. Maaaring gamitin ang pabalat ng librong *Si Pulong Patago-Tago* kung walang ibang larawan.
- Sabihin ang pangungusap: *Punong-puno na ng damit ang aking aparador.*
- Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng aparador.
- Isulat sa tapat ng salita ang kahulugan: **pinaglalaman ng damit o iba pang gamit.**

b. nagsuot

- Ipakita muna ang unang larawan: batang nagsusuot ng damit.
- Sabihin ang pangungusap: *Nagsuot ng kaniyang damit ang bata.*
- Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin dito ng salitang nagsuot.
- Isulat sa tapat ng salita ang isang kahulugan: **ginagawa ng tao sa damit.**
- Banggitin na may isa pang kahulugan ang salitang “nagsuot.” Ipakita ang pangalawang larawan: isang bata na pilit pumapasok sa isang butas o taguan.
- Sabihin ang pangalawang pangungusap: *Sa maliit na espasyo nagsuot ang bata habang naglalaro ng taguan.*
- Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin dito ng salitang nagsuot. Isulat ang isa pang kahulugan sa tapat ng salita: **pumasok sa isang maliit na lugar.** Banggitin na ito ang kahulugan ng salita kapag marinig nila ito sa kuwento bukas.

c. tambak

- Magpakita ng larawan ng isang tambak ng basura.
- Sabihin ang pangungusap: *Nangangamoy na ang tambak ng basura sa kalye.*
- Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng tambak. Aling bagay ang kahawig ng isang tambak?
- Isulat sa tapat ng salita ang kahulugan: isang bundok ng bagay na naipon.

d. nakasiksik

- Ipakita sa galaw ang kahulugan: Tumawag ng tatlong bata sa harapan at paglapitin sila nang dikit na dikit.
- Sabihin ang pangungusap: *Nakasiksik ang labat ng pasabero sa nag-uumpaw na jeep.*
- Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng nakasiksik. Ano kaya ang pakiramdam ng nakasiksik? Maluwag ba o masikip?
- Isulat sa tapat ng salita ang kahulugan: **nasa isang masikip o maliit na puwesto.**

e. nangangalay

- Ipakita sa galaw at pangungusap ang kahulugan. Galaw-galawin ang braso ng paikot, pataas at pababa habang sinasabi ang pangungusap: *Nangangalay ang braso ko kasi hindi ko naigalaw nang matagal kanina, kaya kailangan kong ikilos nang husto ngayon.*
- Tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng nangangalay. Ano kaya ang pakiramdam ng nangangalay? Kailang ito nangyayari?
- Isulat sa tapat ng salita ang kahulugan: **nahihirapang igalaw ang isang bahagi ng katawan.**

Ipasipi sa mga bata ang mga salita at kahulugan.

PAGTATAPOS

4

Magsagawa ng mabilis na pagpupulso sa pagkakaintindi ng mga bata sa mga salitang pinag-aralan. Sabihin ang bawat salita. Ituro pataas ang kanilang hintuturo kung naintindihan na ng husto ang salita, ituro nang patagilid ang hintuturo kung medyo naiintindihan pero hindi pa lubusan, at ituro nang paibaba ang hintuturo kung hindi naiintindihan.

Sabihin nang isa-isa ang mga salita: **aparador, nagsuot, tambak, nakasiksik, nakangangalay.**

Alamin kung aling salita ang hindi pa gaanong naiintindihan ng nakararami at tutukan ito bukas. Alamin din ang mga bata na itinuro pababa ang kanilang hintuturo sa karamihan ng mga salita, at bigyan sila ng dagdag na suporta sa mga sumusunod na araw.

TALAAN

ARAW

2

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIg-9** Nahuhulaan ang susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento
- **FIPP-IIg-4.I** Nababasa ang mga salita gamit ang palatandaang konpigurasyon larawan
- **FIAL-IIg-4** Nasusunod ang pagkakasulat ng teksto ayon sa estilo

I

PANIMULANG GAWAIN: UTOS NG HARI/
UTOS NG REYNA

Gabayan ang mga bata sa paglalaro ng **Utos ng Hari/Utos ng Reyna**.



Sabihin: *Maglalaro tayo ng Utos ng Hari/Utos ng Reyna. Sa pagkakataong ito, ako muna ang hari/reyna na susundan ninyo. Kapag sinabi ko ang katagang “utos ng hari/utos ng reyna,” kailangan ninyong gawin ang ipinagagawa kong kilos. Kapag may sinabi akong kilos pero hindi ko pinangunahan ng mga salitang “utos ng hari,” hindi kayo dapat susumod o gagalam. Malinaw ba?*



Sabihin ang sumusunod:

- *Utos ng hari/reyna: tumayo!*
- *Utos ng hari/reyna: sumiksik sa kaklaseng katabi!*
- *Umupo!*
- *Utos ng hari/reyna: tumayo sa gilid ng upuan!*
- *Ipikit ang mata!*
- *Utos ng hari/reyna: tumayo nang tumid!*
- *Utos ng hari/reyna: umupo!*

2

PAGHAHANDA PARA SA KUWENTO



KAGAMITAN

1. Listahan ng salitang tinalakay kahapon
2. Mga larawan na ginamit sa pagpapaliwanag ng kahulugan ng salita
3. Si Pilong Patago-tag

a. Paghahawan ng Balakid

Balikan ang mga salitang tinalakay kahapon. (**aparador, nagsuot, tambak, nakasiksik, nakangangalay**) Ipakita ang larawan o ang galaw na ginamit upang ipaliwanag ang kahulugan ng bawat salita at tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.

b. Pagganyak

Nakapaglaro na ba kayo ng taguan kasama ang inyong mga kapatid o kaibigan? Aling mga lugar sa bahay ang bilig ninyong pagtaguan?

c. Pagganyak na Tanong

Sabihin: *Alamin natin kung saan nagtatago ang bata sa ating kuwento.*

d. Bago Basahin ang Kuwento

Sabihin: *Ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat? Kung titingnan ninyo ang larawan sa pabalat, tungkol saan kaya ang kuwento? Sige, alamin natin kung ano nga ang mangyayari.*

Ituro ang pamagat, pangalan ng may-akda at taga-guhit sa pabalat at sabihin: *“Ang pamagat ng libro ay ‘Si Pulong Patago-tago’. Isinulat ito ni Kristine Canon. Siya ang may-akda ng kuwento. Narinig ninyo na ba ang pangalan niya? Siya rin ang nagsulat ng ‘Sampung Magkakaibigan,’ na binasa natin sa klase noong nakaraan. Iginuhit naman ni Leo Alvarado ang mga larawan sa kuwento. Siya ang tagaguhit.*

HABANG BINABASA ANG KUWENTO

3

Pasalihin ang mga bata sa inyong pagbabasa. Sabihin sa kanila na may dalawang linya sa libro na paulit-ulit nilang makikita. Kaiba ang pagkakasulat dito, kaya’t madali nilang makikilala. Kapag nakita nila ang salitang ito, sasabay sila sa pagbigkas ninyo.

Ang mga salita ay “bulaga!” at “Ahahahaha-hwahahaha!!!” Ipakita ang p. 4 sandali upang ituro sa mga bata ang itsura ng mga salita, at ipapraktis sa kanila kung paano ito dapat bigkasin. Gamitin ang pagkakataong ito upang ipaliwanag na kapag nakita nila ang tandang padamdang, dapat ay maging madamdamin at puno ng ekspresiyon ang kanilang pagbigkas. Ipabigkas ng isang beses ang “bulaga!” at “ahahahaha...”

Bumalik sa simula ng libro. Basahin ang kwento nang malakas gamit ang tamang intonasyon at boses. Pasabayin ang mga bata sa mga salitang itinakda para sa kanila.

Sa mga takdang pahina, itanong ang sumusunod:

Pagkabasa ng p. 7

Itanong: *Sino kaya ang naghahanap kay Pilo sa pabinang ito? Pagmasdan ang larawan—sino kaya siya? Sige, tingnan natin kung tama kayo. (Makikita ang sagot sa pahina 8. Sagot: Tatay)*

**Pagkabasa ng p. 11**

Itanong: *Sino naman kaya itong nakapamaywang dito sa pabinang ito? Bakit niya hinahanap si Pilo? (Makikita ang sagot sa pahina 8. Sagot: Ate Bebung)*

**Pagkabasa ng p. 14**

Itanong: *Sino kaya itong naghahanap kay Pilo sa ilalim ng kama? Ano ang hula ninyo? Bakit niya hinahanap si Pilo? Makikita kaya uli natin ang sagot sa susunod na pahina? (Makikita ang sagot sa p. 15. Sagot: Kuya Rey)*



TALAAN

Pagkabasa ng p. 18



Itanong: *Saan daw pupunta si Pilo at ang kaniyang nanay ayon sa pabinang ito?*

Pagkabasa ng p. 20



Itanong: *Anong lugar kaya itong nasa larawan? Ano kaya ang mangyayari sa susunod na pahina? Bubulaga kaya ulit si Pilo? Ano ang hula ninyo? Sige, tingnan natin kung tama kayo.*

Pagkabasa ng p. 23



Itanong: *Nambulaga ba si Pilo? Nasaan na kaya ang nanay ni Pilo?*

Pagkabasa ng p. 27



Itanong: *Ano kaya ang nararamdaman ni Pilo dito? Bakit siya umiiyak? Ano kaya ang mangyayari sa susunod na pahina?*

4

PAGKATAPOS BASAHIN ANG KUWENTO

Ulitin at pasagutan sa mga bata ang pagganyak na tanong. *Saan-saang mga lugar nagtago ang batang si Pilo?*

Itanong din ang sumusunod upang palalimin ang talakayan tungkol sa kuwento. Kung kulang sa oras, pumili na lamang ng ilang tanong:

- *Paano ninyo ilalarawan ang ugali ni Pilo? Ano ang bilig niyang gawin?*
- *Sino-sino ang mga taubang pinagtaguan at binulaga ni Pilo?*
- *Sa aling bahagi ng kuwento hindi na nakasigaw ng bulaga at nakatawa nang malakas si Pilo? Ano ang nangyari?*
- *Ano kaya ang natutuhan ni Pilo mula sa kaniyang karanasan ng pagkawala sa mall?*
- *Naranasan ninyo na ba ang mawala o mawalay sa inyong pamilya sa isang malaking lugar? Ano ang nararamdaman ninyo?*
- *Ano ang mga dapat tandaan upang hindi mawala o mawalay sa inyong pamilya?*
- *Kung mangyari sa inyo ang nangyari kay Pilo, ano ang gagawin ninyo upang mahanap ninyo ang inyong nanay?*

5

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Ikuwento sa inyong magulang ang kuwento ni Pilo. Tanungin sila kung ano ang dapat mong gawin kung sakaling mawalay ka sa kanila sa isang malaking lugar na katulad ni Pilo.

MGA LAYUNIN

- **FIPL-0a-j-7** Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa
- **FIWG-IIg-h-3** Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya)

ARAW

3

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

1

Gamitin ang takdang-aralin na ibinigay sa mga bata kahapon bilang paksa sa bahaginan ngayong araw. Tanungin ang mga bata kung ikinuwento nila ang nangyari kay Pilo sa kanilang magulang. Tanungin din kung humingi sila ng paalala o payo mula sa kanilang magulang kung ano ang dapat nilang gawin sakaling mawala sila sa isang malaking lugar.

Sabihin: *Sa bahaginan natin ngayong umaga, ibahagi ninyo sa buong klase ang payo ng inyong magulang kung sakaling kayo ay mawalay sa kanila sa malaking lugar. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na ito:*

Ang sabi ng aking magulang, kapag ako ay mawala sa isang lugar, dapat daw akong _____.

Tumawag ng tatlong bata para magbahagi sa harapan.

KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

PAGBALIK-ARAL SA KUWENTO

2

a. Pangkatang Gawain: Buhay na Larawan

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Pipili at lilikha ang bawat pangkat ng isang tagpo o eksena mula sa kuwentong binasa kahapon. Ipakikita nila ang eksena na para bang sila ay nasa isang litrato. Huhulaan ng ibang pangkat kung aling eksena sa kuwento ang ipinakikita nila.

Paalalahanan ang mga pangkat na hindi kailangang lahat ng miyembro nila ay maging tauhan. Maaari silang maging isang upuan, aparador, poste, nakatambak na damit, at iba pa.

Bigyan ang bawat pangkat ng limang minuto upang maghanda. Ipaalala sa mga mag-aaral ang mga alituntunin sa mga pangkatang gawain:

- *Magtalaga ng isang lider pangkat*
- *Mag-ensayo*
- *Makikipagtulungan at aktibong lumabok*
- *Maging bukas sa mga mungkahi*

TALAAN

Matapos ang limang minuto, tawagin ang bawat pangkat upang ipakita ang kanilang eksena sa harapan. Pahulaan sa iba pang pangkat kung ano ang ipinapakita nilang eksena. Tanungin ang pangkatng nagsagawa ng eksena kung tama ang kanilang mga kaklase.

Gawin ang mga hakbang na ito para sa iba pang pangkat.

b. **Pagtalakay sa Kuwento**

Tanungin ang mga bata:

- Nagustuhan ninyo ba ang kuwento ni *Pilong Patago-Tago*? Bakit ninyo ito nagustuhan?
- Sa tingin ninyo, bakit kaya mahilig magtago at manggulat si Pilo?
- Ano kaya ang magbabago kay Pilo matapos siyang mawalay sa kaniyang nanay dahil sa hilig niyang magtago?

3

SALITANG PAMALIT: AKO, IKAW, SIYA

Isulat ang tatlong salita sa pisara, at ilabas ang tatlong flash card na nagpapakita ng mga salitang ito:

- Ako
- Ikaw
- Siya



Sabihin: *Madalas nating marinig ang mga salitang isinulat ko sa pisara. Babasahin ko ang mga ito. Ako. Ikaw. Siya. Narinig ninyo na ba ang mga salitang ito? Nagamit ninyo na ba ang mga salitang ito?*

Ipakita ang flash card na may salitang **“ako.”** Itanong: *Kailan ninyo ginagamit ang salitang “ako”? Magbigay nga kayo ng mga halimbawa ng pangungusap gamit ang salitang ito.*

Tumawag ng isang bata at isulat ang babanggitin nilang pangungusap sa pisara. Tanungin kung sino ang tinutukoy ng nagsasalita sa salitang **“ako.”** (sagot: sarili niya) Ipatid sa mga bata na ang salitang **ako** ay ginagamit natin kung ang tinutukoy natin sa pangungusap ay ang ating sarili.

Ipakita ang flash card na may salitang **“ikaw.”** Itanong: *Kailan ninyo ginagamit ang salitang “ikaw”? Magbigay nga kayo ng mga halimbawa ng pangungusap gamit ang salitang ito.*

Tumawag ng isang bata at isulat ang babanggitin nilang pangungusap sa pisara. Itanong: *sino ang tinutukoy ng nagsasalita sa salitang “ikaw”?* (sagot: ang kausap niya) Itanong: *Kapag ginamit ang salitang “ikaw,” marami ba ang kausap ng nagsasalita o iisa lamang?* Ipatid sa mga bata na ang salitang **ikaw** ay ginagamit natin kung ang tinutukoy o tinatawagan ng pansin sa pangungusap ay isang kausap na nag-iisa.

TALAAN

Ipakita ang flash card na may salitang “**siya.**” Itanong: *Kailan ninyo ginagamit ang salitang “siya”? Magbigay nga kayo ng mga halimbawa ng pangungusap gamit ang salitang ito.*

Tumawag ng isang bata at isulat ang babanggitin nilang pangungusap sa pisara. Itanong: *sino ang tinutukoy ng nagsasalita sa salitang “siya”?* (sagot: ibang tao kaysa sa kausap niya) Itanong: *Kapag ginamit ang salitang “siya,” marami bang tao ang tinutukoy o iisa lamang?* Ipabatid sa mga bata na ang salitang ikaw ay ginagamit natin kung ang tinutukoy o tinatawagan ng pansin sa pangungusap ay isang kausap na nag-iisa.

Isulat sa pisara ang pagsusuma kung kailan ginagamit ang mga salitang ito:

- **Ako** → sarili ang tinutukoy
- **Ikaw** → kausap ang tinutukoy; isang tao lamang
- **Siya** → ibang tao, hindi ang kausap, ang tinutukoy; isang tao lamang

Sabihin: *Ginagamit natin ang mga salitang ito bilang pamalit sa buong pangngalan. Ano kaya ang mangyayari kung wala sa ating wika ang mga salitang pamalit na ito? (maghintay ng sagot mula sa mga bata) Tama. Magiging napakahaba ng ating pananalita. Lagi nating kailangang gamitin ang pangalan ng taong tinutukoy natin. Di ba’t napakahirap noon? Pinapadali ng mga salitang ako, ikaw at siya ang ating wika at komunikasyon.*



PAGSASANAY

4

Magsagawa ng isang pagsasanay tungkol sa mga salitang ako, ikaw at siya. Magpagawa sa bawat bata ng tatlong piraso ng papel. Isusulat nila ang **ako** sa isang piraso, **ikaw** sa isang piraso, at **siya** sa isang piraso. Maaari nilang kopyahin ang mga salitang ito mula sa pisara.

Sabihin: *Magbibigay ako ng ilang pangungusap na may patlang. Itaas ninyo ang tamang card o salita na dapat gamitin sa pangungusap.*



Ikabit ang manila paper kung saan nakasulat ang mga pangungusap para sa pagsasanay sa pisara. Basahin ang mga ito para sa mga bata. Tingnan kung aling mga bata ang hindi pa nakasagot ng tama. Ibigay ang tamang sagot matapos ang bawat pangungusap upang alam ng mga bata kung tama o mali ang kanilang sagot.

- a. Ito ang aking ginuhit na larawan. ___ ang gumawa nito.
- b. Ito naman ay gawa ng aking kapatid. Mas matanda ___ kaysa sa akin.
- c. Halika rito sa tabi ko; gusto ko ___ ang kasabay kong kumain.

TALAAN

- d. Nagpapraktis __ magbasa dahil gusto kong dumami ang aking nalalaman.
- e. Ngayon ko lang nakita ang taong iyon. Kilala mo ba __?

5

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Magkuwento sa isang kapamilya tungkol sa ginawa ninyo ngayon sa paaralan at gamitin ang mga salitang ako, ikaw at siya.

ARAW

4

MGA LAYUNIN

- **FIPS-IIg-7** Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento
- **FIWG-IIg-h-3** Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya)
- **FIKMIIg-2** Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang mga salitang ididikta ng guro

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Tumawag ng dalawang bata na magkukuwento tungkol sa isang karanasan kung saan hinanahanap sila ng kanilang tatay, nanay, kapatid o kapamilya. Sa kanilang paglalahad sasabihin nila: **a) kung sino ang naghahanap sa kanila, b) kung nasaan sila at bakit hindi sila makita, at c) paano sila natagpuan ng naghahanap sa kanila.**

Tawagan ang sinumang bata na may ganitong karanasan. Tulungan sila sa pagbubuo ng kanilang pahayag kung kinakailangan.

Iugnay ang kanilang karanasan sa nangyari kay Pilo sa kuwento.

Buksan ang libro sa isang bahagi kung saan nagtatago si Pilo.

Tanungin ang buong klase a) sino ang naghahanap kay Pilo dito? b)

Nasaan si Pilo? Bakit hindi siya makita? c) Paano siya natagpuan ng naghahanap sa kaniya?

2

LARO: LUMULUBOG ANG BARKO. POMPIYANG. NANAY, TATAY, GUSTO KONG TINAPAY

Ipaalala sa mga mag-aaral na ang tema para sa linggong ito ay tungkol

TALAAN

sa mga laro. Tanungin sila kung naaalala pa nila ang mga larong **Lumulubog ang Barko, Pompiyang, at Nanay Tatay Gusto Kong Tinapay**. Nilaro na nila ito sa mga nagdaang klase.

Maglaro ng **Lumulubog ang Barko** upang hatiin ang klase sa maliliit na pangkat na may tatlong kasapi.

Magpopompiyang ang bawat tatluhan pangkat upang malaman kung sino ang taya. Ang magiging taya ang tanging magsasabi ng mga salita sa larong **Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay**. Bigyan ang mga bata ng limang minuto para sa kanilang paglalaro.

Sabihin sa mga bata na dapat nilang tandaan kung sino ang taya sa pompiyang at kung sino ang unang nagkamali sa larong **Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay**. Maglalahad sila tungkol sa ginawa nilang laro sa susunod na gawain, gamit ang mga salitang ako, ikaw at siya.

PAGBABALIK-ARAL: AKO, IKAW, SIYA

3

Tawagin ang bawat pangkatng tatluhan sa harapan. Maglalahad ang bawat pangkat tungkol sa ginawa nilang paglalaro. Gagamitin ng magsasalita para sa pangkat ang mga pamalit na **ako, ikaw, at siya** sa pagkukuwento kung sino ang naging taya; sino ang unang nagkamali sa larong Nanay, Tatay; at iba pang detalye na nais nilang ibahagi. Pansinin ang paggamit ng mga bata ng **ako, ikaw, at siya**.

PAGSASANAY: PAGBABAYBAY

4

Ilabas ang pocket chart at mga card ng mga letra ng alpabeto. Ipaalala sa mga bata ang kanilang pinag-aralan tungkol sa pagbabaybay.

Sabihin: *Noong nakaraang linggo, sinubukan ninyong magbaybay o magsulat ng mga salita. Pinakinggan ninyong mabuti ang isang salita, pinantig ito, tinukoy kung ano ang tunog na bumubuo sa bawat pantig, tinukoy ang letra na katapat ng tunog na ito, at ginamit ang letrang iyon sa pagbabaybay o pagsulat.*



Kung minsan, ganito ang ginagawa kapag may kailangan tayong sulatin o baybayin. Kailangan pa nating pag-isipan nang husto ang salita at tukuyin ang mga tunog at letra na bumubuo dito. Kadalasang ginagamit ang ganitong paraan kung hindi pa pamilyar ang salitang ipinapasulat o ipinapabaybay sa atin.

Kung minsan naman, dahil sa madalas na nating nakikita ang isang salita, hindi na natin kinakailangang pag-isipan ng ganitong katindi kung paano ito susulatin. Naaalala na lamang natin kaagad kung ano ang mga letra na bumubuo dito, lalo na kung balos araw-araw naman nating nakikita ang mga salitang ito.

Magbibigay ako ngayon ng ilang salita na ibabaybay o susulatin ninyo sa inyong kuwaderno. Pakiingnan ninyong mabuti ang salita bago ninyo ito isulat sa inyong

TALAAN

kuwaderno. Ang mga salitang ito ay pinag-aralan natin dito sa klase o narinig ninyo mula kuwento. Handa na ba kayo?

Ipabaybay ang sumusunod na salita: **Pilo, ako, nagtago, siya, bulaga, ikaw, sumiksik, laro.**

Gamitin ang pocket chart at card ng mga letra upang ipakita ang tamang pagbaybay ng mga salita. Kung may sapat na panahon, tumawag ng mga bata sa harapan upang sila ang maglagay ng mga card sa pocket chart.

Kung kulang naman ang oras, kayo na lamang ang magpakita ng tamang baybay. Bago ilagay ang mga letra sa tamang pagkakabaybay, sabihin muna ang salita, at sabihin ang pangalan ng bawat letra habang inilalagay sa chart. Sabihing muli ang salitang nabuo.

Ipabilang sa mga bata kung ilan ang tama nilang naibaybay.

5

PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso sa kakayahan ng mga bata sa pagbaybay. Ipataas ang kamay ng mga bata na may tatlo o mas kaunting tamang salita. Ipataas ang kamay ng mga bata na may apat hanggang anim na tamang salita. Ipataas ang kamay ng may pito hanggang walong tamang salita.

Hilingin na makita ang kuwaderno ng mga batang may tatlo o mas kaunting tamang sagot. Siyatin kung aling mga salita o letra sila tila nahihirapan. Maghanap ng panahon upang matulungan sila sa mga sumusunod na araw.

ARAW

5

MGA LAYUNIN

- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIPP-IIg-4.1** Nababasa ang mga salita gamit ang palatandaang konpigurasyon larawan

I

PANIMULANG GAWAIN: TULA TUNGKOL SA MGA LARO

Gabayan ang mga bata sa pagbibigkas ng isang tula tungkol sa mga larong Filipino. Basahin muna ito para sa mga bata:



KAGAMITAN

Tula tungkol sa mga larong Filipino na nakasulat sa pisara o manila paper

TALAAN

Patintero,
habulan.
Luksong-tinik,
Luksong-baka,
taguan.
Agawan Base,
it-bulaga.
Kay daming laro
sa ating bansa.

Magpatulong sa mga bata sa paggawa ng kilos para sa bawat laro at linya. Humingi ng mungkahing galaw na magpapakita sa ibig sabihin ng bawat salita. Magkasundo sa mga gagamiting kilos. Bigkasin nang sabayan, gamit ang mga kilos na napagkasunduan ng klase.

MULING PAGKUWENTO

2

Ipakita ang pabalat ng aklat. Tanungin ang mga bata kung anong impormasyon ang makikita dito.

Basahin ang impormasyon sa pabalat: ang pamagat, ang pangalan ng may-akda (Kristine Canon) at ang pangalan ng tagaguhit (Leo Alvarado).

Paalalahanan ang mga bata na sasabay sila sa mga salitang “bulaga” at “ahahahaha-hwahahaha.” Dapat nilang sabihin ang mga salitang ito ng may damdamin, dahil sa tandang padamdang na ginamit ng may-akda.

Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy, ngunit tumigil sa mga takdang pahina matapos basahin upang pansinin ang ilang detalye sa larawan. Halimbawa:

Tumigil sa pahina 7

Itanong: *Nasaan ang alagang isda na nabanggit ng tatay ni Pilo?*

Tumigil sa pahina 13

Itanong: *Pansinin ninyo ang hitsura dito ng Ate Bebung ni Pilo. Ano kaya ang nararamdaman niya rito?*

Tumigil sa pahina 23

Itanong: *Saan nagtago si Pilo sa pabintang ito?*

Tumigil sa pahina 27

Itanong: *Bakit kaya ganito ang pagkakasulat ng salitang “inay” dito sa pabintang ito? Anong damdamin kaya ang gustong ipakita ng may-akda at ng tagaguhit?*



KAGAMITAN

Si Pulong Patago-Tago



TALAAN

3

PAGTATAYA

a. **Pangkatang Pagtataya**

Magsagawa ng gawaing pagtataya ukol sa mga mahahalagang pinag-aralan sa linggong ito. Tanungin sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata nang palahad.

- **Ipaliwanag sa sariling pananalita, gamitin sa isang pangungusap, o ipakita sa galaw ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): taguan, aparador, tambak, nakasiksik, nangangalay, tugma, laro, salitang pamalit**
- **Sabihin kung ako, ikaw o siya ang dapat gamitin na salitang pamalit sa pangungusap na ito (pumili ng isang bata para sa bawat pangungusap):**

- Hindi ko pa kaya ang gawain kaya't ___ ay magpapraktis.
- Salamat at dumating ka! ___ ang hinihintay ko.
- Hindi natin alam pareho ang sagot. Tanungin natin ___.
- Ngayon ang birthday ko. Ipinanganak ___ sa araw na ito noong taong 2009.
- ___ ba ang may-ari nito? Dala-dala mo kasi ito kanina.
- **Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa kuwentong *Si Pulong Patago-tago*.**
 - Sino ang bida sa kuwento?
 - Sino ang naghahanap kay Pilo sa simula't katapusan ng kuwento?
 - Bakit hinahanap ng ate si Pilo?
 - Bakit hinahanap ng kuya si Pilo?
 - Bakit pumunta si Pilo at ang kaniyang nanay sa pamilihan?
 - Ano ang nangyari kay Pilo nang nagtago siya mula sa kaniyang nanay sa pamilihan?
 - Paano nagtapos ang kuwento?

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, gumuguhit naman sa kanila kuwaderno ang ibang mga bata. **(Gawaing 3b)**

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan

ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa talasalitaan, ngunit hindi pa lubusang nakasasagot ng tama sa mga tanong tungkol sa kuwento.

Suriin din ang pagguhit at pagsipi/pagsusulat ng mga bata sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

b. Gawain para sa Mga Batang Naghihintay

Magpaguhit sa mga bata ng larawan na nagpapakita ng iba't ibang laro na binanggit sa panimulang tula. Maari silang pumili ng isa mula sa sumusunod: **patintero, habulan, taguan, luksong tinik, luksong baka, agawan base, it- bulaga**. Hikayatin silang magsulat ng ilang salita tungkol sa kanilang ginuhit.

PAGTATAPOS

4

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Bigkasin para sa inyong magulang ang tulang pinag-aralan natin ngayong araw. Ipakita rin ang ginuhit ninyong larawan tungkol sa mga larong ito.


TALANAN

ARALIN

18

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA LARO**KUWENTO: SI PILONG PATAGO-TAGO**

**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG
FILIPINO
YUNIT 2, ARALIN 18**

Tema: Mga Laro

Kuwento: *Si Pilong Patago-Tago*

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	• FIPS-IIc-3 Naiulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan)	• Panimulang Gawain: Bahaginan
	PN	• FIPN-IIh-10 Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan	• Pagbigkas ng tula
	AL	• FIAL-IIh-3 Natutukoy ang salita/pangungusap sa isang talata	• Pagbuo ng pangungusap batay sa mga salitang natutunan
1	PT	• FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan	• Mga salitang kaugnay ng larong Filipino
	PN	• FIPN-IIh-10 Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan	• Pakikinig sa tugma
	KM	• FIKM-IIb-1 Nasisipi ang mga salita mula sa huwaran	• Pagsipi ng babala at talasalitaan
2	PS	• FI PS-IIh-9 Nasasabi ang mensahe ng isang babala	• Pag-unawa sa babala
	PS	• FIPS-IIf-6.1 Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan	• Kuwento: <i>Si Pilong Patago-tago</i>
	PL	• FIPL-0a-j-7 Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa	• Kuwento: <i>Si Pilong Patago-tago</i>
3	WG	• FIWG-IIg-i-3 Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya)	• Paggamit ng ako, ikaw at siya sa pagpapalano ng dula-dulaan

LEGEND: AK – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbasa ng tula at pagtanong tungkol sa paksa 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa paksa ng tula batay sa napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> • Paggamit ng talahanayan sa paggabay sa mag-aaral. 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng pangungusap
<ul style="list-style-type: none"> • Talakayan batay sa tanong. Pagpapakita ng larawan. Paggamit ng talahanayan. 	<ul style="list-style-type: none"> • Paglahok sa talakayan. Pagmasid sa larawan. Pagbibigay ng mga kaugnay na salita.
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbasa ng tugma at pagtatanong tungkol sa paksa 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy ng paksa batay sa napakinggan
<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng teksto ng babala at talasalitaan. 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsipi mula sa huwaran
<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita at pagbasa ng babala. Pagtatanong tungkol sa babala. Paghahawan ng balakid tungkol sa salitang ginamit sa babala. 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot ng mga tanong tungkol sa babala. Pagsagawa ng dula-dulaan.
<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng mga larawan at pagtanong ng mga gabay na tanong 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagmasid sa larawan at pagsalaysay ng kuwento sa sariling pananalita
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtanong tungkol sa nagustuhang bahagi ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> • Paglalahad tungkol sa nagustuhang bahagi ng kuwento
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtalakay sa paggamit ng mga salitang pamalit. Pagtakda ng gawain kung saan gagamitin ang mga salitang ako, ikaw, siya 	<ul style="list-style-type: none"> • Paglahok sa talakayan. Pagsagot sa mga tanong. Pagpaplano ng dula-dulaan gamit ang salitang ako, siya, ikaw
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Tugma-Laro: Singkamas, Singkamas
	EP	<ul style="list-style-type: none"> FI EP-IIe-2 Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng takdang-aralin. Paggawa ng mapa ng kuwarto ni Pilo
5	AL	<ul style="list-style-type: none"> FI AL-IIh-3 Natutukoy ang salita/pangungusap sa isang talata 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Si Pulong Patago-tago</i>

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtalakay at pagtatanong tungkol sa mga salita sa tugma 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa tanong. Pagpapakita ng galaw para sa mga salita.
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng gabay sa paglalahad tungkol sa takdang-aralin • Pagpapakita ng pahina sa aklat na gagamiting batayan sa paggawa ng mapa. Pagpapakita ng huwarang mapa. 	<ul style="list-style-type: none"> • Paglalahad tungkol sa takdang-aralin • Paggawa ng mapa • Pagsagot ng tanong tungkol sa kuwento gamit ang mapa
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtakda ng pangungusap na babasahin ng bata • Pagpaliwanag tungkol sa tandang pananong at tandang pandamdang 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbasa ng ilang maiikling pangungusap na itinakda sa kanila
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIh-10** Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIAL-IIh-3** Natutukoy ang salita/pangungusap sa isang talata

I

PANIMULANG GAWAIN: PAGBIGKAS NG TULA

Ipabigkas sa mga mag-aaral ang tula sa ibaba. Ipagawa rin sa kanila ang kilos para sa mga linya ng tula.



KAGAMITAN

Tula tungkol sa mga larong Filipino na nakasulat sa manila paper o pisara

Patintero,
habulan.
Luksong-tinik,
luksong-baka,
taguan.
Agawan Base,
it-bulaga.
Kay daming laro
sa ating bansa.



Itanong: *Tungkol saan ang tulang ito? Aling pangungusap sa tula ang nagsasabi ng kabuuang paksa ng tula? (sagot: Kay daming laro sa ating bansa.) Ano naman ang mga detalye o salita sa tula na sumusuporta sa sinasabi ng huling pangungusap? (mga pangngalan ng iba't ibang laro.)*

2

PAGPAPAUNLAD NG TALASALITAAN: SALITANG KAUGNAY NG MGA LARONG FILIPINO



KAGAMITAN

Mga larawan ng iba't ibang larong Filipino



Itanong: *Bukod sa mga laro na nabanggit sa tula, may iba pa ba kayong alam na larong Filipino? Ano-ano ang mga ito?*


Isulat sa pisara ang mga babanggiting laro ng mga bata. Itanong sa bata kung paano laruin ang larong binanggit nila. Maaari nilang ipakita sa galaw kung paano ito laruin. Kung kinakailangan, dugtungan ang kanilang pahayag upang mabuo ang ideya at pangungusap na nais nilang ipahayag.



Sabihin: *Ngayon naman, pagmasdan natin ang ilang larawan tungkol sa apat na larong Filipino.*

Ipaskel sa pisara ang iba't ibang larawan ng mga larong Filipino. Maaaring ibatay ang mga larawan sa mga larawan

na nasa poster na ito: <http://www.lakbaydiwapinas.com/uploads/5/9/8/9/5989938/1211493.jpg?325>



TALAAAN

Talakayin ang mga laro na nasa mga larawan: **patintero, piko, luksong lubid, luksong tinik.**

Sabihin: Pagmasdan ang mga larawang ito. Pamilyar ba kayo sa mga larong ipinapakita dito? Nakapaglaro na ba kayo nito? Ano-anong salita ang ginagamit ninyo kapag naglalaro kayo nito?

Gumawa ng talahanayan na may apat na hanay. Ilagay sa itaas ng bawat hanay ang pangalan ng isang laro. Isa-isang talakayin ang bawat laro. Ilista sa bawat hanay ang mga salitang mapag-uusapan ng klase na may kinalaman sa bawat laro.

Patintero	Piko	Luksong Lubid	Luksong Tinik

Gumamit ng mga tanong upang matukoy ng mga bata ang mga salitang kaugnay ng bawat laro. Halimbawa:

- *Ilan ang maaaring sumali sa larong ito?*
- *Anong kagamitan ang kailangan?*
- *Saan ginagamit ang (salitang binanggit ng bata).*
- *May nananalo o natatalo ba sa larong ito?*
- *Ano ang layunin o sinusubok gawin ng manlalaro?*
- *Paano magsisimula ang laro?*
- *Kailan natatapos ang laro?*

Kung makatutulong, hayaang ipakita ng mga bata sa pamamagitan ng galaw ang kanilang mga sagot. Habang nagbabanggit ng salita ang mga bata, ilista ang mga ito sa tamang hanay. Halimbawa:



KAGAMITAN

Talahanayan na nakasulat sa manila paper o pisara

TALAAAN

Patintero	Piko	Luksong Lubid	Luksong Tinik
pangkat	pato	lubid	kamay
taya	step-no	lukso	baitang
patotot	step-yes	bilang	lukso
lina	talon	kanta	buwelo
tisa	tisa	tugma	
bantay	lina		
lumusot	kandirit		
tumakbo	bumalanse		
	bilang		

3

PAGBUO NG PANGUNGUSAP BATAY SA MGA SALITANG NATUTUNAN

Basahin para sa mga bata ang mga salita sa bawat hanay. Ipaulit sa kanila ang mga salitang babanggitin.

Tulungan ang mga bata na makabuo ng simpleng pangungusap gamit ang mga salita sa talahanayan. Ipakita sa kanila kung paano ito gagawin.



Sabihin: *Maaari tayong bumuo ng mga simpleng pangungusap gamit ang ilang salita dito sa talahanayan. Magbabanggit ako ng isang halimbawa. Ituturo ko ang mga salita dito sa talahanayan habang binabanggit ko ito.*

Sa **patintero**, kailangang **lumusot** sa **bantay** para huwag maging **taya**.



Sabihin: *Kayo naman ang sumubok na bumuo ng pangungusap. Magtulungan kayo ng katabi ninyo. Pag-usapan ninyong magkapareha kung anong mga salita ang gagamitin ninyo sa pagbuo ng pangungusap.*

Matapos ang limang minuto, tumawag ng tatlong pares upang magbahagi ng kanilang pangungusap sa buong klase.

PAALALA SA GURO

Huwag matakot sumubok. Mas mahalaga na sumubok kayo, kahit pa may ilang mali. Tutulungan ko kayo sa pagsasaayos ng pangungusap ninyo kung kinakailangan. Kung may tanong kayo tungkol sa mga salita sa talahanayan, o kung gusto ninyong basahin ko ito ulit, magtaas ng kamay at pupuntahan ko kayo. Bibigyan ko kayo ng limang minuto para sa gawaing ito.

PAGTATAPOS

4

TALAAN

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Itanong sa inyong magulang o ibang nakatatanda sa bahay kung ano ang ibig sabihin ng salitang **“babala”**. Tanungin sila kung may mga bagay o kagamitan sa bahay na may nakalagay na babala at hilingin na ipakita sa inyo ito.

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIh-10** Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan
- **FI PS-IIh-9** Nasasabi ang mensahe ng isang babala
- **FIKM-IIb-1** Nasisipi ang mga salita mula sa huwaran

ARAW

2

PANIMULANG GAWAIN: PAGLARO NG CHIPPY CHIPPY GUM

I

Tanungin ang mga bata kung pamilyar sila sa larong **Chippy Chippy Gum**. Kahawig ito ng **Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay**. Ang kaibahan lang ay wala nang pagbibilang ng palakpak na nangyayari pagkatapos ng tugma.

Bigkasin ang tugma para sa larong ito:

Chippy chippy gum
is a bubble gum.
Masarap ito at malinamnam.
Bumili kayo sa tindahan.
Chippy chippy gum
is a bubble gum!

Pasabayin ang mga bata sa pangalawang pagbigkas. Sa pangatlong pagbigkas, haharap na sila sa kanilang katabi at maglalaro ng larong palakpak habang binibigkas ang tugma.

Matapos maglaro, itanong sa mga bata:

- *Tungkol saan ang tugmang ito? Ano ang paksa ng tugma? (sagot: bubble gum)*
- *Nakakain na ba kayo ng bubble gum?*



KAGAMITAN

Teksto ng tugmang **Chippy Chippy Gum** na nakasulat sa manila paper o pisara

TALAAAN

- *Ano ang dapat na binding-hindi gagawin sa bubble gum? (sagot: lunukin, itapon kung saan-saan)*
- *Bakit kaya hindi dapat gawin ang mga ito?*

2

PAG-UNAWA SA MGA BABALA

Ipaalala sa mga bata ang takdang-aralin na ibinigay ninyo kahapon.



Tanungin ang mga bata:

- *Naitanong ba ninyo sa inyong magulang kung ano ang ibig sabihin ng salitang “babala”? Ano raw ang ibig sabihin nito?*
- *May ipinakita ba sila sa inyo na kagamitang pambabay na may nakasulat na babala? Ano-ano ang mga ito?*


Tumawag ng tatlong bata upang magbahagi ng kanilang karanasan at natutunan tungkol sa salitang “babala.”

Ipakita ang larawan ng pambalot ng bubble gum na may nakasulat na babala. May halimbawang larawan sa ibaba:



KAGAMITAN

Larawan ng pambalot ng bubble gum na may babala



Sabihin: *Kanina, naglaro tayo ng **Chippy Chippy Gum**. Mayroon ako ditong larawan ng pambalot ng **Chippy Chippy Gum**. Ano ang napapansin ninyo sa pambalot? Ano itong salita na ito? (Ituro ang salitang “babala.”)*



Sabihin: *Babasahin ko ang nakasulat na babala. Pakiingnan ninyong mabuti, para alam natin kung ano ang hindi dapat gawin sa bubble gum.*



Pagkabasa sa babala, tanungin ang mga bata: *Ayon sa babala, ano ang hindi natin dapat gagawin sa bubble gum? (sagot: Huwag lunukin.) Paano ninyo sasabihin ito sa inyong Mother Tongue?*

Ipaliwanag sa mga bata ang ilang salita sa babala na maaaring ngayon lamang nila narinig. Isulat ang mga salitang **mabulunan**, **mananatili**, at **matunawan** sa pisara. Isa-isang talakayin ang mga ito.

Sabihin: *May mga palivanag dito sa babala kung bakit hindi dapat lunukin ang bubble gum. Inilista ko ang mga mahahalagang salita mula sa babala dito sa pisara. Talakayin natin ang mga ito.*



Basahin ang bawat salita. Gamitin ang mga mungkahing tanong upang maipakita ang kahulugan nito at maiugnay ang salita sa babala.

- **mabulunan** - *Naranasan na ba ninyong mabulunan habang kumakain? Ano ang nangyayari kapag tayo ay nabulunan? Ano ang salita para dito sa ating Mother Tongue? (Tumawag ng mga bata na makapaglalahad ng kanilang karanasan. Mga posibleng sagot: may nakabarang pagkain sa lalamunan, mahirap huminga, hindi makapagsalita, kailangang iubo palabas o idura ang nakabara) Tama ba ang babala dito sa pambalot na posibleng makabara ang bubble gum sa ating lalamunan?*
- **mananatili** - *Kapag sinabi sa inyo na manatili sa isang posisyon, ano ang ibig sabihin nito? Tama—hindi kayo gagalaw. Ano kaya ang ibig sabihin ng salitang “mananatili” dito sa babala? Ano kaya ang koneksyon ng kahulugang “hindi gagalaw” sa bubble gum? (Tulungan ang mga bata na maiugnay na kapag nalunok ang bubble gum, kapag umabot ito sa tiyan ay maaaring magtagal ito dito. Posibleng hindi ito gumalaw mula sa tiyan palabas.)*
- **matunawan** - *Madalas ginagamit ang salitang ito kapag pinag-uusapan ang nangyayari sa pagkain kapag nasa tiyan na natin ito. Narinig ninyo na ba ang salitang “tunaw”? Makikita ito sa loob ng salitang matunawan. Ano ang ibig sabihin ng tunaw? Halimbawa: Ang tunaw na yelo ay naging tubig. Tama—nagiging likido o mala-tubig ang isang bagay na dati’y buo at matigas. Kapag sinabi na ang isang tao ay “baka hindi matunawan” kapag lumunok ng bubble gum, ano kaya ang ibig sabihin nito? (Tulungan ang mga bata na maiugnay na kapag nalunok ang bubble gum, kapag umabot ito sa tiyan ay hindi ito kayang gawing likido ng mga asido sa tiyan. Hindi tuloy ito mailalabas ng katawan na katulad ng ibang pagkain.)*

Itanong sa mga mag-aaral: *Malinaw na ba sa atin ang babala tungkol sa bubble gum? Ano nga ulit ang huwag dapat gawin sa bubble gum? Bakit hindi ito dapat lunukin? Ano ang posibleng mangyari kapag nalunok ito?*



Kung may panahon pa, tumawag ng ilang mag-aaral para magsagawa ng dula-dulaan tungkol sa posibleng mangyari sa isang bata kapag hindi nito sinunod ang babala at nalunok ang bubble gum.

PAGSIPI SA BABALA AT TALASALITAAN

3

Ipasipi sa mga bata ang balot ng **Chippy Chippy Gum** na may babala. Habang kinokopya ng bata ang pambalot, isulat din ang sumusunod na talasalitaan sa pisara at ipasipi sa mga mag-aaral:

TALAAAN

TALASALITAAN

babala – paalala tungkol sa dapat iwasan o huwag gagawin

mabulunan – may bara ang lalamunan na bagay o pagkain

mananatili – hindiagalaw; nasa isang puwesto lamang

matunawan – maging likido ang laman ng tiyan

4

PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso sa pagkaintindi ng mga bata sa mga salitang pinag-aralan ngayong araw. Banggitin ang bawat salita sa talasalitaan: **babala, mabulunan, mananatili, matunawan**. Para sa bawat salita, papalakpak ang mga mag-aaral.

- Lalakasan nila ang kanilang palakpak kung malinaw na malinaw na para sa kanila ang kahulugan ng salita.
- Hihinaan nila ang palakpak kung medyo naiintindihan na nila, pero kailangan pa ng dagdag na paliwanag.
- Hindi sila papalakpak kung hindi pa nila naiintindihan ang salita.

Sa bawat salitang babanggitin, pagmasdan at tukuyin kung sino ang mga bata na hindi pumalakpak. Bigyan sila ng dagdag na pansin at suporta sa mga sumusunod na araw.

ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FIPS-II-f-6.1** Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan
- **FIPL-0a-j-7** Naibabahagi ang karanasan sa pagbasa upang makahikayat ng pagmamahal sa pagbasa
- **FIWG-II-g-i-3** Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya)



KAGAMITAN

Kopya ng tugmang “Tagu-Taguan”

PANIMULANG GAWAIN: PAGBIGKAS NG TULA

Ipabigkas sa mga bata ang tugmang ito tungkol sa taguan:

TALAAN

Tagu-taguan, maliwanag ang buwan,
 Masarap maglaro sa dilim-diliman.
 Wala sa likod ko, wala sa harap ko.
 Pagkabilang ng sampu, nakatago na kayo.
 Isa...dalawa...tatlo...apat...lima
 Anim...pito...walo...siyam...sampu!

Basahin muna para sa mga bata. Sa susunod na pagbasa, sasabay na sila.

Itanong sa mga bata:

- *Tungkol saan ang tugmang ito? (sagot: taguan)*
- *Bakit nagbilang ang nagsasalita sa tugmang ito? (sagot: binibigyan ng panahon ang ibang bata na magtago)*
- *Ganito ba kayo maglaro ng taguan? Ano ang sinasabi ninyo kapag kayo ang taya sa taguan?*


PAGBABALIK-ARAL SA KUWENTO: MULING PAGSALAYSAY
2

Ipakita sa mga bata ang pabalat ng aklat na *Si Pulong Patago-tago*. Tanungin ang mga bata kung naaalala pa nila ang pamagat ng aklat. Tanungin kung ano ang impormasyon na makikita sa pabalat. Basahin para sa kanila ang pamagat, may-akda, at tagaguhit.

Sabihin: *Ngayong araw, babalikan natin ang kuwento ni Pilo. Sa pagkakatang ito, kayo ang maglalabad ng mga pangyayari sa kuwento. Titingnan ninyo ang mga larawan, at sasabihin ninyo sa akin kung ano ang ginagawa ni Pilo o ng ibang tauban sa bawat pahina.*

Buksan ang bawat pahina ng libro, simula sa **p. 2**. Ipakita ang larawan at tulungan ang mga bata sa pagsabi kung ano ang nangyayari sa eksenang ipinapakita sa larawan. Maaaring tulungan ang mga bata sa pamamagitan ng pagtatanong, halimbawa:

- *Sino itong tauban na ito? Ano ang ginagawa niya dito?*
- *Nasaan si Pilo sa pahinang ito? Ano ang ginagawa niya?*
- *Ano ang reaksiyon ng nanay/tatay/ate/kuya ni Pilo nang lumabas siya mula sa kaniyang taguan?*
- *Ano ang nangyari kay Pilo dito? Ano kaya ang pakiramdam niya?*

Matapos mailahad ng mga bata ang kuwento sa kanilang sariling pananalita, hikayatin ang mga mag-aaral na sabihin kung ano ang mga


KAGAMITAN

Si Pulong Patago-tago



TALAAN

bagay na gusto nila tungkol sa kuwento.

Tanungin din sila kung may alam pa silang ibang kuwento tungkol sa isang bata na katulad ni Pilo. Gabayan sila sa paglalahad ng pamagat at tauhan nito, upang mahikayat ang ibang mag-aaral na tingnan o basahin rin ang bagong kuwentong nabanggit.

3

PAGSASANAY: PAGGAMIT NG AKO, IKAW, SIYA SA PAGPLANO NG DULA-DULAAN

Isulat sa pisara ang tatlong salitang pamalit na pinag-aralan noong nakaraang linggo: **ako, ikaw, siya**. Ipabasa sa mga bata ang mga salita, at tanungin sila kung kailan dapat gamitin ang mga salitang ito.

Halimbawang sagot: Ginagamit ang “ako” kapag sarili ang tinutukoy ng nagsasalita. Ginagamit ang “ikaw” kapag isang kausap ang tinutukoy ng nagsasalita. Ginagamit ang “siya” kapag ibang tao—hindi ang kausap—ang tinutukoy ng nagsasalita.

Isulat sa pisara ang sumusunod:

- **Ako** → sarili
- **Ikaw** → isang kausap
- **Siya** → ibang tao, hindi ang kausap



Sabihin: *May ipagagawa ako sa inyong gawain. Habang nag-uusap at nagpapalano kayo kung paano ito gagawin, gamitin ninyo ang mga salitang ako, ikaw, at siya. Iikot ako at pakikikingan ko kung nagagamit ninyo nga ang mga salitang ito. Handa na ba kayo? Habatiin ko muna ang klase sa maliliit na pangkat.*

Patayuin ang mga bata at maglaro ng **Lumulubog Ang Barko** upang mahati ang klase sa maliliit na pangkat na may tig-limang kasapi.

Sabihin sa mga bata na ang bawat isa sa kanila ay magsasagawa ng maikling dula-dulaan batay sa isang eksena sa kuwentong *Si Pulong Patago-Tago*. Katulad ng dati, ang mga kasapi ay maaaring maging tauhan, at maaari ding maging kagamitan na nakikita sa eksena.

Itakda sa bawat pangkat kung aling eksena mula sa libro ang kanilang isasadula. Maaaring pumili mula sa mga eksenang ito:

- **Mula sa pp. 2-5:** Hinahanap ng nanay si Pilo sa kalye. Binulaga siya ni Pilo na nakatago sa likod ng poste.
- **Mula sa pp. 10-13:** Hinahanap ni Ate Bebung si Pilo. Binulaga siya ni Pilo na nakatago sa tambak ng labada.
- **Mula sa pp. 14-17:** Hinahanap ni Kuya Rey si Pilo. Binulaga siya ni Pilo na nakatago sa gilid ng kama.
- **Mula sa pp. 18-19:** Hinahanap ng nanay si Pilo. Binulaga siya ni

Pilo na nakatago sa gitna ng mga laruan.

- **Mula sa pp. 20-25:** Hinahanap ng nanay si Pilo sa pamilihan, ngunit di niya ito makita. Pagkalabas ni Pilo sa pinagtataguan, di rin niya makita ang kaniyang inay.
- **Mula sa pp. 24-29:** Sa simula ay hindi makita ni Pilo ang kaniyang inay. Napaiyak at napasigaw si Pilo. Siya naman ang binulaga ng kaniyang nanay. Yinakap siya ng nanay at pinatahan.

Habang nag-uusap at nagpaplano sila para sa dula-dulaan, umikot sa mga pangkat. Pakinggan ang kanilang usapan, at siguraduhin na ginagamit nila ang mga salitang ako, ikaw at siya sa kanilang pagpaplano.

TALAN

PAGTATANGHAL NG MGA PANGKAT

4

Tawagin ang bawat pangkat upang ipakita ang kanilang inihandang dula-dulaan. Siguraduhin na ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari ang mga eksena na ipapakita ng mga pangkat. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng akma ng palakpak sa mga pangkat na nagtanghal.

Kung kulangin ng panahon, ipasabukas ang pagtatanghal ng ibang pangkat.

PAGTATAPOS

5

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Magpatulong sa isang kapamilyang nakatatanda sa pagguhit ng mapa ng isang silid sa inyong bahay. Pag-usapan ninyo kung anong bagay o lugar ang ipinapakita sa mapa. Dalhin ang mapa sa klase bukas at maghandang pag-usapan ito sa klase.

ARAW

4

MGA LAYUNIN

- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan
- **FIEP-IIe-2** Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa

PANIMULANG GAWAIN: TUGMA AT LARO



KAGAMITAN

Kopya ng tugmang **Singkamas, Singkamas** na nakasulat sa manila paper o pisara

Ipakita sa mga mag-aaral ang tugmang **Singkamas, Singkamas**. Ipalawanag na isa muli itong tugma at larong palakpak, katulad ng **Chippy Chippy Gum**. Ang kaibahan nito, pagdating sa dulo ay kailangang tumigil at hindi gumalaw ang mga naglalaro. Ang unang gumalaw ang talo.

Bigkasin ito para sa mga bata:

Singkamas, singkamas, maputi.

Maputi, maputi ang binti.

Kung sinong bumukaka ay siyang palaka.

Kung sinong ngumiti ay siyang paniki.

Kung sinong tumakbo ay siyang kabayo.

Kung sinong gumalaw ay siyang bakulaw.

Ipapansin sa mga bata kung anong salitang pamalit ang nakikita nila sa tugma. (**sagot: siya**) Ituro kung saan ang salitang ito sa pisara.

Tanungin ang mga bata kung alam nila ang ibig sabihin ng iba't ibang salita. Tumawag ng bata upang magpaliwanag ng mga salitang: **palaka, paniki, kabayo, bakulaw**. Tulungan ang mga bata sa pagbibigay kahulugan sa mga salita kung kinakailangan—ipakita ang ibig sabihin ng mga salita sa tulong ng paggalaw, pagguhit ng larawan, o pagbigay ng iba pang pahiwatig.

Ulitin ang pagbigkas ng tugma. Sa pangalawang pagbigkas, pasabayin na ang mga bata. Sa pangatlong pagbigkas, gawin na ang larong palakpak kasabay ng tugma.

Pansinin kung sino ang unang gumalaw. Papuntahin siya sa harap, at ipabigkas muli sa kaniya ang tugma habang naglalaro ang ibang bata. Sabayan siya sa pagbigkas.

PAGPAPAKITA AT PAGLALAHAD TUNGKOL SA TAKDANG-ARALIN: MAPA

2

TALAAN

Ipaalala sa mga mag-aaral ang takdang-aralin na ibinigay kahapon. Ito ang tatalakayin sa bahaging ito.

Sabihin: *Kahapon, bilang takdang-aralin, pinagawa ko kayo ng mapa ng isang silid sa inyong babay, sa tulong ng isang mas nakatatandang kapamilya. Maaari ninyo bang ipakita sa akin ang mga mapa ninyo?*

Umikot sa klase at tingnan ang mga mapa sa kanilang kuwaderno. Tumawag ng ilang mag-aaral at hikayatin sila na pumunta sa harapan at ipakita ang kanilang ginawang mapa sa buong klase. Ilalahad din nila kung ano-ano ang bagay o detalye na ipinapakita sa mapa.

Tulongan sila sa kanilang paglalahad sa pamamagitan ng pagbigay ng ilang halimbawang panimula katulad ng:

- **Ito ang mapa ng aming ____.** (sala, silid-kainan, silid-tulugan)
- **Nandito ang ____.** (pintuan/bintana/silya, iba pang gamit)
- **Katabi nito ang ____.** (mesa, kama, basuahan, iba pang gamit)

Ikabit o isulat sa pisara ang mga halimbawang panimula na ito. Gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga panimula sa kanilang paglalahad.



KAGAMITAN

Halimbawang panimula para sa paglalahad tungkol sa kanilang mapa, nakasulat sa manila paper o pisara

PAGGAWA NG SIMPLENG MAPA: ANG KUWARTO NI PILO

3

Ipakita sa mga mag-aaral ang **pp. 14-15** at **pp. 18-19** ng aklat na *Si Pulong Patago-tago*. Tanungin ang mga bata kung aling silid ang ipinapakita sa mga pahinang ito. (sagot: silid ni Pilo)

Sabihin: *Tingnan ng mabuti ang larawan sa mga pahinang ito. Ano-anong kagamitan, bagay, at iba pang detalye ang nakikita natin sa silid ni Pilo?*

Ilista ang mga bagay na babanggitin ng mga bata. Halimbawa: pinto, bintana, mesa, kama, unan, kumot, dingding, kumpol ng laruan, bag, damit na nakakalat.

Sabihin sa mga bata na magtutulungan sila ng kanilang katabi **sa paggawa ng isang mapa ng silid ni Pilo.**

Ipaalala na ang isang mapa ay nagpapakita ng isang lugar mula sa **paibabaw na pananaw**. Maiiba ito sa pananaw na ipinakikita sa libro, na mula sa harapan o mula sa gilid ng silid. Kadalasan, nakasulat din sa mapa kung ano ang bagay na ipinapakita. Hikayatin ang mga bata na **isulat ang salita** na tumutukoy kung anong gamit o detalye ng silid ang ipinapakita ng mapa. Maaari nilang kopyahin ang pagkakasulat ng salita na kailangan nila mula sa listahan sa pisara.



KAGAMITAN


Si Pulong Patago-tago

TALAAN

Bigyan ng sampung minuto ang mga bata para sa gawaing ito. Maaari silang sumangguni sa mga pahina ng aklat kung kinakailangan. Umikot at pagmasdan ang ginagawa ng mga pares, at magbigay ng payo o tulong kung kinakailangan.

Matapos ang sampung minuto, tumawag ng ilang bata upang magpakita ng kanilang ginawa. Balikan ang mga pahina ng libro upang makita at masabi ng mga bata kung tama nga o hindi ang mga detalye sa kanilang mapa.

Maaari ring magpakita ang guro ng isang huwarang mapa ng silid ni Pilo na nakaguhit sa manila paper matapos ipakita ng mga bata ang kanilang iginuhit na mapa. Halimbawa:



Tawagin ang ilang bata at tanungin sila:

- Saang bahagi ng silid na ito nakapagtago si Pilo mula sa kaniyang Kuya Rey? Ituro nga sa mapa. (sagot: sa gilid ng kama)
- Saang bahagi ng silid na ito nakapagtago si Pilo mula sa kaniyang nanay? Ituro sa mapa. (sagot: sa gitna ng kumpol ng mga laruan)

4

PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang malaman kung gaano na kapamilyar ang mga bata sa konsepto ng mapa. Banggitin ang mga sumusunod na pangungusap. Itataas ng mga bata ang kanilang hintuturo kung sa sa palagay nila ay inilalarawan ng pangungusap ang kanilang kasalukuyang kakayahan. Wala silang gagawin kung sa palagay nila ay hindi pa nila kaya ang sinasabi ng pangungusap.

Sabihin nang malakas at malinaw ang sumusunod:

- *Alam na alam ko na kung ano ang gamit o silbi ng isang mapa.*
- *Alam na alam ko na kung paano gumawa ng isang mapa.*
- *Alam na alam ko na kung paano basahin o sundan ang mga detalye ng isang mapa.*

Pansinin kung aling mga bata ang komportable na sa paggawa at paggamit ng mapa, at kung sino ang hindi pa. Sikaping pagtambalin ang mga ito sa susunod na gawain na gagamit ng mapa upang magtulungan sila sa kakayahang ito.



TALAAAN

MGA LAYUNIN

- **FIAL-IIIh-3** Natutukoy ang salita/pangungusap sa isang talata

ARAW

5

PANIMULANG GAWAIN: LARO

I

Ipaalala sa mga bata na ang tema para sa linggong ito ay iba't ibang laro. Gabayan sila sa paglalaro ng **Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay**. Ikabit ang manila paper kung saan nakasulat ito:

Tatay, Nanay, gusto kong tinapay.
Ate, Kuya, gusto kong kape.
Lahat ng gusto ko ay susundin ninyo.
Ang magkamali ay pipingutin ko.
1, 1-2, 1-2-3, 1-2-3-4, 1-2-3-4-5...

KAGAMITAN

Teksto ng **Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay** na nakasulat sa manila paper o pisara

MULING PAGBASA NG KUWENTO

2

Ipakita ang pabalat ng aklat na *Si Pulong Patago-tago*. Tanungin ang mga bata kung anong impormasyon ang makikita sa pabalat. Ipatukoy sa kanila ang pamagat, may-akda, at taga-guhit ng aklat. Tulungan sila sa pagbanggit ng mga detalyeng ito kung kinakailangan.

Bago simulan ang pagbabasa, sabihin sa kanila na sasabay muli sila sa pagbasa ng ilang bahagi ng kuwento. Sa pagkakataong ito, bukod sa mga salitang “bulaga!” at “ahahahaha-hwahahahaha!” sasabay na rin sila kapag nakita nila ang mga salitang: “Pilo? Pilo!”

KAGAMITAN

Aklat: *Si Pulong Patago-tago*

TALAAN

Isulat ang mga salitang **“Pilo? Pilo!”** sa pisara. Sabihin sa mga bata na kapag nakita nila ito, kailangan nila itong bigkasin nang may tamang ekspresiyon.

Tanungin ang mga bata kung ano ang pananda sa unang pagkakasulat ng Pilo. Tulungan silang tukuyin kung paano sinasabi ang isang pangungusap na nagtatapos sa tandang pananong. (sagot: kailangang pataas ang tono sa dulo ng pangungusap) Ipabigkas sa kanila ang salitang ito nang may tamang tono. Sabayan sila upang magbigay gabay.

Tanungin naman ang mga bata tungkol sa tandang padamdang. Ano pa ang ibang salita sa aklat na gumagamit ng tandang padamdang? (sagot: bulaga! ahahaha!) Paano dapat bigkasin ang salitang Pilo kapag nagtatapos ito sa tandang padamdang? Ipabigkas sa mga bata. Sabayan sila upang magbigay ng gabay.

Simulan na ang pagbabasa. Siguraduhin na ang lahat ng bata ay nakalalahok sa sabayang pagbigkas ng mga salitang tinakda para sa kanila.

3

PAGTATAYA

a. **Pangkatang Pagtataya**

Magsagawa ng gawaing pagtataya ukol sa mga mahahalagang pinag-aralan sa linggong ito. Tanungin sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata na palahad.

- **Magbigay ng dalawang halimbawa ng laro na ginawa natin o napag-usapan natin ngayong linggo.**
- **Ipaliwanag sa sariling pananalita, gamitin sa isang pangungusap, o ipakita sa galaw ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa pangkat): patintero, piko, luksong-lubid, luksong-tinik, mabulunan, manatili, matunawan, babala, mapa.**
- **May babasahin akong talata. Sabihin sa akin kung ano ang paksa nito:**
 - Mahilig akong maglaro ng patintero. Sa larong ito, naglalaban ang dalawang pangkat ng bata. Ang isang pangkat ang tagalusob, at ang isang pangkat naman ang tagabantay. Kailangang malampasan ng lahat ng taga-lusob ang mga bantay upang manalo.
 - Mahilig manggulat at mambulaga si Pilo. Akala niya ay maganda at masayang gawain ito. Lagi siyang nagtatago mula sa kaniyang mga kapamilya. Hindi niya inakala na hindi pala niya dapat itong ginagawa, lalo na kung hindi naman panahon ng paglalaro.
 - Ang ako, ikaw at siya ay mga salitang pamalit. Pinapalitan nila

TALAAN

ang mga buong pangalan sa isang pangungusap. Mas dumadali ang komunikasyon kapag ginagamit natin ang mga salitang pamalit na ito.

- **Bumigkas ng isang tugma na pinag-aralan natin ngayong linggo. Tutulungan kita sa ilang salita. (Maaaring gawin ng bata na may kapares.)**

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang pangkat, gumuguhit naman sa kanila kuwaderno ang ibang mga bata. **(Gawain 3b)**

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa pagbigay ng paksa, ngunit hindi pa lubusang nakapagbibigay ng kahulugan ng salita.

Suriin din ang pagguhit at pagsulat/pagsipi ng mga bata sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

b. Gawain para sa Mga Batang Naghihintay

Magpaguhit sa mga bata ng larawan na nagpapakita ng iba't ibang salita na binanggit sa panimulang tugma. Maari silang pumili ng isa mula sa sumusunod: **nanay, tatay, tinapay, ate, kuya, kape.** Hikayatin silang magsulat ng ilang salita tungkol sa kanilang ginuhit.

PAGTATAPOS

4

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Bigkasin para sa inyong pamilya ang lahat ng tugmang panlaro na pinag-aralan natin ngayong linggo. Tanungin sila kung may iba pa silang tugma o tula na maaaring ituro sa inyo.

ARALIN

19

GABAY SA PAGTUTURO

UNANG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA TULA AT TUGMA

KUWENTO: MA ME MI MUMU!



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO, UNANG BAITANG FILIPINO

YUNIT 2, ARALIN 19

Tema: Mga Tula at Tugma

Kuwento: *Ma Me Mi MuMu!*

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIc-3 Naiulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan) 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain: Bahaginan
1	PP	<ul style="list-style-type: none"> FIPP-IIi-5 Nakapag-uuri-uri ng mga salita ayon sa ipinahihwatig na kaisipang konseptwal 	<ul style="list-style-type: none"> May Tugma o Walang Tugma?
	PT	<ul style="list-style-type: none"> FIPT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapaunlad ng talasalitaan: mga salita mula sa <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIi-II Nailalarawan ang damdamin ng isang tauhan sa kuwentong napakinggan 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIi-I Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggan sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
	AL	<ul style="list-style-type: none"> FIAL-IIj-5 Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> FIPS-IIi-I Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggan sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
	KP	<ul style="list-style-type: none"> FIKP-IIi-6 Napapalitan at nadadagdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbuo ng bagong salita
4	PY	<ul style="list-style-type: none"> FIPY-IIf-2 Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig na natutunan sa aralin 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabaybay ng mga salitang natutunan sa <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
	WG	<ul style="list-style-type: none"> FIWG-IIg-i-3 Naggamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (tayo, kayo, sila) 	<ul style="list-style-type: none"> Pangkatang Gawain: Paggamit ng mga salitang tayo, kayo, sila sa pangungusap

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral; **KP** – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan; **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng halimbawang pangungusap at paghikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang personal na karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng personal na karanasan gamit ang mga halimbawang pangungusap bilang gabay
<ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas ng tula. Pagtanong tungkol sa mga salita at tugma sa tula. Paggamit ng talahanayan. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa pagbigkas. Pagtukoy sa mga salitang may tugma at walang tugma.
<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng pangungusap na gamit ang tinututukang salita. Pagbigay ng gabay na tanong. Pagsulat ng talasalitaan. 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa pangungusap. Pag-isip tungkol sa mga pahiwatig. Pagsagot sa mga tanong. Pagsipi ng talasalitaan.
<ul style="list-style-type: none"> Pagtatanong habang binabasa at pagkatapos basahin ang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento. Pagsagot sa mga tanong ng guro.
<ul style="list-style-type: none"> Pagtatanong pagkatapos basahin ang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag ng ideya. Pagtugon sa mga tanong ng guro.
<ul style="list-style-type: none"> Pagtatanong tungkol sa larawan habang binabasa ang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagmasid sa larawan, pakikinig sa kuwento, at paglahok sa talakayan
<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng gabay na tanong at halimbawang panimula 	<ul style="list-style-type: none"> Pakikilahok sa bahaginan
<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng gabay tungkol sa pagpapalit ng tunog/letra at pagbuo ng bagong salita. Pagbigay ng halimbawang salita. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pagbigkas ng nabuong salita. Pagsipi sa kuwaderno.
<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng panuto sa pagbabaybay ng mahahabang salita. Pagbigay ng halimbawa. Pagbigay ng salitang pagsasanayan ng mag-aaral. 	<ul style="list-style-type: none"> Paglahok sa ginabayang pagsasanay. Pagsagawa ng pagbabaybay/pagsulat sa kuwaderno.
<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng pangkatang gawain. Pagbigay ng panuto. Pagbigay ng halimbawang panimula at iba pang gabay sa paggamit ng mga salitang pamalit. 	<ul style="list-style-type: none"> Paglahok sa pangkatang gawain. Pagsagot sa mga tanong ng guro. Paggamit ng mga salita sa pangungusap.

PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; **PN** – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan;
PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; **WG** – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
5	PN	<ul style="list-style-type: none"> FIPN-IIj-4 Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Ma Me Mi MuMu!</i>
	AL	<ul style="list-style-type: none"> FIAL-IIj-5 Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Ma Me Mi MuMu!</i>

LEGEND: **AK** – Kaalaman sa Aklat at Limbag; **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral;
KP – Kamalayang Ponolohiya; **K** – Komposisyon; **PL** – Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan;
PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas; **PU** – Pagsulat at Pagbaybay; **PB** – Pag-unawa sa Binasa

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanong pagkatapos basahin ang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapahayag ng ideya. Pagtugon sa mga tanong ng guro.
<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanong pagkatapos basahin ang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagmasid sa larawan. Pakikinig sa kuwento. Pagtugon sa mga tanong ng guro.
<p>PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan; PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan; PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita; WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika</p>	

ARAW

I

MGA LAYUNIN

- **FIPP-III-5** Nakapag-uuri-uri ng mga salita ayon sa ipinahihiwatig na kaisipang konseptwal
- **FIPT-IIb-f-6** Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw; ekspresiyon ng mukha; ugnayang salita-larawan

I

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Gamitin ang takdang-aralin na ibinigay ninyo noong nakaraang Biyernes bilang paksa para sa bahaginan.



Sabihin: *Noong nakaraang Biyernes, hinikayat ko kayo na bigkasin para sa inyong pamilya ang mga tugma na pinag-aralan natin sa klase. Sinabi ko rin sa inyo na magpaturo kayo sa inyong kapamilya ng iba pang tugma o tula na alam nila. Nagawa ninyo ba ito? Sino rito ang may alam na bagong tugma o tula?*

Tumawag ng tatlong bata na nagtaas ng kamay at ipabigkas sa kanila ang natutuhan nilang bagong tula o tugma. Gabayan ang ibang mag-aaral sa pagbigay ng akmang pagkilala at palakpak para sa mga nagbahagi ngayong araw.

2

PAG-UURI NG SALITA: MAY TUGMA O WALANG TUGMA?



KAGAMITAN

1. Kopya ng mga tula na nakasulat sa manila paper o pisara: “Ako’y Tutula; Ako’y May Alaga”
2. Talahanayan: Tugma/Di-Tugma



Sabihin: *May kinalaman ang inyong takdang-aralin sa ating tema ngayong linggo. Ang tema natin sa linggong ito ay Mga Tula at Tugma. Noong nakaraang linggo, nagsimula na tayong mag-aral tungkol sa mga tugma. Marami sa mga larong may palakpak na ginawa natin ay gumagamit ng mga tugma. May naaalala ba kayong halimbawa ng tugma mula sa mga laro natin?*

Tumawag ng ilang bata upang magbigay ng kanilang tugon. Ilan sa maaari nilang isagot: “Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay”; o “Tagu-taguan, malinawag ang buwan.”

Ipatukoy sa mga bata kung aling salita sa mga linyang ito ang magkapareho ng dulong tunog. (sagot: tatay-nanay-tinapay; taguan-buwan) Ipaalala sa mga bata na ito ang palatandaan na ang dalawang salita ay may tugma: kapag magkatunog ang huling bahagi o pantig.

Ikabit ang manila paper kung saan nakasulat ang “Ako’y Tutula” at “Ako’y May Alaga.”



Sabihin: *May dalawang tula ako rito. Babasahin ko para sa inyo. Pakinggan ninyong mabuti ang mga salita at isipin kung alin sa mga salitang ito ang may tugma at kung alin ang walang tugma.*

TALAAN

Ako'y tutula,
mahabang-mahaba.
Ako'y uupo.
Tapos na po.

Ako'y may alaga,
asong mataba.
Buntot ay mahaba,
makinis ang mukha.
Mahal niya ako.
Mahal ko rin siya.
Kaming dalawa,
Laging magkasama.

Itanong:

- *Ano ang napapansin ninyo sa dalawang tula na binasa ko? May pagkakatulad ba sila? Ano ang unang salita sa parehong tula? May iba pa bang salita na nakikita sa parehong tula?*
- *Ano naman ang pagkakaiba ng dalawang tula na binasa ko?*
- *Sa tingin ninyo, seryoso ba ang unang tula, o nagpapatawa? Bakit ninyo nasabi ito?*
- *Ano naman ang tono ng pangalawang tula—seryoso o nagpapatawa? Tungkol saan ang tulang ito?*

Hikayatin ang mga bata na sumabay sa inyo sa pagbigkas ng dalawang tula.

Ikabit o isulat ang talahanayan sa pisara. May dalawa itong hanay: may tugma at walang tugma. Sabihin sa mga bata na gagamitin ng klase ang talahanayan sa pagtukoy ng salitang may tugma at mga salitang walang tugma.

- *Pansinin natin ang mga dulong pantig ng mga dulong salita sa dalawang tula. Ano-ano ang mga salita na may parehong tunog ang dulong pantig? Ililista ko dito sa hanay na “may tugma.”*
- *Ngayon naman, maghanap tayo ng mga salita na magkaiba ang dulong tunog. Ililista ko ang mga ito sa hanay na “walang tugma.”*



TALAAAN

May Tugma	Walang Tugma
tutula-mahaba	tutula-uupo
uupo-po	tapos-mahaba
alaga-mataba	asong-mataba
mahaba-mukha	makinis-ang
dalawa-magkasama	mahal-ako

Bigkasing muli ang listahan ng mga salita na nasa hanay na may tugma. Ipakita sa kanila ang hugis ng inyong bibig kapag sinasabi ang dulong pantig ng mga salitang may tugma.

Pasabayin ang mga bata sa pangalawang pagbigkas ng listahan ng mga salitang may-tugma. Ipapansin sa kanila ang hugis ng kanilang bibig habang sinasabi ang huling pantig ng mga salitang may tugma.

3

PAGPAAUNLAD NG TALASALITAAN



KAGAMITAN

Listahan ng mga salita na pag-aaralan: *mumu, halimaw, magulantang, nadatnan, sumpa*

Ihanda ang mga bata para sa mga salitang maririnig nila sa babasahing aklat bukas.



Sabihin: *Ang kuwentong pakikilingan natin bukas ay gumagamit din ng salitang may tugma. Bilang pagbahanda para bukas, pag-aralan natin ngayon ang ilang salita na maririnig natin sa kuwento.*

Ipakita ang listahan ng mga salita. Basahin muna ito para sa mga bata: **mumu, halimaw, magulantang, nadatnan, sumpa**



Itanong: *May salita ba rito sa listahan na narinig na ninyo? Alin dito ang pamilyar na sa inyo?*

Maghintay ng sagot mula sa mga bata. Tanungin sila kung ano ang pagkakaintindi nila sa mga salitang narinig na.



Sabihin: *Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salitang ito. Subukan ninyong hulaan kung ano ang ibig sabihin ng bawat salita. Pansinin ninyo ang ibang salita sa pangungusap. Makatutulong ito sa paghula ng kahulugan ng inaalam nating salita.*

Sabihin nang malakas at malinaw ang sumusunod:

a. Takot akong pumunta sa sementeryo, kasi baka may **mumu** doon. Takot ako sa multo.

- *Ano kaya ang kaugnayan ng salitang “takot” at salitang “mumu?”*
- *Sa pangalawang pangungusap, binanggit ng nagsasalita na takot siya sa multo. May koneksyon kaya ang salitang multo sa salitang mumu?*
- *Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mumu?*
- *Sino ang makagagamit ng salitang ito sa isang pangungusap?*

TALAAN

Isulat sa pisara: mumu = multo

b. Ayon sa mga matatanda, may malaking **halimaw** daw sa gubat, kaya't walang gustong pumasok doon. Baka raw hindi na sila makalabas nang buhay.

- *Bakit kaya ayaw pumasok ng mga tao sa gubat dahil sa halimaw?*
- *Bakit kaya sila nangangamba na hindi na sila makalabas nang buhay?*
- *Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng halimaw?*
- *Sino ang makagagamit ng salitang ito sa isang pangungusap?*

Isulat sa pisara: halimaw = pinaghalong tao at hayop na nakakatakot

c. Baka ka **magulantang** kapag makita mo kung gaano kalaki ang asong ito. Palagay ko ay magugulat ka nang todo kapag makita mo ito.

- *Ano kaya ang ugnayan ng salitang magulantang sa salitang magugulat?*
- *Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magulantang?*
- *Sino ang makagagamit ng salitang ito sa isang pangungusap?*

Isulat sa pisara: magulantang = mabigla, magulat nang husto

d. Ito na ang **nadatnan** kong hitsura ng bahay magmula nang lumipat kami dito. Hindi na ito nagbago mula nang maabutan namin ito.

- *Ano kaya ang kaugnayan ng salitang nadatnan at maabutan?*
- *Magkabawig ang salitang "dating" at "datnan." May kaugnayan kaya ang dalawang ito?*
- *Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng nadatnan?*
- *Sino ang makagagamit ng salitang ito sa isang pangungusap?*

Isulat sa pisara: nadatnan = naabutan, nakita

e. Sabi ng iba, laging minamalas ang kanilang pamilya dahil may naglagay ng **sumpa** sa kanila. May nakaaway daw sila na marunong mangkulam.

- *Ano kaya ang kaugnayan ng malas sa sumpa?*
- *Ano kaya ang koneksiyon ng kulam at sumpa?*
- *Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng sumpa sa pangungusap na ito?*
- *Sino ang makagagamit ng salitang ito sa isang pangungusap?*

Isulat sa pisara: sumpa = masamang nais, kulam

TALAAN

Basahing muli ang talasalitaan. Ipasipi sa mga bata ang mga salita at ang kahulugan nito.



Sabihin: *Siguro’y napansin ninyo na may nakakatakot na tema ang mga salitang pinag-aralan natin ngayon. Ang kuwento na babasahin ko bukas ay tungkol sa iba’t ibang halimaw na nasa isip ng batang bida. May ilang mga salita pa akong ibibigay sa inyo bilang takdang-aralin. Ipakita ninyo ito sa inyong magulang at pag-usapan ninyo sa bahay.*

Ipasipi sa mga bata ang mga salitang ito:

- tikbalang
- tiyanak
- kapre
- aswang

4

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Ipakita sa inyong nanay o tatay ang listahan ng mga halimaw na sinipi ninyo sa inyong kuwaderno. Tanungin sila kung ano ang narinig na nila tungkol sa mga halimaw na ito. Ipalarawan sa kanila kung ano ang itsura ng mga halimaw na ito.

ARAW

2

MGA LAYUNIN

- **FIPN-III-I I** Nailalarawan ang damdamin ng isang tauhan sa kuwentong napakinggan
- **FI PS-III-I** Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggan sa kuwento
- **FIAL-IIj-5** Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan



KAGAMITAN

Awiting “Sitsiritsit” na nakasulat sa manila paper o pisara

I

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

Ipaalala sa mga bata na ang tema para sa linggong ito ay mga tugma at tula. Hindi lang tula ang may tugma. Maging ang mga awitin ay may tugma rin. Ipakita sa mga bata ang titik ng awiting “Sitsiritsit” at awitin ito para sa mga bata. Pakikinggan nila ng mabuti ang kanta at papansinin ang mga salita sa kanta na may tugma.

TALAAN

Sitsiritsit, alibangbang,
salaginto't salagubang.
Ang babae sa lansangan,
kung gumiri'y parang tandang.
Mama, mama, namamangka,
pasakayin yaring bata.
Pagdating sa Maynila,
ipagapalit ng manika.

Ulitin ang kanta, at hikayatin ang mga bata na sumabay sa pag-awit. Lakasan ang pag-awit ng dulong pantig upang lalong marinig ng mga bata ang tugma.

Itanong: *Narinig ninyo ba ang mga salitang may tugma? Aling mga salita ang katugma ng alibangbang? (sagot: salagubang, tandang) Ano naman ang katugma ng salitang namamangka? (sagot: bata, Maynila, manika)*

Awitin muli nang sabay-sabay ang kanta bago tumungo sa susunod na bahagi.

PAGHAHANDA PARA SA KUWENTO

2

a. Paghahawan ng Balakid

Sabihin: *Kahapon, may tinalakay tayong mga salita na maririnig sa kuwento natin ngayong araw. Balikan natin ang mga salitang ito at ang kanilang kahulugan. Babasahin ko ang bawat salita at ang kahulugan nito:*

- **mumu** = multo
- **halimaw** = pinaghalong tao at hayop na nakakatakot
- **magulantang** = mabigla, magulat nang husto
- **nadatnan** = naabutan, nakita
- **sumpa** = masamang nais, kulam

Sabihin: *Kahapon, bilang takdang aralin, ipinasipi ko sa inyo ang ilang pangngalan ng mga halimaw na mababanggit din sa ating kuwento. Ang mga ito ay **tikbalang**, **tiyanak**, **kapre**, at **aswang**. Pinatanong ko sa inyong magulang kung ano ang masasabi nila tungkol dito. Sino ang nais magkuwento ng binanggit ng inyong magulang tungkol sa mga halimaw na ito?*

KAGAMITAN

1. Listahan ng talasalitaan (mga salita na tinalakay kahapon at ang kahulugan nito) na nakasulat sa pisara
2. Aklat: *Ma Me Mi MuMu!*

TALAAN

b. Pagganyak

Ipakita ang pabalat ng libro.



Sabihin: *Ang kuwento natin ngayong araw ay sinulat at ginubit ni Jomike Tejido. Ang pamagat ng aklat ay Ma Me Mi MuMuli. Tungkol ito sa isang batang matatakutin. Kung ano-ano ang naiisip niyang puwedeng katakutan. Kayo, ano ang bagay na ikinatatakot ninyo?*

c. Pagganyak na Tanong



Sabihin: *Aalamin natin sa kuwentong ito: Malalabanan kaya ng batang bida ang pagiging matatakutin?*

3

PAGTATANONG HABANG BINABASA ANG KUWENTO

Basahin ang kuwento nang may ekspresiyon at pagpapahalaga sa mga tugma. Huminto pagkabasa ng ilang takdang pahina upang palalimin ang pag-intindi at pakikinig ng mga mag-aaral.

Huminto pagkabasa ng p. 7



Itanong: *Sino kaya itong pumasok sa kwarto?*

Huminto pagkabasa ng p. 11



Itanong: *Ano ang inaabot ng bata sa tikbalang?*

Huminto pagkabasa ng p. 12



Itanong: *Ano ang itinuturo ng bata sa tiyanak?*

Huminto pagkabasa ng p. 13



Itanong: *Ano raw ang tawag sa balimaw na mahaba ang dila? Paano ginawang laruan ng bata ang dila ng tiktik?*

Huminto pagkabasa ng p. 16



Itanong: *Ano ang hitsura ng manananggal? Ano ang tinatabi nila ng bata dito sa larawan?*

Huminto sa p. 21



Itanong: *Paano ipinakikita sa larawan na si Aling Bebang at ang aso ay iisa? Ano ang pareho nilang suot?*

Huminto sa p. 23



Itanong: *Ano ang kakaiba sa hitsura ng Bungisngis?*

Huminto sa p. 27



Itanong: *Ano nga ang pangalan ng ating bidang bata? Binanggit ito ng lolo sa pahinang ito.*

PAGTATANONG PAGKATAPOS BASAHIN ANG KUWENTO**4****TALAAN**

Talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng pagtanong ng sumusunod:

- *Ano ang nararamdaman ng bidang si Sophia sa simula ng kuwento?*
- *Sino ang kumausap sa kaniya upang mabawasan at mapigilan ang kaniyang pagiging matatakutin?*
- *Ano-ano ang mga ipinayo ng lolo ni Sophia sa kaniya? Magbigay nga ng isang halimbawa ng halimaw at kung ano ang sinabi ng lolo na gagawin kapag makita ni Sophia ito.*
- *“Nasa isip mo lang yan,” ang sabi ng lolo sa panimula ng kuwento. Paano ipinagamit ng lolo ang isip at imahinasyon ni Sophia upang labanan ang kaniyang takot sa halimaw?*
- *Kung kayo si Sophia, ano ang mararamdaman ninyo matapos ninyong kausapin ang lolo? Matatakot pa rin ba kayo? Bakit?*

PAGTATAPOS**5**

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang malaman ang opinyon ng mga bata tungkol sa kuwentong binasa. Itataas nila ang kanilang hintuturo kung sang-ayon sila sa pangungusap. Itatagilid nila ang hintuturo kung hindi sila lubusang sumasang-ayon, at ituturo nila ng pababa kung di sila sang-ayon.

- *Narinig ko ang labat ng mga tugma sa kuwentong ‘Ma Me Mi MuMu!’.*
- *Natakot ako sa kuwentong ‘Ma Me Mi MuMu!’.*
- *Marami akong natutunan tungkol sa mga halimaw sa kuwentong ito.*
- *Nagustuhan ko ang kuwentong ito.*

ARAW

3

MGA LAYUNIN

- **FI PS-III-1** Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggan sa kuwento
- **FIKP-III-6** Napapalitan at nadadagdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita

KAGAMITAN

Aklat: *Ma Me Mi MuMu!*

KAGAMITAN

Halimbawang panimula na nakasulat sa manila paper o pisara

PANIMULANG GAWAIN: BAHAGINAN

Gamitin ang kuwentong binasa kahapon bilang paksa ng bahaginan ngayong araw.

Sabihin: *Kahapon, narinig ninyo ang kuwento ni Sophia sa aklat na 'Ma Me Mi MuMu!'. Sa kuwento, tinulungan si Sophia ng kaniyang lolo. Ipinagamit ng lolo ang kaniyang imahinasyon para hindi na niya katakutan ang mga halimaw sa kaniyang isipan.*

Kung kayo si Sophia, paano ninyo babarapin ang isang halimaw kung sakaling makatagpo ninyo ito? Paano ninyo lalabanan ang takot ninyo? Ito ang pag-uusapan natin sa bahaginan ngayong araw. Tatawag ako ng ilang mag-aaral upang sagutan ang tanong na ito. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na nakalagay sa pisara. Babasahin ko ito:

Kapag may makatagpo akong halimaw, ito ang gagawin ko:
 _____ upang labanan ang takot ko.

Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap bilang dagdag na gabay sa mga mag-aaral. Halimbawa: *Kapag may makatagpo akong halimaw, ito ang gagawin ko: yayayain ko siyang magmeryenda upang labanan ang takot ko.*

Tumawag ng tatlong bata na hindi pa gaanong nakapaglalahad sa klase at tulungan sila sa pagbabahagi ng kanilang ideya.

2

PAGBALIK-ARAL: IBA'T IBANG HALIMAW

Sabihin: *Sa kuwento natin kahapon, marami tayong nakilalang iba't ibang halimaw. Ang mga halimaw na ito ay matagal nang bahagi ng mga gawa-gawang kuwento at naipasa-pasang istorya dito sa Pilipinas. Balikan natin ang ilan sa mga nabanggit na halimaw upang mas makilala pa natin sila.*

Ipakita ang **pp. 28-29** ng aklat na *Ma Me Mi MuMu!*. (Bahaging pinamagatang "*Alamin ang inyong mga halimaw*")

Sabihin: *Pagmasdan natin itong mga larawan ng mga halimaw dito sa bahaging ito ng libro. Pipili tayo ng tatlong halimaw na mas kikilalanin natin. Alin sa mga ito ang pinakagusto ninyong pag-aralan? Magbigay ng tatlo.*

TALAAN

Papiliin ang klase ng tatlong halimaw na tututukan ngayong araw. Maaaring idaan ang pagpili sa botohan. Magbigay ng limang pangngalan (o ituro ang larawan) ng halimaw, at ipataas sa mga bata ang kanilang kamay kung gusto nila itong talakayin. Ang tatlong may pinakamaraming boto ang pag-uusapan ngayong araw.

Gamitin ang impormasyon sa libro upang dagdagan ang kaalaman ng mga bata tungkol sa mga napiling halimaw.

Sa pagtatapos ng talakayan, tanungin ang mga bata: *Sa tingin ba ninyo ay talagang may halimaw, o gawa-gawa lang ito na kuwento? Bakit ninyo nasabi ito?*



PAGBUBUO NG BAGONG SALITA

3

Ipapansin sa mga bata ang pamagat ng kuwentong binasa kahapon: *Ma Me Mi MuMu!*. Tanungin sila:



- *Paano nabuo ang mga pantig na ito?* (posibleng sagot: pareho ang panimulang tunog at letra, /m/ pero iniba lang ang kasunod na patinig, batay sa A-E-I-O-U, bagamat inulit ang letrang U)
- *Bakit kaya ang mga pantig na ito ang napili ng may akda na pamagat? Kung pangungusap talaga ito, ano kaya ang sinasabi?* (posibleng sagot: nilalaro ng may-akda ang salitang mumu, pati na ang salitang “mommy” at ang salitang “may”—parang sinasabi: Mommy, May Mumu)

Sabihin: *Pinag-usapan na natin sa mga naunang aralin na ang mga salita ay binubuo ng mga pantig, at ang mga pantig ay binubuo ng mga tunog. Ano kaya ang mangyayari kapag pinaglaruan natin ang mga pantig o tunog na bumubuo sa isang salita? May mabuo kaya tayong ibang salita?*



Isulat ang salitang **“mama”** nang apat na beses sa pisara. Tanungin ang mga bata.

- (Gamitin ang pangalawang pagkakasulat ng “mama.”) Itanong: *Ano kaya ang mangyayari kung palitan natin ang huling “a” at gawin nating letrang “i”?* (Burahin ang huling letrang “a” at palitan ng letrang “i” → mami) Ano ang salitang nabuo? Ano ang ibig sabihin nito?
- (Gamitin ang pangatlong pagkakasulat ng “mama.”) Itanong: *Ano kaya ang mangyayari kung palitan natin ng letrang “e” ang parehong letrang “a”?* (Burahin ang mga “a” at ilagay ang “e” → meme) Ano ang salitang nabuo? Ano ang ibig sabihin nito?
- (Gamitin ang pang-apat na pagkakasulat ng “mama.”) Itanong: *Ano kaya ang mangyayari kung palitan natin ng letrang “u” ang parehong letrang “a”?* (Burahin ang mga “a” at ilagay ang “u” → mumu) *Ano ang salitang nabuo? Ano ang ibig sabihin nito?*

TALAAN

Basahin ang nabuong listahan ng salita: **mama, mami, meme, mumu**. Ipaulit sa mga mag-aaral sa pangalawang pagbasa.



Sabihin: *Hindi lang mga patinig na a-e-i-o-u ang maaaring palitan upang makabuo ng bagong salita. Puwede ring palitan ang mga katinig. Subukan nga natin.*

Isulat ang salitang **“palo”** nang apat na beses sa pisara. Tanungin ang mga bata.

- (Gamitin ang pangalawang pagkakasulat ng “palo.”) Itanong: *Ano kaya ang mangyayari kung palitan natin ang unang tunog/letrang “p” at gawin nating letrang “t”?* (Burahin ang huling letrang “p” at palitan ng letrang “t” → talo) *Ano ang salitang nabuo? Ano ang ibig sabihin nito? Gamitin nga natin sa pangungusap.*
- (Gamitin ang pangatlong pagkakasulat ng “palo.”) Itanong: *Ano kaya ang mangyayari kung palitan natin ang letrang “p” ng letrang “l”?* (Burahin ang “p” at ilagay ang “l” → lalo) *Ano ang salitang nabuo? Ano ang ibig sabihin nito? Gamitin nga natin sa pangungusap.*
- (Gamitin ang pang-apat na pagkakasulat ng “palo.”) Itanong: *Ano kaya ang mangyayari kung palitan natin ang letrang “p” ng parehong letrang “s”?* (Burahin ang mga **“p”** at ilagay ang **“s”** → salo) *Ano ang salitang nabuo? Ano ang ibig sabihin nito? Gamitin nga natin sa pangungusap.*

Basahin ang nabuong listahan ng salita: **palo, talo, lalo, salo**. Ipaulit sa mga mag-aaral sa pangalawang pagbasa.



Tanungin ang mga bata: *Ano ang napapansin ninyo tungkol sa mga salitang palo, talo, lalo at salo? Ano ang kanilang dulong tunog? Ano ang tawag sa mga salitang pareho ang dulong tunog? (sagot: may tugma)*

Ipasipi sa mga bata ang listahan ng mga salita sa pisara.

4

PAGTATAPOS

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Ipakita sa inyong nanay o tatay ang listahan ng mga salitang sinipi sa inyong kuwaderno. Magpatulong sa kanila sa pag-iisip ng iba pang salita na maaaring mabuo kung palitan ang isa o dalawang tunog sa mga salitang sinipi.

MGA LAYUNIN

- **FIPY-IIIf-2** Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig na natutuhan sa aralin
- **FIWG-IIg-i-3** Naggamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (tayo, kayo, sila)

ARAW

4

PANIMULANG GAWAIN: PAGLARO NG JACK-EN-POY

Ipaalala sa mga bata na ang tema para sa linggong ito ay mga tula at tugma. Banggitin na hindi lang tula at awit ang gumagamit ng mga salitang may tugma. Maging ang mga larong pambata ay may mga salitang magkatugma.

Ipalaro sa mga bata ang **Jack-en-Poy**. Tumawag ng dalawang bata sa harapan upang pangunahan ang paglalaro habang sinasabi nang malakas ang tugma:

Jack-en-Poy,
Hale-hale-hoy.
Sinong matalo, siyang unggoy!

Maglalaro ang buong klase nang tatlong beses. Matapos ang pangatlong laro, tanungin ang mga bata: *anong mga salita sa larong ito ang magkatugma? Mag-isip pa nga kayo ng ibang salita na katugma ng hoy at unggoy.*

Ilista ang babanggiting salita sa pisara. (Ilan sa kanilang posibleng sagot: apoy, tuloy, abuloy, bugoy, kuyakoy, at iba pa.)

Basahin ang bawat salita sa pisara at tanungin ang mga bata kung ano ang ibig sabihin ng mga ito. Gamitin sa pangungusap upang lalong luminaw ang kahulugan.

PAGBABALIK-ARAL: MGA HALIMAW (PAGBABAYBAY)

Ipakitang muli sa klase ang pp. 28-29 ng aklat na “*Ma Me Mi MuMu!*”

Ipapansin sa mga mag-aaral ang sumusunod na halimaw: **tikbalang**, **manananggal**, **bungisngis**. Tanungin ang mga bata kung ano ang mga katangian ng mga halimaw na ito batay sa larawan. Magdagdag pa ng ilang detalye mula sa nakasulat sa aklat.

1



KAGAMITAN

Mga salita sa larong **Jack-en-Poy** na nakasulat sa pisara

2



KAGAMITAN

1. Aklat: *Ma Me Mi MuMu!*
2. Pocket chart at mga card ng letra ng alpabeto

TALAAN

Isulat sa pisara ang mga salitang tikbalang, manananggal, at bungisngis. Ipabilang sa mga mag-aaral ang pantig ng mga salitang ito. Sabayan sila sa pagpalakpak ng pantig ng bawat salita. Isulat ang bilang ng pantig sa tabi ng salita sa pisara. Sabay-sabay na basahin ang bawat salita at sabihin kung ilang pantig ito.

Burahin ang pagkakasulat ng mga salita sa pisara. Tanungin ang mga bata: *Naaalala ninyo pa ba ang tatlong halimaw na nilista ko rito sa pisara kanina? Ano-ano nga ang mga ito?*



Sabihin: *Kung naaalala ninyo ang salita, maaalala ninyo rin ang mga pantig na bumubuo dito. Ano ang mga pantig sa salitang tikbalang? (tik-ba-lang) Ano ang mga pantig sa salitang manananggal? (ma-na-nang-gal) Ano ang mga pantig sa salitang bungisngis? (bu-ngis-ngis)*



Sabihin: *Kung naaalala ninyo ang mga pantig ng isang salita, maaari ninyong sabihin ang mga tunog na bumubuo sa bawat pantig, at ang letra na katapat ng mga tunog na iyon. Samakatuwid, kaya nating baybayin at sulatin ang salita—kabit pa may kababaan ito.*

Subukan nga natin. Ipakikita ko rito sa pocket chart. Babaybayin natin ang salitang tikbalang.

- *Una muna, tukuyin natin ang unang pantig sa salita: tik-.*
- *Pangalawa, paghinalayin natin ang mga tunog sa pantig na ito: /t/, /i/, /k/.*
- *Pangatlo, isipin natin ang mga katapat na letra ng mga tunog na nabanggit natin: ilalalagay ko dito sa pocket chart. Isulat ninyo naman sa inyong kuwaderno.*
 - *Ang letra ng tunog na /t/ ay ang letrang T.*
 - *Ang letra ng tunog na /i/ ay ang letrang I.*
 - *Ang letra ng tunog na /k/ ay ang letrang K.*

Nabaybay na natin ang unang pantig! Ipagpatuloy natin sa pangalawang pantig: -ba-. Ang mga tunog nito ay /b/ at /a/. Ang mga letrang katapat ng mga tunog na ito ay ang letrang B (ilagay sa pocket chart) at letrang A (ilagay sa pocket chart). Isulat rin ninyo sa inyong kuwaderno nang nakadikit sa unang pantig.

Ituloy na natin sa huling pantig: -lang. Ang mga tunog nito ay /l/, /a/ at /ng/. Ang mga letrang katapat ng mga tunog na ito ay ang letrang L (ilagay sa pocket chart), letrang A (ilagay sa pocket chart), at letrang NG (ilagay sa pocket chart). Sulatin din ninyo sa kuwaderno ninyo. Nabuo na ba ninyo ang salitang tikbalang?

Bigyan ng limang minuto ang mga mag-aaral para subukang baybayin ang mga salitang manananggal at bungisngis. Umikot sa klase upang pagmasdan ang gawain ng mga bata at upang tukuyin kung sino ang nangangailangan pa ng tulong sa pagbabaybay. Matapos ang limang minuto, ipasara na ang mga kuwaderno at tumuloy na sa susunod na gawain.

MGA SALITANG PAMALIT: TAYO, KAYO, SILA

3

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Ang unang pangkat ay magiging Pangkat Tikbalang; ang pangalawang pangkat ay magiging Pangkat Manananggal; at ang huli ay magiging Pangkat Bungisngis.

Pag-uusapan ng bawat pangkat kung paano nila ilalarawan ang sarili nila bilang naitakdang halimaw. Pag-uusapan din nila kung ano ang masasabi nila tungkol sa Pangkat Manananggal at Pangkat Bungisngis. Bigyan sila ng limang minuto para sa kanilang pag-uusap.

Isulat sa pisara ang tatlong salitang pamalit na pag-aaralan sa araw na ito: **tayo, kayo, sila**.

Itanong sa mga bata: *Kapag nag-uusap kayong magkakapangkat sa loob ng inyong grupo, alin sa mga salitang ito ang gagamitin ninyo? **Tayo, kayo, o sila?** (sagot: tayo)*



Sabihin: *Gamitin nga ninyo ang salitang tayo, Pangkat Manananggal. Halimbawa, tumingin sa inyong mga kapangkat at sabihin: **Tayo ay manananggal. Tayo ay may _____.***



Tulongan ang pangkat sa pagpapahayag na gamit ang salitang tayo.

Sabihin: *Kung ang isang pangkat ay kinakausap nang direkta ang isa pang pangkat, alin sa mga salitang ito ang dapat nilang gamitin? **Tayo, kayo, o sila?** (sagot: kayo)*



Sabihin: *Gamitin nga ninyo ang salitang kayo, Pangkat Tikbalang. Kunyari ay may kinakausap kayo sa Pangkat Bungisngis. Halimbawa, tumingin sa Pangkat Bungisngis at sabihin: **Kayo ay mga bungisngis. Kayo ay may _____.***



Tulongan ang pangkat sa pagpapahayag na gamit ang salitang kayo.

Sabihin: *Kung may kinakausap kayo—kapangkat man ninyo o mula sa ibang pangkat—at ang tinutukoy ninyo sa inyong sinasabi ay iba pang pangkat bukod sa pangkat na kausap ninyo, aling salita ang gagamitin? **Tayo, kayo, o sila?** (sagot: sila)*



Sabihin: *Gamitin nga ninyo ang salitang sila, Pangkat Bungisngis. Kunyari ay may kinakausap kayo sa Pangkat Manananggal tungkol sa Pangkat Tikbalang. Tumingin kayo sa Pangkat Manananggal, ituro ang Pangkat Tikbalang at sabihin: **Sila ay mga tikbalang. Sila ay may _____.***



Matapos ang gawaing ito, isulat ang sumusunod sa pisara at ipasipi sa mga mag-aaral:

- Tayo → sariling pangkat ang tinutukoy
- Kayo → kausap na pangkat ang tinutukoy
- Sila → ibang pangkat, hindi ang pangkat ng kausap, ang tinutukoy

TALAAN

4 PAGTATAPOS

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso upang malaman kung lubusan nang naiintindihan ng mga mag-aaral ang mga tinalakay na aralin ngayong araw. Sabihin ang sumusunod na pangungusap. Itataas ng mag-aaral ang kamay nila kung sa tingin nila ay nailalarawan ng pangungusap ang kasalukuyan nilang kakayanan.

- *Lubos ko nang naiintindihan kung paano magpantig ng mga salita, kabit pa mahababa.*
- *Lubos ko nang naiintindihan kung paano magbaybay at magsulat ng mga salita, kabit pa mahababa.*
- *Lubos ko nang naiintindihan kung kailan ginagamit ang salitang tayo.*
- *Lubos ko nang naiintindihan kung kailan ginagamit ang salitang kayo.*
- *Lubos ko nang naiintindihan kung kailan ginagamit ang salitang sila.*

Pansinin kung sino ang nagtataas ng kamay at sino ang hindi nagtataas ng kamay sa bawat pangungusap. Maglaan ng panahon upang tingnan ang mga kuwaderno o kausapin ang mga mag-aaral na hindi nagtaas ng kamay sa karamihan ng mga pangungusap.

ARAW

5

MGA LAYUNIN

- **FIPN-IIj-4** Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento
- **FIAL-IIj-5** Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan



KAGAMITAN

Lyrics ng awiting “Sitsiritsit” na nakasulat sa manila paper o pisara

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

Kantahin ang awiting “Sitsiritsit.”

Matapos kantahin ng isang beses, ipaliwanag sa mga bata ang ilang mga salita sa kanta, katulad ng **alibangbang**, **salaginto**, at **salagubang**. Maaaring sumangguni sa website na ito upang makita ang paliwanag tungkol sa kantang ito sa wikang Ingles: <http://tagaloglang.com/Basic-Tagalog/Song-Poem-Translation/sitsiritsit-alibangbang-translation.html>

Kantahin muli ang awit habang pumapalakpak sa tiyempo.

MULING PAGBASA NG KUWENTO

2

TALAAN

Ipakita sa mga bata ang pabalat ng libro. Tanungin sila kung ano ang pamagat ng libro. Tulungan sila sa pagtukoy ng may-akda at tagaguhit: si Jomike Tejido. Tanungin sila kung ano ang pangalan ng batang nasa larawan.

Basahing muli ang kuwento nang may damdamin at may pagpansin sa mga tugma. Tumigil paminsan-minsan upang matukoy ng mga bata ang a) pangalan ng halimaw na nasa larawan; b) ang ginagawa ni Sophia sa larawan; at c) ang mga salita sa pahina na magkatugma. Halimbawa:

- Sa **p. 10**, imbes na tuloy-tuloy na basahin ang unang linya, maaaring sabihin: *“Kapag may kumatok na...ano nga itong halimaw dito sa larawan?”* (sagot: tikbalang)
- Sa **p. 12**, tanungin matapos basahin: *“Ano ngang salita dito ang katugma ng salitang tiyanak?”* (sagot: umiyak)
- Sa **p. 15**, tanungin: **“Ano ang inaabot ni Sophia sa kapre dito sa larawang ito?”** (sagot: kendi)

Pagkatapos basahin ang kuwento, hayaang mag-usap ang magkatabi tungkol sa ibibigay ninyong mga tanong. Gamitin ang alinman sa sumusunod upang maiugnay ng mga bata ang kanilang sariling karanasan sa narinig na kuwento:

- *Malakas din ba ang inyong imahinasyon katulad ni Sophia? Ano-ano ang naiisip ninyo kapag madilim o kapag mag-isa kayo?*
- *May lolo o ibang kamag-anak din ba kayo na nakatulong sa inyo upang mawala ang inyong takot? Sino ang kamag-anak na ito? Paano niya kayo natulungan?*
- *Ano ang puwede ninyong isipin tungkol sa kinatatakutan ninyo upang hindi na kayo masyadong matakot sa bagay na ito?*

Tumawag ng isang pares ng bata upang magbahagi ng kanilang pinag-usapan sa buong klase.

PAGTATAYA

3

a. Pangkatang Pagtataya

Magsagawa ng gawaing pagtataya ukol sa mga mahahalagang pinag-aralan sa linggong ito. Tanungin sa mga bata ang sumusunod, at sasagutin ito ng bata nang palahad.

- **Ipaliwanag sa sariling pananalita, gamitin sa isang pangungusap, o ipakita sa galaw ang salitang (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa grupo): halimaw, magulantang, sumpa, kapre, tikbalang, manananggal)**



KAGAMITAN

Aklat: *Ma Me Mi MuMu!*

TALAAN

- **Sabihin kung aling salita ang dapat gamitin: tayo, kayo o sila.**
 - ___ ang mananalo kasi pinakamataas na ang puntos natin.
 - ___ ang naatasang gumawa ng kanta; ang pangkat ninyo at pangkat namin ay hindi nabigyan ng gawain.
 - Handa ba ___ na tumulong sa pangkat namin kung hilingin namin sa inyo?
 - Dapat ___ magpursigi kung gusto nating makuha ang premyo.
 - Mukhang pagod na ___; halika, tulungan natin.
- **(Maaaring ipagamit sa bata ang pocket chart, chalk at pisara, o kuwaderno. Pumili lamang ng isa para sa bawat bata sa grupo) Anong bagong salita ang mabubuo kapag:**
 - palitan ng letrang H ang unang letrang T sa salitang takot
 - palitan ng letrang I ang parehong letrang A sa salitang papa
 - palitan ng letrang A ang parehong letrang E sa salitang nene
 - palitang ng letrang M ang letrang P sa salitang pana
 - palitan ng letrang T ang letrang L sa salitang layo
 - palitan ng letrang S ang letrang L sa salitang lila
- **Alin sa mga salitang ito ang hindi tugma sa iba? (pipili ng isa ang guro para sa bawat bata sa grupo):**
 - magalang-tikbalang-halimaw
 - unggoy-amoy-bulaklak
 - tiyanak-mangga-umiyak
 - lolo-polo-tiktik
 - bungisngis-sapatos-umalis

Dahil hindi pa lubusang nakababasa o nakapagsusulat ang mga bata, mas mainam kung gagawin ang pagtatasa sa maliliit na pangkat ng 5-10 bata. Habang kinakausap ng guro ang isang grupo, gumuguhit naman sa kanilang kuwaderno ang ibang mga bata.

(Gawain 3b)

Habang ginagawa ang pagtataya, mabuting ilista ng guro sa kaniyang kuwaderno ang napapansin niyang kalakasan o kahinaan ng bawat batang kaniyang tinanong. Halimbawa, maaaring madiskubre ng guro na ang isang mag-aaral ay mahusay na sa talasalitaan, ngunit hindi pa sa pagbubuo ng bagong salita.

Suriin din ang pagguhit at pagsulat ng mga bata sa kanilang kuwaderno at alamin kung sino pa ang nangangailangan ng dagdag na gabay o tulong.

b. Gawain para sa Mga Batang Naghihintay

Magpaguhit sa mga bata ng larawan na nagpapakita ng paborito nilang tagpo o eksena mula sa aklat na *Ma Me Mi MuMu!*

Hikayatin silang magsulat ng ilang salita tungkol sa kanilang ginuhit.

TALAN**PAGTATAPOS****4**

Ibigay ang sumusunod na takdang-aralin: Subukang mag-isip at mag-imbento ng sariling kuwento tungkol sa isang halimaw. Ikuwento ito sa inyong kapamilya. Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng mga eksena sa kuwentong inimbento ninyo.